

Liahona

A photograph of two young women with dark skin and braided hair, smiling warmly as they look at a laptop screen. They are sitting at a table in a bright, indoor setting, possibly a home or a community center. The woman in the foreground is wearing a light-colored, textured sweater, and the woman behind her is wearing a white top. The background shows a window with wooden frames and light-colored curtains.

**Ang Pagkakaisa
sa Gawain ng
Kaligtasan, p. 14**

**Ang Natutuhan Ko mula sa
Matinding Kalungkutan, p. 26**

3 Pagpapala ng Kadisentehan, p. 36

**5 Paraan ng mga Kabataan sa
Paggawa ng Family History, p. 58**



"Isang mabait na babae sinong makakasumpong? Sapagka't ang kaniyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi."

Mga Kawikaan 31:10



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Pananalangin nang May Pananampalataya**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Tinapay ng Kabuhayan**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 14 Paggawa ng Gawaing Misyonero, Family History, at Gawain sa Templo**
Ni Elder David A. Bednar
Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagsasaliksik tungkol sa pumanaw nating mga ninuno ay magkaugnay.

- 20 Tahanan: Ang Sentro ng Pagkatuto**
Ang mga aral na natutuhan sa tahanan ay nananatili sa atin habambuhay at magpasawalang-hanggan.

- 26 Sa Ibabaw ng mga Tubig**
Ni Jon Warner
Kahit pakiramdam ko ay inilulubog ako ng mga alon ng kalungkutan at pagkabalisa, dahil sa Diyos nananatili akong nakalutang at sumusulong tungo sa aking lupang pangako.

- 28 Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Pagbabalik-loob at Pagbabago sa Chile**
Ni Néstor Curbelo
Ngayon, halos 1 sa bawat 30 Chilean ay miyembro ng Simbahan.

- 36 Lakas-ng-Loob na Piliing Maging Disente**
Ni Carol F. McConkie
Ano ang mga doktrina at pagpapala ng kadisientehan?

MGA BAHAGI

- 8 Paglilingkod sa Simbahan: Salamat, Brother Jay**
Ni Kristine Purcell
- 9 Mga Propeta sa Lumang Tipan: Jeremias**
- 10 Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Ang Jadeite Cabbage**
Ni Ellen C. Jensen
- 12 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang Puso ni Lizochka**
Ni Marina Petrova
- 40 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Panlilinlang**
Ni Elder M. Russell Ballard
Gumagamit si Satanas ng artipisyal na mga patibong—na halos parang mangingisdang nagpapaipain ng artipisyal na pain—para hulihin tayo.

SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson. Panloob na pabalat sa harap: Paglalarawan ni Matthew Reier.



44

44 Paninindigan sa Ating Pinaniniwalaan

48 Ebanghelyo sa Aking Buhay: Ang Aking Magkakaugnay na Patotoo

Ni Ivy Noche

Dahil wala akong patotoo sa Aklat ni Mormon pinagdudahan ko ang paniniwala ko sa Simbahan.



Tingnan kung makikita ninyo ang nakata-gong Liahona sa isyung ito. Hint: Kailan magandang maglingkod?



58

50 Kalayaang Pumili o Moral na Kalayaan sa Pagpili?

Ni Michael R. Morris

Ginawang hindi karapat-dapat ng kaibigan ko ang kanyang sarili na maglingkod sa misyon. Malaya ba akong piliing magmisyon?

52 Mga Tanong at mga Sagot

Sinisikap kong huwag mag-isip ng masama, pero napakaraming tukso. Paano ako magkakaroon ng mas malinis na isipan?

54 Paano Magtanong ng mga Bagay na Mahalaga

Ni David A. Edwards

57 Paano Matatamo ang Lakas at Tagumpay

Ni Elder Jeffrey R. Holland

Maaari tayong maligtas, magtagumpay, at lumigaya sa pagsunod kay Jesucristo.

58 Family History—Ginagawa Ko Ito

Ang mga kabataang ito ay nagkaroon ng ilang di-inaasahang pagpapala sa paggawa ng family history.

61 Poster: Tuklasin Sila, Tuklasin ang Sarili Mo

62 Oposisyon sa Aking Misyon

Ni Alcenir de Souza

64 Alamin Pa Kung Ano ang Maaasahan Ninyo sa Misyon

Ni Cathrine Apelseith-Aanenseny

Iba ang buhay ng full-time missionary. Ang mga kabataan sa Oslo, Norway, ay gumugol ng isang araw sa paghahanda para sa pagbabago.



78

66 Naglilingkod Ngayon para Maglingkod Kalaunan

Ni Miche Barbosa

Bakit nagpasiya si Mórmon na tumulong sa paglilinis ng simbahan sa halip na makipaglaro ng futebol sa kanyang mga kaibigan?

68 Naghahanda si Mathilde para sa Young Women

Ni Jenn Wilks

70 Musika: Oras na Natin

Nina Jan Pinborough at Janice Kapp Perry

71 Natatanging Saksi: Paano ako makatutulong sa gawain sa family history?

Ni Elder Quentin L. Cook

72 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ay Nanggaling sa Diyos para Tulungan ang Aking Pamilya

Nina Erin Sanderson at Jean Bingham

74 Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Bárbara na Mula sa Chile

Ni Amie Jane Leavitt

76 Ang Ating Pahina

77 Tumingala

Ni Elder Adrián Ochoa

Naabutan kami ng malakas na ulan, at nagtakbuhan palayo ang mga kabayo namin.

78 Para sa Maliliit na Bata: Isang Team ng Pamilya

Ni Sheralee Hardy

OKTUBRE 2014 TOMO 17 BLG. 10

LIAHONA 10990 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Lisa C. López

Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirik, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay “kompas” o “panuro ng direksyon”) ay inilathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

October 2014 Vol. 17 No. 10. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMIM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.



“Family History—Ginagawa Ko Ito,”

pahina 58: Pangunahan ang isang aktibidad sa pagsusulat sa journal! Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na magtala ng anumang bagay tungkol sa buhay nila— isang alaala ng nagdaang mga taon o isang bagay na nangyari sa kanila sa araw na iyon. Tulungan ang inyong pamilya na maunawaan na maraming paraan ng pagsulat sa journal. Maaari nilang isulat, i-type, o idrowing ang kanilang journal entry, o maaari pa nilang irekord mismo ang kuwento sa isang voice recorder. Hikayatin ang inyong pamilya na patuloy na magsulat nang madalas sa kanilang journal.

“Alamin Pa Kung Ano ang Maaasahan

Ninyo sa Misyon,” pahina 64: Isiping magdaos ng aktibidad sa paghahanda para sa misyon tulad ng ginawa ng isang ward sa Norway. Maaari ninyong ituro ang mga bagay na itinuro nila—tulad ng paano sisimulang makipag-usap tungkol sa ebanghelyo o paano magplantsa ng puting polo—o maaari kayong magpokus sa iba pang mga kasanayan na inaakala ninyong mapapakinabangan ng mga miyembro ng inyong pamilya sa misyon.

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 48

Biyaya, 10

Chile, 28, 74

Depresyon, kalungkutan, 26, 42

Family history, 14, 58, 71

Gawaing misyonero, 14,

20, 28, 62, 64

Gawain ng kaligtasan,

14, 20, 54, 58, 62, 64

Gawain sa templo, 14, 58

Jeremias, 9

Jesucristo, 7, 57

Kadisentehan, 36

Kahinaan, 10

Kalayaan, 50

Kasaysayan ng

Simbahan, 28

Pag-aayuno, 4

Pagbabayad-sala, 10, 80

Pagdaig sa tukso, 43, 44,

52, 80

Paglilingkod, 8, 66

Pagmamahal, pag-ibig, 8, 41

Pagsubok, mga, 12, 26, 62

Pagtuturo, 20, 36, 54

Pamilya, 12, 20, 61, 72, 78

Panalangin, 4, 40

Pananampalataya, 4, 26

Patotoo, 48

Tungkulin, mga, 8

Young Women, 68



**Ni Pangulong
Henry B. Eyring**

Unang Tagapayo sa
Unang Panguluhan

ANG PANANALANGIN NANG MAY PANANAMPALATAYA

Ang panalangin ay hindi lamang mga salitang sinasambit natin sa Diyos. Ito ay pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak.

Kapag taimtim ang panalangin tulad ng nararapat, nasasabi natin ang niloloob ng ating puso sa simpleng mga salita. Karaniwan ay sumasagot ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng paglalagay ng mga ideya sa ating isipan at ipinadarama rin ito sa ating puso. Lagi Niyang dinirinig ang taimtim nating panalangin kapag nagdarasal tayo na may tapat na pangakong susundin Siya, anuman at kailan man dumating ang Kanyang sagot.

Ito ang ipinangako ng Panginoon sa lahat ng nagbabasa at nagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon:

“At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

“At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay” (Moroni 10:4–5).

Ang pangakong iyan ay tiyak na matutupad. Nasubukan at napatunayan na ng milyun-milyong tao ang napa-kagandang pangakong iyan tungkol sa panalangin nang

makatanggap sila ng pagpapala na pumuspos sa kanilang buhay ng kagalakan at walang-hanggang kaligayahan. Ang pangakong iyan ay para sa lahat ng dasal natin upang malaman ang kaisipan at kalooban ng Diyos para sa atin. Maaari tayong magdasal sa tuwing pinapayuhan tayo ng lingkod ng Diyos na may awtoridad na magbigay sa atin ng patnubay. Halimbawa, maaasahan natin ito kapag nakinig tayo sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Angkop din ito kapag tinuturuan tayo ng mababait na missionary na tinawag ng Diyos sa pamamagitan ng buhay na propeta. Akma din ito sa payo sa atin ng ating bishop o branch president.

Upang makatulong ang panalangin sa ating buhay, simple lang ang mga tuntunin. Dapat tayong magtanong kung ano ang totoo sa pamamagitan ng pagdarasal sa Ama sa pangalan ni Jesucristo. Dapat tayong magtanong nang may matapat na puso, ibig sabihin dapat ay may tunay tayong layunin na gawin ang anumang isasagot ng Diyos sa atin. At ang ating tunay na layunin ay kailangang magmula sa ating pananampalataya kay Jesucristo.

Ang investigator na nagbabasa ng Aklat ni Mormon bago mabinyagan at makumpirma ay maaaring tumanggap kapwa ng katiyakan na ang aklat ay totoo at ng patunay na isinalin ito ni Joseph Smith sa kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos makumpirmang miyembro ng Simbahan, maaari nating makasama ang Espiritu Santo para pagtibayin ang iba pang mga katotohanan. Pagkatapos, kapag



mga Lamanita nang may kapangyarihan, awtoridad, at pagmamahal (tingnan sa Alma 17:3, 9).

Sa Linggo ng ayuno pinagsasabay natin ang panalangin at pag-aayuno. Para mabiyayaan ang mga maralita, nagbibigay tayo ng malaking handog-ayuno sa bishop o branch president na katumbas man lang ng halaga ng dalawang kainan na hindi natin kinain. Ang ating mga pag-iisip at panalangin ay nakatuon sa Tagapagligtas at sa mga taong gusto Niyang paglingkuran natin sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang espirituwal at temporal na mga pangangailangan.

Ang ating mga panalangin at hangarin kung gayon ay nagiging mas katulad ng mga panalangin at hangarin ng Tagapagligtas kapag nag-ayuno tayo para maging mas maamo, madaaling turuan, at mapagmahal. At tulad Niya, ipinagdarasal nating malaman ang kalooban ng Ama para sa atin at gawin ito. ■

PAGTUTURO MULA SA MENSANG ITO

Itinuro ni Pangulong Eyring na ang panalangin at pag-aayuno ay makatutulong sa atin na “malaman ang walang-hanggang katotohanan.” Isipin kung aling aspeto sa patotoo ng mga binibisita ninyo ang kailangang palakasin at maghanda ng isang aralin tungkol sa paksang iyon. Halimbawa, kung ang isang taong binibisita ninyo ay nawalan ng malapit na kaibigan o miyembro ng pamilya, isipin talakayin ang tungkol sa mga walang-hanggang pamilya at ang kabilang-buhay. Maaari ninyong sabihin na sasabayan ninyong mag-ayuno ang mga binibisita ninyo para tulungan silang magkaroon ng patotoo sa alituntuning iyon.

nanalangin tayo nang may pananampalataya, maaasahan natin na patotoohan sa atin ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, na ang Diyos Ama ay buhay, at na mahal nila tayo at ang lahat ng anak ng Ama sa Langit.


Iyan ang isang dahilan kaya may pangako sa Aklat ni Mormon na magkakaroon tayo ng pag-ibig sa ating puso para sa ating kapwa kapag pinatotohanan sa atin ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo: “Kung ang isang tao ay maamo at may

mapagpakumbabang puso, at kinikilala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, kailangang magkaroon siya ng pag-ibig sa kapwa-tao” (Moroni 7:44).

May malaking pagkakataon na maging mas espirituwal tuwing Linggo ng ayuno. Matutulungan tayo ng Linggo ng ayuno na maranasan ang naranasan ni Alma at ng mga anak ni Mosias, na nanalangin at nag-ayuno para malaman ang walang-hanggang katotohanan upang maturuan nila ang

Maghanda Bago Kayo Manalangin

Pinapaalala sa atin ni Pangulong Eyring na ang panalangin “ay pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga anak.” Kapag nag-ukol tayo ng panahon upang paghandaan ang ating pagdarasal magiging posible ang pag-uusap na iyon. Magagamit mo ang iyong journal para mag-ukol ng ilang minuto sa paghahandang manalangin bawat araw. Maaari kang gumawa ng listahan ng mga pagpapalang nais mong ipagpasalamat sa Ama sa Langit, mga taong kailangan mong ipagdasal, at mga tanong mo na kailangang masagot. Pagkatapos ay anyayahan ang Espiritu sa pamamagitan



ng pagkanta ng isang himno o pagbabasa ng ilang talata sa banal na kasulatan. Habang nagdarasal ka, pakiramdaman kung paano ka ginagabayan ng Espiritu Santo sa dapat mong sabihin, at pagtuunan ng pansin ang iyong nadarama at iniisip (tingnan sa D at T 8:2–3). Isiping isulat sa iyong journal ang iyong mga karanasan at repasuhin ang mga sagot na iyong natanggap. Magagamit din ninyo ang mga aktibidad sa mga pahina 95–97 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* na tutulong sa inyo na masuri ang inyong mga panalangin at matutuhang makilala ang Espiritu Santo.

MGA BATA

Prayer Sandwich

Paano mo malalaman kung ano ang iyong sasabihin kapag nagdarasal ka? Maaari mong simulan ang iyong mga panalangin sa pagsambit ng, “Mahal na Ama sa Langit,” at tapusin ito sa pagsambit ng, “Sa pangalan ni Jesucristo, amen.” Ikaw ang magpapasiya kung ano sasabihin mo, na para kang pupipili ng ipapalaman sa sandwich.

Piliin ang gusto mong ipalaman sa sandwich mo. Isulat sa tabi nito ang mga bagay na gusto mong ipagdasal. Maaari kang magsabi ng “salamat” sa mga biyaya, magbanggit ng mga problema mo, humiling ng mga pagpapala, o magdasal tungkol sa mga katanungan mo.

Maaari mong gupitin ang sandwich na ito o gumawa ka ng iba. Isabit ito sa inyong tahanan para matulungan kang tandaan ang mga bagay na ipagdarasal mo.

Mahal na Ama sa Langit

Sa pangalan ni Jesucristo, amen

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang iba-bahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Tinapay ng Kabuhayan

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.

Sinabi ni Jesus, “Ako ang tinapay sa buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya’y mabubuhay magpakailan man” (Juan 6:51). “Itinuro ni Jesus sa atin, na Kanyang mga disipulo, na dapat tayong umasa sa Diyos bawat araw para sa ating kakinin—sa tulong at ikabubuhay—na kailangan natin sa araw na iyon,” sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Ang paanyaya ng Panginoon . . . ay nagpapakita ng isang mapagmahal na Diyos, na nakakaalam maging sa kaliit-liitang pangangailangan ng Kanyang mga anak sa araw-araw at nasasabik na isa-isa silang tulungan. Sinabi Niya na makahihingi tayo nang may pananampalataya sa Katauhang iyon ‘na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya’ (Santiago 1:5).”¹



Kapag naunawaan natin na ibibigay ni Jesucristo ang ating mga pangangailangan, babaling tayo sa Kanya para sa ating espirituwal na ikabubuhay.

Inaanyayahan tayo ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol “na makiisa sa pambihirang karanasan ng mga pina-kaunang disipulo ni Cristo na nagnais din ng tinapay ng kabuhayan—mga taong *hindi* nangagsiuwi kundi lumapit sa Kanya, nanatili sa Kanyang piling, at naunawaan na wala na silang ibang malalapitan para maligtas at matubos.”²

Karagdang mga Banal na Kasulatan

Juan 6:32–35; Alma 5:34; 3 Nephi 20:3–8

MGA TALA

1. D. Todd Christofferson, “Pagkilala sa Tulong ng Diyos sa Ating mga Pagpapala sa Araw-araw,” *Liahona*, Ene. 2012, 25.
2. Jeffrey R. Holland, “He Hath Filled the Hungry with Good Things,” *Liahona*, Ene. 1998, 76.

Isipin Ito

Kapag lumalapit tayo kay Cristo, paano Niya tayo pinangangalagaan?



Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa mga Banal na Kasulatan

Tinuturuan ni Jesucristo ang isang grupo ng mahigit 4,000 katao. Pagkaraan ng tatlong araw, sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo: “Nahahabag ako sa karamihan, sapagka’t . . . sila’y . . . walang mangakain:

“At kung sila’y pauwiin kong nangagugutom sa kanilang mga tahanan, ay magsisipanglupaypay sila sa daan. . . .

“At nagsisagot sa kaniya ang kaniyang mga alagad, Paanong mabubusog ninoman ang mga taong ito ng tinapay dito sa isang ilang na dako?

“At tinanong sila [ni Jesus], Ilang tinapay mayroon kayo? At sinabi nila, Pito.”

Pagkatapos ay “kinuha [ni Cristo] ang pitong tinapay, at pagkapagpasalamat, ay pinagputolputol niya, at ibinigay sa kaniyang mga alagad, upang ihain sa kanila; . . .

“At mayroon silang ilang maliit na isda: at nang [mabasbasan] ang mga ito, ay ipinagutos niya na ihain din naman ang mga ito sa kanila.

“At sila’y nagsikain, at nanga-busog: at kanilang pinulot ang lumabis sa mga pinagputolputol, na pitong bakol na puno.” (Tingnan sa Marcos 8:1–9.)

SALAMAT, BROTHER JAY

Ni Kristine Purcell

Lubos akong nagpapasalamat para sa kasiglahan, katapatan, kahandaan, at pagmamahal ng napakaraming masigasig na lingkod sa buong Simbahan.



“Linggo na bukas,” sabi ko sa aking limang-taong-gulang na anak na babae habang nakakalong siya sa akin. Siya ay napangiti.

“Ay, masaya po ‘yan,” sabi niya. “Makikita ko po si Brother Jay.”

Napuspos ng pasasalamat ang puso ko. Lubos ang pasasalamat ko sa mapagmahal at mapagmalasakit na guro sa Primary na tumulong sa amin na maging komportable kami sa nilipatang bagong ward. Nahirapan ang aming buong pamilya, lalo na ang aming preschooler na si Season, sa pag-alis sa aming tahanan sa US Midwest at paglipat sa lugar na 1,350 milya (2,173 km) ang layo. Sadyang mahiyain, takot siya sa mga bagong sitwasyon at nag-alala siya sa pagsisimba noong unang linggo namin sa bagong ward.

Pinaghalo ni Brother Jay, na isang magiliw at tapat na lalaki, ang tamang pagbibiro at pagmamahal para makuha ang tiwala ni Season. Sa unang Linggong iyon yumuko siya, hinawakan niya ang kamay nito, tinitigan niya ito sa mga mata, at sinabing, “Halika, iha. Magiging masaya ka sa klase natin.”

Sa paglipas ng mga linggo, inasam ni Season ang pagsapit ng araw ng Linggo kaysa sa ibang araw ng linggo. Pagdating namin sa simbahan, hinahanap niya sa kongregasyon ang

kanyang guro. Binabati niya kami nang nakangiti.

Sa bawat taon binibigyan ni Brother Jay ng mga munting regalo ang bawat estudyante sa tuwing may okasyon at kaarawan. Nang malapit na ang kaarawan ni Season, ang pinakaimportanteng bisitang nais niyang anyayahan sa party niya ay si Brother Jay.

Naisip kaya niya kung gaano kalaki ang impluwensya niya sa buhay ng aming munting anak? Alam kaya niya kung gaano nakaimpluwensya ang kanyang mga salita at kilos sa paniniwala ng mga batang limang-taong-gulang na estudyante niya sa Primary? Alam kaya niya kung gaano kahalaga sa akin, bilang ina, na naging bahagi siya ng buhay ng aking anak?

Kalaunan, nalipat na si Season sa klase ni Brother Edward, at nagpatuloy ang magandang karanasan niya sa Primary. Lubos akong nagpapasalamat sa lahat ng tapat, handa, at mapagpakumbabang kalalakihan at kababaihan na naging magandang espirituwal na impluwensya sa buhay ni Season.

Napagpala ang aming buong pamilya dahil sa matatapat na tao na naglingkod sa amin sa pagtahak namin sa landas tungo sa espirituwal na pag-unlad. Naaalala ko ang isang kahanga-hangang Scoutmaster, isang mapagpasensyang priests quorum

adviser, isang matiyagang Seminary teacher, isang pambihirang Young Women presidency, at isang mapagmalasakit na bishop.

Alam kong hindi lang kami ng pamilya ko ang napagpala. Maraming katulad ni “Brother Jay,” sapagkat maraming matatapat na kalalakihan at kababaihan na ang paglilingkod ay nakaimpluwensya sa buhay ng mga pamilyang kagaya namin. Lubos kaming nagpapasalamat para sa kanilang kasiglahan, katapatan, kahandaan, at pagmamahal.

Salamat sa napakaraming masisigasig na lingkod sa buong Simbahan na tumulong sa aming pamilya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Nevada, USA.



SIKAPING BAGUHIN ANG MGA BUHAY

“Nawa’y pagtutunan natin ang mga simpleng paraan ng paglilingkod sa kaharian ng Diyos, na laging nagpupunyaging baguhin ang mga buhay, pati na ang buhay natin.”

Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, “O Maging Marunong,” *Liahona*, Nob. 2006, 20.

JEREMIAS

“Nabuhay si Jeremias sa panahon at lugar na puno ng hirap, ngunit tinulutan siya ng Panginoon na makinita ‘ang isang panahon ng pag-asa sa pagtitipon ng Israel sa mga huling araw.’”¹

—Linda K. Burton, *Relief Society general president*

Ako ang anak ni Hilcias, isang saserdote sa Anathoth, malapit sa Jerusalem. Noong kabataan ko, “ang salita nga ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi,

“Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita; at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa.”

Nadama kong hindi ako handa para sa tungkuling ito, at sumagot ako, “Narito, hindi ako marunong magsalita: sapagka’t ako’y bata.”

Sinabi ng Panginoon, “Huwag mong sabihin, Ako’y bata: sapagka’t saan man kita susuguin ay paroroon ka, at anomang iutos ko sa iyo ay sasalitain mo.

“Huwag kang matakot dahil sa kanila; sapagka’t ako’y sumasaiyo upang iligtas ka.” Pagkatapos ay “hinipo [ng Panginoon] ang aking bibig” at ibinigay ang sasabihin ko.²

Nagpropesiya ako sa Jerusalem sa loob ng 40 taon, mula 626 hanggang 586 b.c., sa panahon ng paghahari nina Josias, Joacim, at Sedecias.³ Kapanahon ko ang propetang si Lehi sa Aklat ni Mormon. Kapwa namin tinuligsa ang kasamaan ng mga tao sa Jerusalem

at ipinropesiya ang pagkalipol ng dakilang lungsod na iyon.⁴

Inutusan ako ng Panginoon na itala ko ang aking mga propesiya sa “isang balumbon [na aklat].”⁵ Nang marinig ni Haring Joacim ang mga propesiya, sinunog niya ang balumbon. Inutusan ako ng Panginoon na muling isulat ang mga propesiya at dagdagan pa ito ng marami.⁶

Nakaranas ako ng patuloy na oposisyon nang ipangaral ko ang salita ng Panginoon. Sinaktan ako ni Pashur, ang anak ng punong gobernador, at inilagay ako sa pangawan. Nais akong patayin ng mga mandurumog dahil sa

pangangaral ko. Ako ay isang propetang kinamuhian, na madalas itapon sa mga bartolina at bilangguan. Nabuhay ako sa panahon na talagang labis ang kasamaan.⁷

Ngunit sa kabila ng pamumuhay sa gitna ng kapighatian, tinulutan ng Panginoon na makinita ko na titipunin ang mga Israelita sa huling araw, na isusulat ng Panginoon ang Kanyang batas “sa kanilang mga puso,” at dadalhin Niya ang “isa sa isang bayan, at dalawa sa isang angkan” sa Sion.⁸

Nang patuloy kong ipangaral ang salita ng Panginoon—kahit mahirap—nalaman ko na ang katanapatang sa ebanghelyo ay humahantong sa kapayapaan. Kapag nagkaroon tayo ng personal na pakikipag-ugnayan sa Panginoon, mararanasan nating lahat ang pag-asa sa gitna ng mga pagsubok at kapighatian. ■

MGA TALA

1. Linda K. Burton, “Nakasulat Ba sa Ating Puso ang Pananampalataya sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?” *Liahona*, Nob. 2012, 111.
2. Tingnan sa Jeremias 1:1–9.
3. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Jeremias”, scriptures.lds.org.
4. Tingnan sa Jeremias 6; 1 Nephi 1:13, 18–20.
5. Jeremias 36:2.
6. Tingnan sa Jeremias 36:23–32.
7. Tingnan sa Jeremias 20:2; 26:8; 38:6.
8. Jeremias 31:33; 3:14.



ANG JADEITE CABBAGE

Ni Ellen C. Jensen

Sa misyon ko sa Taiwan, gumugol kaming magkompanyon ng kaunting oras sa isang mission preparation day namin sa National Palace Museum sa Taipei. Ang pinakadinadayo roon ay isang obrang tinatawag na Jadeite Cabbage. Napakaraming taong humahanga rito, ngunit ang tanging nakikita ko ay isang Chinese cabbage o pechay na inukit sa jade. Maganda iyon, walang alinlangan, pero may bagay siguro akong hindi napapansin dito.

Nang matapos kami sa museo, tinanong ko ang kompanyon ko, “Ano ang masasabi mo sa Jadeite Cabbage?”

“Gustung-gusto ko ang obrang iyon!”

“Bakit?” tanong ko. “Pechay lang iyon.”

“Nagbibiro ka ba? Ang Jadeite Cabbage ay isang talinghaga para sa buhay ko!” bulalas niya.

“Ang pechay?”

“Oo! Hindi mo ba alam ang kuwento?”

“Parang ganoon na nga.”

Ikinuwento niya iyon sa akin. At tama siya. Naging talinghaga iyon para sa misyon at buhay ko.

Para magkaroon ng malaking halaga ang isang lilok sa jade, kailangang may isang solidong kulay ang jade. Maibebenta sa malaking halaga ang mga lilok sa perpektong jade dahil halos imposibleng makakita ng

perpektong jade. Ang Jadeite Cabbage ay berde sa isang dulo at puti sa kabilang dulo, at may mga bitak at pakurba-kurba ang hugis nito. Walang mahusay na manlililok na magsasayang ng oras sa gayong uri ng jade, hanggang sa dumating ang isang tao na tinatawag ng mga Chinese na dalubhasang manlililok.

Kung makapagsasalita lang ang jade na ito, mawawari ko ang pakikipag-usap nito sa bagong manlililok na ito. Nakikinita ko ang pagdampot ng manlililok sa jade na ito.

“Ano ang gusto mo?” itatanong ng jade.

“Naghahanap ako ng jade na malililok,” sasabihin ng manlililok.

“Kung gayo’y humanap ka ng ibang jade. Wala akong halaga. Magkahalo ang dalawang magkaibang

kulay ko na hindi mo mapaghihiwalay kailanman. May mga bitak ako at pakurba-kurba ang hugis ko. Hindi ako magkakaroon ng halaga kailanman. Huwag mong sayangin ang panahon mo.”

“Ah, hangal ka, jade. Magtiwala ka sa akin. Dalubhasa akong manlililok. Gagawin kitang obra maestra.”

Kamangha-mangha ang Jadeite Cabbage na ito dahil ginamit ng di-kilalang dalubhasang manlililok na ito ang mga kahinaan ng jade—ang dalawang kulay, mga bitak, at pakurba-kurbadang hugis—para mas magmukhang totoong Chinese cabbage o pechay. Ang puting bahagi ay naging tangkay ng pechay, at ang mga bitak at pakurba-kurbang hugis ay naging parang totoong mga dahon. Kung hindi sa “mga kahinaan” ng



ANG PANGINOON AY TUMITINGIN SA PUSO

“Sa ating mundo, kadalasan ay tila mas mahalaga pa ang kagandahan o panghalina kaysa kalinisan ng pagkatao. Ngunit noong araw ipinayo ng Panginoon kay Samuel na propeta: ‘Hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao: sapagka’t ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni’t ang Panginoon ay tumitingin sa puso’ (I Samuel 16:7).”

Pangulong Thomas S. Monson, “Mga Kanaryong May Kulay-Abo sa mga Pakpak,” *Liahona*, Hunyo 2010, 4.



jade na ito, hindi ito magmumukhang totoong-totoo.

Dahil sa kagandahan ng obrang ito, iniregalo ito sa isa sa mga maharlika sa China at ginawang palamuti sa mga bulwagan ng magagandang palasyo sa Asia hanggang sa mapunta ito sa museo sa Taiwan.

Ipinapaalala nito sa akin ang nakasaad sa Eter 12:27: “Kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. . . . Ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila.”

Nang makita ko ang Jadeite Cabbage, nagkaroon ng bagong kahalugan ang talatang ito. Lahat tayo ay katulad ng pirasong ito ng jade, kaya lang ay nilililok pa rin tayo. Kailangan nating magtiwala sa dalubhasang manlililok, si Jesucristo, na gagawing kalakasan ang ating mga kahinaan. Tayo, dahil hindi perpekto ang ating pag-unawa, ay nakatuon kung minsan sa ating mga kahinaan at nawawalan tayo ng pag-asa dahil iniisip natin na hindi tayo magiging karapat-dapat kailanman. Ngunit nakikita ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang maaari nating maabot. Kapag tinulutan nating makaimpluwensya ang Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay, gagawin Niya tayong mga obra-maestra na mamumuhay balang-araw kapiling ang Hari ng mga hari. ■
Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAANO KO MATITINGNAN ANG AKING SARILI TULAD NG PAGTINGIN SA AKIN NG PANGINOON?

Isang hamon ang tingnan ang ating sarili tulad ng pagtingin sa atin ng Panginoon. Tinitingnan Niya tayo bilang mga anak ng Diyos na may dakilang potensyal at may malaking kahalagahan. Ngunit kung minsan ay nakatuon tayo sa ating mga kahinaan. Hindi tayo nilikha ng ating Ama sa Langit para magtuon sa ating mga kahinaan kundi para maging magagandang obra-maestra. Sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala, madaraig natin ang ating mga kahinaan.

Isiping basahin ang sumusunod na mga talata para malaman kung paano ginagamit ng Panginoon ang mga taong hindi perpekto sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain: Exodo 4:10–12; Jeremias 1:4–10; 1 Nephi 4:1–6; Alma 26:12; Doktrina at mga Tipan 35:17–18.

ANG PUSO NI LIZOCHKA

Ni Marina Petrova

Kaming mag-asawa ay sumapi sa Simbahan sa Russia noong 1995 at nabuklod nang sumunod na taon sa Stockholm Sweden Temple. Nabuklod din sa amin ang dalawang bata pang anak naming babae. Pagkaraan ng dalawang taon nabiyayaan kami ng isa pang anak na babae, si Lizochka. Maganda ang takbo ng buhay namin. Lahat kami ay masaya. Ngunit dalawang araw matapos siyang isilang, nahirapan nang kumain ang aming munting anak. Sa loob ng isang buwan dalawang-katlo lang ng isang libra (300 g) ang nadagdag sa timbang niya.

Sinabihan kami ng mga tauhan sa children's medical center na pasusuhin siya nang mas madalas. Nakita ko na gusto niyang sumuso pero hindi niya kaya. Sa huli, dinala siya ng asawa ko sa ospital ng lungsod. Agad kaming binigyan ng doktor ng resulta ng pagsusuri—isinilang siya na may depekto sa puso. Hindi gumagana ang isang balbula ng kanyang puso, at mahina ang pagdaloy ng dugo sa kanyang mga baga kaya siya nahihirapang huminga o sumuso.

Kailangan siyang operahan, pero sa Russia ang pinakabatang maaaring operahan ay dalawang taong gulang. Isang buwan pa lang noon ang anak namin. Nagreseta ng gamot ang doktor para sa kanya at sinabing pagdating ng tamang panahon, kapag mas malaki na siya, isasagawa nila ang operasyon.

Pagkaraan ng isang buwan, lumala nang husto ang karamdaman

ni Lizochka, at isinugod namin siya sa ospital. Hawak ko siya habang nagbibiyaha kami. Tumingin siya sa akin na parang humihingi ng tulong. Kung hindi ako miyembro ng Simbahan, hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Ngunit nagtiwala kaming mag-asawa sa Panginoon at matibay ang paniniwala namin na magiging maayos ang lahat. Sinikap ko siyang panatagin, sa pagsasabing, “Huwag kang matakot sa anuman, anak ko. Mahal tayo ng Diyos. Tutulungan Niya tayo, at magiging maayos ang lahat.”

Sa wakas ay nakarating kami sa ospital. Yakap siya, tumakbo ako papunta sa admitting division. Pumipikit na ang mga mata ni Lizochka. Halos hindi na siya humihinga. Halos hindi makapagsalitag sinabi ko sa isang doktor ang lagay ng aking anak, at dinala siya ng mga tauhan ng ospital sa intensive care unit. Sabi ng doktor, nagsisimula nang mamaga ang kanyang mga baga, at ikinabit nila sa kanya ang isang artificial-respiration machine.

Kinabukasan kinausap namin ang direktor ng cardio surgery division. Sabi niya, “Nakagawa na ako ng gayong mga operasyon pero sa mga batang mas matanda sa kanya. Ilang taon na ba siya ngayon?”

“Dalawang buwan po,” sabi namin sa kanya.

“Masyado na siyang nahihirapan. Napakaliit niya, at nagdulot pa ng kumplikasyon ang pamamaga ng kanyang mga baga, pero huwag na tayong magpaliban pa. Hindi ko pa nagawa

ang gayong operasyon sa maliit na bata. Sisikapin kong gawin ang lahat ng makakaya ko. Kailangan ninyong bumili ng artificial double valve, pero napakamahal nito—mga \$2,100. Ooperahan ko siya sa loob ng apat na araw.”

Ano ang gagawin namin? Wala kaming gayon kalaking pera ni ang sinumang kakilala namin. Gayunman, nalaman ng iba ang aming sitwasyon, at sa pagiging bukas-palad nila at sa awa ng Panginoon ay nakatipon kami ng pondo. Binili ng asawa ko ang balbulang kailangan para ilitas ang buhay ng aming anak.

Hindi lamang lahat ng miyembro ng aming branch ang nanalangin at nag-ayuno para sa aming munting anak kundi maging ang mga missionary at maraming Banal sa mga Huling Araw sa buong lungsod. Nadama namin ang kanilang suporta. Habang nakaupo sa pasilyo sa araw ng operasyon, nadama namin ang presensya ng Espiritu Santo at ang panalangin ng mga miyembro. Alam namin na malapit sila sa amin! At kasama namin ang Diyos, na gumagabay sa mga doktor. Hindi Niya kami iiwan, at magiging maayos ang lahat.

Nang lumabas ang doktor pagkatapos ng operasyon, medyo nagugulumihanang sinabi niya sa amin, “Naging maayos ang lahat. Nailagay namin ang balbula. Hindi ko alam kung paano, pero nagtagumpay ito.” Ngunit alam namin kung paano ito nagtagumpay. Tinulungan siya ng Ama sa Langit.



KAPAG TILA HINDI NASASAGOT ANG MGA PANALANGIN

“Napakahirap kapag ang taos-pusong panalangin tungkol sa isang bagay na pinakamimithi ninyo ay hindi nasagot sa paraang gusto ninyo. Mahirap maunawaan kung bakit ang malalim at taos ninyong pananampalataya [mula] sa masunuring pamumuhay ay hindi naghatid ng inaasam na bunga. Itinuro ng Tagapagligtas, ‘Anuman ang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan ito ay ibibigay sa inyo, *na kapaki-pakinabang sa inyo.*’ [D at T 88:64; idinagdag ang pagbibigay-diin.] Kung minsan mahirap malaman kung ano ang *pinakamainam* o *kapaki-pakinabang* sa inyo sa paglipas ng panahon. Mas magiging madali ang inyong buhay kapag tinanggap ninyo na ang ginagawa ng Diyos sa inyong buhay ay para sa *walang hanggang* ikabubuti ninyo.”

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” Liahona, Mayo 2007, 9–10.

Tatlong araw pang nanatili sa ospital si Lizochka habang napapawi na ang pamamaga ng kanyang puso at mga бага. Hiniwa ang kanyang dibdib at tinakpan lamang ito ng isang manipis na lamad (membrane), at makalipas ang ilang araw ay muli nila siyang inoperahan para tahiin ang kanyang dibdib at mga organ. Halos wala ni isa sa mga doktor ang umasa na mabubuhay pa siya. Ngunit nanalig kami sa Ama sa Langit at sa Kanyang kapangyarihan, at naniwala kami na kung loloobin Niya, gagaling siya.

Ang Diyos lamang ang makapagbabalik kay Lizochka sa amin. Sa bawat araw, bumuti ang kanyang lagay. Isang buwan pa siyang nanatili sa ospital, at ngayo’y nakauwi na siya sa amin.

Ang Diyos ay Diyos ng mga himala. Naririnig niya ang ating mga dalangin, at sa mga panahon ng ating paghihirap, tinutulungan Niya tayo. Ang mga pagsubok ay nagpapalakas sa ating pananampalataya at tinuturuan tayong maniwala, umasa, at magmahal. ■

Ang awtor ay naninirahan ngayon sa Belgium.



Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

Paggawwa

ng Gawaing Misyonero, Family History, at Gawain sa Templo



Sa isang espirituwal na pagpupulong na idinaos sa Kirtland Temple noong Abril 6, 1837, sinabi ni Propetang Joseph Smith, “Matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakamahalagang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo.”¹

Halos pitong taon kalaunan, noong Abril 7, 1844, ipinahayag niya: “Ang pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito na iniatang sa atin ng Diyos ay ang saliksikin at kilalanin ang ating mga patay. Sabi ng apostol, ‘Sila’y huwag maging sakdal ng bukod sa atin’ [tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:40]; sapagkat mahalagang mapasaating kamay ang kapangyarihang magbuklod na magbuklod sa ating mga anak at sa ating mga patay sa kaganapan ng dispensasyon ng panahon— isang dispensasyon upang matugunan ang mga pangakong ginawa ni Jesucristo bago pa ang pagkakatatag ng mundo para sa kaligtasan ng tao.”²

Maaaring isipin ng ilang tao kung paanong ang pangangaral ng ebanghelyo at pagsasaliksik tungkol sa ating pumanaw na mga ninuno ay magkakaugnay na pinakadakilang tungkulin at responsibilidad na ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Layon kong tukuyin na tampok sa

Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagsasaliksik tungkol sa pumanaw nating mga ninuno ay magkakaugnay na mga bahagi ng isang dakilang gawain—isang gawain ng pagmamahal na nilayong baguhin, ibaling, at padalisayin ang puso ng matatapat na naghahanap ng katotohanan.



mga turong ito ang pagkakaisa at pagiging isa ng gawain ng kaligtasan sa mga huling araw. Ang gawaing misyonero at gawain sa family history at sa templo ay magkakaugnay na mga aspeto ng isang dakilang gawain, na “[sa dispensasyon ng] kaganapan ng mga panahon [ay titipunin niya] ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; [maging] sa kaniya” (Mga Taga Efeso 1:10).

Dalangan ko na tayo ay tulungan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo habang magkaka-sama nating iniisip na mabuti ang kagila-gilalas na gawain ng kaligtasan sa mga huling araw.

Mga Puso at mga Ordenansa ng Priesthood

Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagsasaliksik tungkol sa pumanaw nating mga ninuno ay dalawang responsibilidad na

italalaga ng Diyos na may kaugnayan kapwa sa ating mga puso at sa mga ordenansa ng priesthood. Ang diwa ng gawain ng Panginoon ay nagpapabago, nagpapabaling, at nagpapadalisay ng mga puso sa pamamagitan ng mga tipan at ordenansang isinasagawa ng wastong awtoridad ng priesthood.

Ang salitang *puso* ay ginamit nang mahigit 1,000 beses sa mga banal na kasulatan at sumasagisag sa niloob ng isang tao. Sa gayon, sa ating mga puso—na kabuuan ng ating mga hangarin, pagmamahal, layunin, motibo, at pag-uugali—makikita kung sino tayo at ano ang ating kahihinatnan.

Ang layunin ng Panginoon para sa gawaing misyonero ay anyayahan ang lahat na luma-pit kay Cristo, tanggapin ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo, at magtiis hanggang wakas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.³ Hindi tayo nagbabahagi ng ebanghelyo para lamang maragdagan



Ang pagganap at masunuring pagsasakatuparan lamang ng lahat ng bagay sa maha-ba nating listahan ng “mga gagawin” para sa ebanghelyo ay hindi katiyakan na matatanggap natin ang Kanyang larawan sa ating mukha o magkakaroon tayo ng malaking pagbabago ng puso.

ang bilang ng mga miyembro at lakas ng Simbahan sa mga huling araw. Sa halip, hangad nating gampanan ang responsibilidad na itinalaga ng Diyos para ipahayag ang katotohanan ng plano ng kaligayahan ng Ama, ang kabanalan ng Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo, at ang bisa ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Ang pag-anyaya sa lahat na “lumapit kay Cristo” (tingnan sa Moroni 10:30–33), pagdanas ng “malaking pagbabago” ng puso (tingnan sa Alma 5:12–14), at pagbabahagi ng mga ordenansa ng kaligtasan sa mga tao sa buhay na ito na hindi pa nakipagtipan ang mga pangunahing layunin ng pangangaral ng ebanghelyo.

Ang pagsasakatuparan ng kadakilaan ng mga buhay at patay ang layunin ng Panginoon sa pagtatayo ng mga templo at pagsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa. Hindi tayo sumasamba sa mga banal na templo para magkaroon lamang tayo o ang ating pamilya ng di-malilimutang karanasan. Sa halip, hangad nating gampanan ang responsibilidad na itinalaga ng Diyos na ibahagi ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan sa buong sangkatauhan. Ang pagtatanim sa puso ng mga anak ng mga pangakong ginawa sa mga ama, maging kina Abraham, Isaac, at Jacob; pagbaling ng mga puso ng mga anak sa kanilang sariling ama; at pagsasaliksik ng family history at pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo ay mga gawaing nagpapala sa mga tao sa daigdig ng mga espiritu na hindi pa nakipagtipan.

Ang mga ordenansa ng priesthood ang landas tungo sa kapangyarihan ng kabanalan:

“At ang nakatataas na pagkasaserdoteng ito ang nangangasiwa ng ebanghelyo at humahawak ng susi ng mga hiwaga ng kaharian, maging ang susi ng kaalaman tungkol sa Diyos.

“Samakatwid, sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.

“At kung wala ang mga ordenansa nito, at ang kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang kapangyarihan ng kabanalan ay hindi makikita ng mga tao sa laman” (D at T 84:19–21).

Isipin ninyo ang malaking kahalagahan ng mga talatang ito. Ang isang tao ay *kailangan* munang magpabinyag at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo—at pagkatapos ay patuloy na sumulong sa landas ng mga tipan at ordenansa patungo sa Tagapagligtas at sa mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala (2 Nephi 31). Ang mga ordenansa ng priesthood ay kailangan para lubos na “[makalapit] kay Cristo, at maging ganap sa kanya” (tingnan sa Moroni 10:30–33). Kung wala ang mga ordenansa, hindi matatanggap ng isang tao ang lahat ng pagpapalang ginawang possible sa pamamagitan ng walang-katapusan at walang-hanggang pagbabayad-sala ng Panginoon (tingnan sa Alma 34:10–14)—maging ang kapangyarihan ng kabanalan.

Ang gawain ng Panginoon ay kagila-gilalas na gawain na nakatuon sa mga puso, tipan at ordenansa ng priesthood.

Mga Implikasyon

Ang banal na doktrinang ito ay nagpapahiwatig ng dalawang mahalagang implikasyon sa ating gawain sa Simbahan.

Una, maaaring madalas ay labis nating binibigyang-diin ang magkakahiwalay na kategorya ng gawain ng kaligtasan at ang kaugnay na mga tuntunin at pamamaraan. Nangangamba ako na marami sa atin ang labis-labis na nakatuon sa partikular na mga aspeto ng gawain ng Panginoon kaya hindi natin natatamo ang lubos na kapangyarihan ng malawak na gawaing ito ng kaligtasan.

Habang hangad ng Panginoon na tipunin ang lahat ng bagay kay Cristo, maaaring madalas tayong nagbabaha-bahagi at nagpapakahusay sa mga paraang naglilimita sa ating pang-unawa at pananaw. Kapag sumobra ito, nauuna ang pangangasiwa sa mga programa at pagpapataas ng estadistika kaysa pag-anyaya sa mga tao na makipagtipan at marapat na tumanggap ng mga ordenansa. Ang gayong pamamaraan ay nakahahadlang sa pagpapadalisay, sa kagalakan, sa patuloy na pagbabalik-loob, at sa espirituwal na kapangyarihan at proteksyon na nagmumula

sa “paghahandog ng [ating] mga puso sa Diyos” (Helaman 3:35). Ang pagganap at masunuring pagsasakatuparan ng lahat ng bagay sa mahaba nating listahan ng “mga gagawin” para sa ebanghelyo ay hindi katiyakan na matatanggap natin ang Kanyang larawan sa ating mukha o magkakaroon tayo ng malaking pagbabago ng puso (tingnan sa Alma 5:14).

Ikalawa, ang diwa ni Elijah ay sentro at mahalaga sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo. Marahil ay binibigyang-diin ng Panginoon ang katotohanang ito sa mismong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayaring naganap nang ipanumbalik ang kabuuan ng ebanghelyo sa lupa sa mga huling araw na ito.

Sa Sagradong Kakahuyan, naka- at nakausap ni Joseph Smith ang Amang Walang Hanggan at si Jesucristo. Pinasimulan ng pangitaing ito ang “[dispensasyon ng] kaganapan ng panahon” (Mga Taga Efeso 1:10) at nalaman ni Joseph ang likas na katangian ng Panguluhang Diyos at ang tungkol sa patuloy na paghahayag.

Pagkaraan ng mga tatlong taon, bilang sagot sa taimtim na panalangin noong gabi ng Setyembre 21, 1823, napuno ng liwanag ang silid ni Joseph hanggang sa ito ay magliwanag nang “higit pa kaysa katanghaliang tapat” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:30). Isang katauhan ang lumitaw sa tabi ng kanyang higaan, tinawag ang bata sa kanyang pangalan, at nagsabing “siya’y isang sugo na nagbuhat sa kinaroroonan ng Diyos . . . na ang kanyang pangalan ay Moroni” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:33). Tinagubilinan niya si Joseph tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon. At pagkatapos ay bumanggit si Moroni mula sa aklat ni Malakias sa Lumang Tipan, na may kaunting pagkakaiba sa wikang ginamit sa King James Version:

“Masdan, ihahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating



Hindi tayo sumasamba sa mga banal na templo para lamang magkaroon tayo o ang ating pamilya ng di-malilimutang karanasan. Sa halip, hangad nating gampanan ang responsibilidad na itinalaga ng Diyos na ibahagi ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan sa buong sangkatauhan.

ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon. . . . At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay babaling sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubos na mawawasak sa kanyang pagpaparito” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39).

Sa huli ang mga tagubilin ni Moroni sa batang propeta ay may dalawang pangunahing tema: (1) ang Aklat ni Mormon at (2) ang mga salita ni Malakias na nagbabadya ng gagampanan ni Elijah sa Panunumbalik “ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kanyang mga banal na propeta buhat pa nang una” (Ang Mga Gawa 3:21). Kaya nga ang mga panimulang pangyayari sa Panunumbalik ay naghayag ng tamang kaalaman tungkol sa Panguluhang Diyos, nagpatunay na totoo ang patuloy na paghahayag, nagbigay-diin sa kahalagahan ng Aklat ni Mormon, at inasam ang gawain ng kaligtasan at kadakilaan para sa mga buhay at patay.

Mangyaring isipin ngayon ang papel ng Aklat ni Mormon sa pagbabago ng mga puso— at ng diwa ni Elijah sa pagbaling ng mga puso.

Ang Aklat ni Mormon na sinamahan ng Espiritu ng Panginoon “ang tanging pinakadakilang kasangkapang ibinigay ng Diyos sa atin para mapabalik-loob ang mundo.”⁴ Ang aklat na ito ng mga banal na kasulatan na ipinakilala sa Panunumbalik ng ebanghelyo ang saligang bato ng ating relihiyon at mahalaga sa pagdadala ng mga kaluluwa sa Tagapagligtas. Ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo—isang mahalaga at matibay na saksi sa kabanalan ng Manunubos sa isang mundong lalo pang nagiging makamundo at mapangutya. Ang mga puso ay nagbabago kapag binabasa at pinag-aaralan ng mga tao ang Aklat ni Mormon at nananalangin nang may tunay



Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagsasaliksik tungkol sa pumanaw nating mga ninuno ay dalawang responsibilidad na itinalaga ng Diyos na may kaugnayan kapwa sa ating mga puso at sa mga ordenansa ng priesthood.

na layunin na malaman ang katotohanan ng aklat.

Ang diwa ni Elijah ay “manipestasyon ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa banal na katangian ng pamilya.”⁵ Ang kakaibang impluwensyang ito ng Espiritu Santo ay nagtataglay ng malakas na patotoo sa plano ng kaligayahan ng Ama at naghihikayat sa mga tao na saliksikin at mahalín ang kani- lang mga ninuno at miyembro ng pamilya— noon at ngayon. Ang diwa ni Elijah ay may epekto sa mga tao sa loob at labas ng Simbahan at ito ang nagpapabaling ng mga puso sa mga ama.



Anim na video ang kasama sa artikulong ito. I-scan ang quick-response (QR) code na ito o magpunta sa [lds.org/go/bednar1014](https://org/go/bednar1014) upang makita ang unang video ng isang kuwentong nagpapamalas ng alituntuning ito.

Dumating na ang panahon para samantalahing mabuti ang pagkakaroon ng malaking pagbabago ng puso, na nangyari dahil sa espirituwal na kapangyarihan ng Aklat ni Mormon, at ng pagbaling ng mga puso sa mga ama, na naisakatuparan sa pamamagitan ng diwa ni Elijah. Ang matinding hangaring magkaroon ng kaugnayan sa ating nakaraan ay maghahanda sa isang tao na matanggap ang bisa ng salita ng Diyos at mapatatag ang kanyang pananampalataya. Ang pusong bumabaling sa mga ama ay nakatutulong sa tao na madaig ang impluwensya ng kaaway at nagpapatibay ng pananalig.

Panoorin ang pangalawang video upang matunghayan ang isang kuwentong nagpapamalas ng alituntuning ito.

Mga Alituntunin

Ngayo’y nais kong tukuyin ang apat na alituntunin tungkol sa espirituwal na kapangyarihang bunga ng pagbabago at pagbaling ng mga puso.

1. **Mga puso at pagbabalik-loob.** Ang pagbaling sa mga ama ay nagpapasigla at naghahanda sa puso para

sa malaking pagbabago. Sa gayon, ang diwa ni Elijah ay tumutulong sa pagbabalik-loob.

Panoorin ang pangatlong video upang matunghayan ang isang kuwentong nagpapamalas ng alituntuning ito.

2. **Mga puso at pagpapanatiling aktibo.** Ang pagbaling sa mga ama ay sumusuporta at nagpapalakas sa mga pusong nakaranas ng malaking pagbabago. Sa gayon, ang diwa ni Elijah ay tumutulong na mapanatili ang mga bagong binyag.

Panoorin ang pang-apat na video upang matunghayan ang isang kuwentong nagpapamalas ng alituntuning ito.


3. **Mga puso at pagpapaaktibo.** Ang pagbaling sa mga ama ay nagpapalambot sa pusong tumigas matapos dumanas ng malaking pagbabago. Sa gayon, diwa ni Elijah ang susi sa muling pagpapaaktibo.

Panoorin ang panlimang video upang matunghayan ang isang kuwentong nagpapamalas ng alituntuning ito.

4. **Mga puso at magigiting na missionary.** Ang isang missionary na nakaranas kapwa ng malaking pagbabago at ng pagbaling ng puso ay lalo pang mananalig, mas magiging banal, at magiting na lingkod.

Panoorin ang pang-anim na video upang matunghayan ang isang kuwentong nagpapamalas ng alituntuning ito.

Sa mabilis na pagdami at mas handang bilang ng mga missionary, talagang hindi maaaring umasa lamang tayo sa tagumpay ng proselyting noon para sa gagawin nating pangangaral at mga paraan sa hinaharap. Nabigyang-inspirasyon ng Panginoon ang tao na gumawa ng mga teknolohiya at kaisang-kapan na dahilan upang makinabang tayo sa pagkakaugnay-ugnay ng gawaing misionero at gawain sa templo at family



Ang diwa ni Elijah ay “impluwensya ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa banal na katangian ng pamilya.”

history nang higit kaysa alinmang nakaraang panahon sa dispensasyong ito. At hindi lamang nagkataon na nangyari ang mga pagbabagong ito sa mismong panahon na kailangang-kailangan ang mga ito para isulong ang gawain misyonero sa iba't ibang panig ng mundo. Ang gawain ng Panginoon ay kagila-gilalas na gawaing nakatuon sa mga pusong nagbabago at bumabaling sa mga sagradong tipan, at sa kapangyarihan ng kabanalang makikita sa mga ordenansa ng priesthood.

Buod at Patotoo

Sinabi ng Panginoon, “May kakayahan akong gawin ang aking sariling gawain” (2 Nephi 27:21), at “Aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito” (D at T 88:73). Tayo ay mga saksi sa pagpapabilis Niya ng Kanyang gawain.

Namumuhay at naglilingkod tayo sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon. Ang pagkilala sa walanghanggang kahalagahan ng katangi-tanging dispensasyon kung kailan tayo nabubuhay ay dapat makaimpluwensya sa lahat ng ating ginagawa at sinisikap na kahinatnan. Ang gawain ng kaligtasan na isasakatuparan sa mga huling araw na ito ay maringal, malawak, mahalaga, at agaran. Dapat ay lubos na magpasalamat ang bawat isa sa atin para sa mga pagpapala at responsibilidad na mabuhay sa partikular na panahong ito ng huling dispensasyon. Dapat tayong lubos na magpakumbaba dahil nalaman natin na “sa kanya na siyang binigyan ng marami ay marami ang hihingin” (D at T 82:3).

Ang pangangaral ng ebanghelyo at pagsasaliksik tungkol sa pumanaw nating mga ninuno ay magkakaugnay na mga bahagi ng isang dakilang gawain—isang gawain ng pagmamahal na nilayong baguhin, ibaling, at padalisayin ang puso ng matatapat na naghahanap ng katotohanan. Ang

artipisyal na hangganan na napakadalas nating ipagitan sa gawaing misyonero at sa gawain sa templo at family history ay naalis na; ito ay dakilang gawain ng kaligtasan.⁶

Maaari ba nating simulang unawain ang papel na ginagampanan ng gawain sa templo at family history sa pagtulong sa investigator o di-gaanong aktibong miyembro na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa plano ng kaligtasan? Nauunawaan ba natin na ang diwa ni Elijah ay isa sa pinakamalalaking impluwensya sa pagpapanatiling aktibo ng mga miyembro? Maaari bang mas lubos nating pahalagahan ang mga sandaling nagpapabaling ng puso dahil sa pagbabahagi ng mga kuwento tungkol sa pamilya bilang paraan ng paghahanap ng mga taong tuturuan kapwa ng mga miyembro at ng mga missionary? Maaari ba nating tulungan ang ating mga pinaglilingkuran na magamit nang mas madalas ang kapangyarihan ng kabanalan sa pamamagitan ng karapat-dapat na pakikibahagi sa mga ordenansa tulad ng sacrament at mga binyag at kumpirmasyon para sa mga patay?

Nawa'y inyong makita nang malinaw, marinig nang malinaw, at matandaan palagi ang kahalagahan ng inyong paglilingkod sa gawain ng Panginoon na baguhin, ibaling, at padalisayin ang mga puso. ■

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president noong Hunyo 25, 2013.

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 386.
2. *Mga Turo: Joseph Smith*, 557–58.
3. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 1.
4. Ezra Taft Benson, “A New Witness for Christ,” *Ensign*, Nob. 1984, 7.
5. Russell M. Nelson, “A New Harvest Time,” *Ensign*, Mayo 1998, 34.
6. Tingnan sa Spencer W. Kimball, “The Things of Eternity—Stand We in Jeopardy?” *Ensign*, Ene. 1977, 3.



TAHANAN

Ang Sentro ng Pagkatuto

Kapag ang natututuhan sa simbahan ay nauugnay at sumusuporta sa natututuhan sa tahanan, makabubuo kayo ng matibay na pundasyon ng pamumuhay ng ebanghelyo.


“**T**iyaking pag-aralan ang itinakdang babasahin para sa aralin sa susunod na linggo.” Pamilyar ba ang mga salitang ito? Madalas itong hilingin ng isang guro pagkatapos ng isang klase sa Simbahan.

At bagama’t talagang mahalagang maging handa para sa iyong mga aralin sa araw ng Linggo, kung minsan ba pakiramdam mo ang pangunahing mithiin mo sa pag-aaral at pagninilay ay ang lubos kang maging handa para sa Linggo?

Ang totoo, hindi dapat ganito.

Lahat ng “pagtuturo, programa, at aktibidad [sa Simbahan ay] nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan.”¹ Ibig sabihin ang mga miting natin sa Simbahan ay talagang nilayong suportahan ang pagkatuto ng indibiduwal at pamilya. Tulad ng itinuro ng Presiding Bishop na si Gary E. Stevenson, “Ang pangunahing lugar sa pagtuturo at pagkatuto ay ang tahanan.”² Kapag ang pagkatuto at pagtuturo ay itinuon sa tahanan, taglay nito ang kapangyarihan na maaaring humantong sa lubusang pagbabago.

“Walang sinuman sa atin ang nagbabalewala sa pagtuturo sa loob ng chapel, sa loob ng meetinghouse,” sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. “Buong buhay na nating ginagawa ang lahat ng iyan, ngunit gusto namin itong maging 24/7 sa ating pamumuhay.”³ Kapag isinama mo ang 24/7 na pagkatuto sa araw-araw na buhay ng iyong pamilya, magkakaroon ka ng matatag na pundasyon para sa isang “bahay ng pagkakatuto” (D at T 88:119) na magbibigay ng espirituwal na kanlungan at proteksyon sa iyo at sa iyong pamilya.





PAGKATUTO SA TAHANAN

Maaaring hindi mo palaging makikita kaagad ang mga resulta, ngunit kapag sinamantala mo ang mga simpleng sandali para matuto at makapagturo sa araw-araw mong gawain, maaari itong magkaroon ng malaking epekto. Narito ang mga paraan kung paano napansin ng ilang pamilya ang epektong iyan sa kanilang buhay.

Mga Simpleng Sandali

“May mga pagkakataon na naaasiwa tayo na pormal na pag-usapan ang tungkol sa ilang paksa ng ebanghelyo. Natulungan kami ng di-pormal na mga sandali ng pagtuturo para maituro ang mahahalagang aral sa aming mga anak.

Gayon din, mas maraming di-pormal na pagtuturo sa maghapon kaysa sa pormal na pagtuturo, kaya talagang sinasamantala namin ang mga pagkakataong ito na ituro sa aming mga anak ang mahahalagang alituntunin.

Halimbawa, nagtuturo ako ng katapatan habang bumibili sa groseri. Mas madaling natututuhan ng mga anak ko ang mga alituntunin kapag nakikita nila kung paano susundin ang mga ito.”

Mona Villanueva, Philippines





Pag-uusap sa Oras ng Meryenda

“Ang di-pormal na mga sandali ng pagtuturo ay nakatulong sa akin na magkaroon ng mas magandang pakikipag-ugnayan sa aking mga anak. Habang nakaupo kami sa mesa sa kusina at nagmemeryenda pag-uwi namin mula sa paaralan, pinag-uusapan namin ang nangyari sa paaralan sa araw na iyon. Madalas sabihin ng isa sa kanila ang isang bagay na sinabi ng isang kaibigan o kung ano ang nadama niya sa sinabi o ginawa ng isang tao. Sa gayon ay nakakapagbahagi ako ng personal na patotoo at natatalakay ko ang nadama ng anak ko tungkol sa sitwasyon. Sa palagay ko sa pakikipag-usap natin sa mga bata kapag sila ay komportable, mas handa silang pag-usapan ang mga bagay na mahalaga kapag kinakailangan dahil nagtiwala sila, batid na makikinig ang kanilang mga magulang.”

Alyson Frost, Greece

Mga Biyahe at Pag-uusap

“Inihahatid ko ang mga anak kong babae sa paaralan sakay ng bus tuwing umaga, kaya marami kaming pagkakataong mag-usap. Kailan lang, napansin namin ang isang mag-asawa na nagtatalo. Agad bumaling sa akin ang mga anak ko at naghintay sa sasabihin ko. Sa halip ay tinanong ko sila kung ano ang nadama nila sa nangyari. Ang alam daw nila ay hindi dapat ganoon magsalita ang isang lalaki sa kanyang asawa. Pagkatapos niyon, nag-usap-usap kami tungkol sa pag-aasawa at mga ugnayan. Natapos ang 30-minutong biyahe namin sa bus na napakasigla at napakasaya.”

Mario Lorenz, Guatemala





Mapagmalasakit na Samahan

“Nauunawaan naming mag-asawa na kami ang dapat na unang magturo sa aming mga anak at hindi ang mga lider, pero nagpapasalamat kami sa ginagawa nila at tumutulong kami sa abot ng aming makakaya. Ang aming ward ay may magagaling na lider na talagang nakatuon sa mga kabataan at mga bata at ginagawa ang kanilang makakaya upang tulungan silang maabot ang kanilang potensyal batay sa naituro na ng mga magulang. Ilang beses ko nang nakausap ang bishop, at nakakapag-usap kaming mabuti ng mga lider ng mga kabataan at madalas kong kumustahin sa kanila ang mga anak ko at ang kanilang pag-unlad. Ang madalas naming pag-uusap tungkol sa pag-unlad ng aming mga anak ay tumutulong sa aming lahat na maunawaan kung paano tutulungan ang bawat isa sa kanila.”

Jesse N. Arumugam, South Africa





**NAGTURO
SI CRISTO
SA GILID NG
KABURULAN
AT SA MGA
TAHANAN**

“Ang Tagapag-
ligtas ang Dalubhasang Guro. . . .
Makikita natin na malaking bahagi
ng Kanyang ministeryo ang
pagtuturo. Gayon man halos wala
sa mga pagtuturong iyon ang
naganap sa gusali ng simbahan.
Nagturo Siya kung saan naroon
ang mga tao. Ito ay sa mga lan-
sangan at tabing-daan at gilid ng
kaburulan at dalampasigan at sa
tahanan.”

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng
Labindalawang Apostol, sa “Learning and
Teaching in the Home and the Church—
the Home” (2014 auxiliary training video),
annualtraining.lds.org.**

**Lakas sa mga Banal
na Kasulatan**

“Ang pag-aaral ng banal na
kasulatan ay tumutulong sa akin
na malaman ang tungkol kay
Cristo at Kanyang mga kata-
ngian upang matularan ko Siya.
Dahil dito ay mas nadarama ko
rin ang Espiritu, na gumagabay
at nagtuturo sa akin kung paano
ko maipamumuhay ang mga
bagay na natutuhan ko upang
maging handa akong harapin
ang mga hamon ng buhay at
ang mga panunukso sa akin ni
Satanas. Kung wala ang pagpa-
palang ito sa buhay ko alam ko
na hindi ko maaabot ang aking
potensyal bilang anak ng Diyos.”

Nathan Woodward, England

**PAGKATUTO SA SIMBAHAN:
10 Alituntuning Dapat Malaman
ng Bawat Guro**

Bukod sa pagpapalakas ng bisa ng pagkatuto at pagtuturo sa
tahanan, mapapalakas din natin ang pagkatuto at pagtuturo sa
klase sa simbahan. Sa pagsunod ng mga guro sa 10 alituntuning ito,
mahihikayat nilang patuloy na magbago ang mga tinuturuan nila.

1. Kausapin ang mga magulang, na ang pangunahing tungkulin ay bilang mga guro, para malaman ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase, at pagkatapos ay magturo ayon sa mga pangangailangang iyon.
2. Maghanda at magturo sa pamamagitan ng Espiritu. Tukuyin ang mga tanong at mga aktibidad sa pagkatuto na hahantong sa mga talakayan na may patnubay ng Espiritu at magpapalakas sa espirituwalidad ng mga miyembro ng klase.
3. Turuan ang mga tao, huwag basta magturo lamang ng mga aralin.
4. Pagtuunan ng pansin ang mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo.
5. Iturong mabuti ang isa o dalawang pangunahing alituntunin sa halip na piliting talakayin ang lahat ng materyal ng aralin.
6. Anyayahan ang Espiritu sa pamamagitan ng pagtutulot sa lahat na makibahagi sa talakayan (tingnan sa D at T 88:122).
7. Isama ang isang matinding paanyaya na kumilos—hindi lang ang isang bagay na pag-aaralan at babasahin sa pag-uwi kundi isang bagay na natutuhan na madadala sa tahanan at maipamumuhay.
8. Magpatotoo tungkol sa doktrina—sa pagtatapos ng klase at kapag hinikayat kayo ng Espiritu.
9. Ipamuhay ang ebanghelyo, at “isaayos” ang inyong sariling tahanan (tingnan sa D at T 93:43–44, 50).
10. Humanap ng mga paraan para maipagpatuloy ang pagtuturo sa pamamagitan ng di-pormal na mga sandali ng pagtuturo sa araw-araw na buhay.

MGA TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.4.
2. Gary E. Stevenson, sa “The Ward Council—We’re All in This Together” (2014 auxiliary training video), annualtraining.lds.org.
3. Jeffrey R. Holland, sa “Learning and Teaching in the Home and the Church—the Home” (2014 auxiliary training video), annualtraining.lds.org.



SA IBABAW NG MGA Tubig

Ni Jon Warner

Mga anim na buwan pagkatapos ng graduation ko sa kolehiyo, nagsimula na akong dumanas ng biglaang pagkataranta, pabalik-balik na pagkabalisa, at depresyon. Hindi ko alam kung saan nanggaling ang mga nadarama kong ito, ngunit matindi at nakakapanghina ang mga ito.

Nahirapan akong manatiling nakatuon sa mga bagay. Sa trabaho, anumang bagong gawain ay nagpapabalisa sa akin kaya hindi ako mapakali. Natataranta ang aking isipan, at malakas ang pintig ng puso ko na para bang lulundag iyon palabas sa dibdib ko. Magpapatuloy ito nang ilang araw, at pagkauwi ko mula sa trabaho bawat araw, bumabagsak ako sa sopa. Bago ko mamalayan, lumipas na ang magdamag at simula na naman ng isa pang araw ng trabaho.

Ilang buwang nagtagal ang pakiramdam na ito, kahit nakakita na ako ng bagong trabaho at humingi na ng propesyonal na tulong.

Matagal ko nang isinasamo sa Ama sa Langit na pawiin ang aking pagkabalisa at kawalang-pag-asa, ngunit kung wala ang mga pag-subok na ito, baka hindi ko marating ang “lupang pangako” na nais Niyang marating ko.

Nagdarasal ako tuwing umaga papunta sa trabaho na bigyan ako ng lakas na matapos ang maghapon at maka-uwi sa aking asawa’t anak. Parang walang katapusan ang problema ko, at madalas ay gusto ko nang sumuko. Maraming araw akong humingi ng tulong sa Diyos habang puno ng luha ang aking mga mata. Nagdasal ako nang mas taimtim kaysa rati, na sumasamo sa Ama sa Langit na tulungan akong maunawaan ang pagsubok na ito at maalís ito sa akin.

Para akong nangangapa sa kadiliman at kawalang pag-asa kapag hindi ko nadarama ang Espiritu. Ngunit nang tulungan ako ng Espiritu na mapaglabanan ang kawalan ko ng pag-asa, nagkaroon ako ng tiwala na magpapatuloy—kahit hanggang sa susunod lang na pagdarasal ko. Natuto akong lalong umasa sa aking Ama sa Langit hindi lamang sa pagdarasal sa oras ng pagkain o pagdarasal sa

gabi na hindi pinagtuunang mabuti. Dahil dito, lalo akong napalapit sa Kanya.

Inanod ng mga Alon

Sa gitna ng aking pagkabalisa at kawalang-pag-asa, binasa kong muli ang kuwento tungkol sa pagtawid ng mga Jaredita sa “malawak na kailaliman” (Eter 2:25). Parang nakikinita ko ang kanilang pagkabalisa at pag-asam nang lumulan sila sa kanilang mga gabara. Maaaring mapanganib ang kanilang paglalakbay, ngunit alam nila na pupunta sila sa “lupaing pinili sa lahat ng ibang lupain” (Eter 2:15).

Tungkol sa kanilang paglalakbay, mababasa natin:

“At ito ay nangyari na, na pinapangyari ng Panginoong Diyos na magkaroon ng malakas na hangin na ihip sa ibabaw ng mga tubig, patungo sa lupang pangako; at sa gayon sila inanod ng mga alon ng dagat ng hangin.

“At ito ay nangyari na, na sila ay maraming ulit na nalibing sa kailaliman ng dagat, dahil sa mga malabundok na along humahampas sa kanila, at gayon din sa malakas at kakila-kilabot na bagyong ibinunga ng kalakasan ng hangin.

“ . . . Kapag napalilibutan ito ng maraming tubig sila ay nagsusumamo sa Panginoon, at ibinabalik niya itong muli sa ibabaw ng mga tubig.

“At ito ay nangyari na, na ang hangin ay hindi tumigil sa pag-ihip patungo sa lupang pangako habang sila ay nasa mga tubig; at sa gayon sila itinaboy ng hangin” (Eter 6:5–8).

Ang mga talatang ito ay personal na nakaapekto sa akin. Pakiramdam ko ay nakasakay ako sa sarili kong gabara, at hinahampas ng mga hangin ng pagkabalisa at dinadalu-yong ng mga alon ng depresyon at inililibing sa kailaliman ng kawalang-pag-asa. Kapag “napalilibutan” ako at nagsusumamo ako sa Panginoon, napapaibabaw ako sa tubig ngunit muli na naman akong napapailalim.

Muli kong binasa ang talata 8: “Ang hangin ay hindi tumigil sa pag-ihip *patungo sa lupang pangako* . . . at sa gayon sila itinaboy ng hangin” (idinagdag ang pagbibigay-diin). Pagkatapos ay naliwanagan ako. Ang mismong hanging nagdulot ng malalaking alon na pumaibabaw sa mga gabara ay nakatulong din sa mga Jaredita sa kanilang paglalakbay. Matagal ko nang isinasamo sa Ama sa Langit na payapain ang hangin at mga alon, ngunit kung wala ang mga ito, baka hindi ko marating ang “lupang pangako” na nais Niyang marating ko.

Binago ng mga talatang ito ang pananaw ko sa buhay. Dahil sa aking pagkabalisa at depresyon lalong nagdagan ang pagtitiwala ko sa Ama sa Langit. Kung wala ang hangin at alon, baka hindi ko kailanman nakilala ang Diyos na tulad ngayon—at baka hindi nakarating ang mga Jaredita sa lupang pangako.

Sa ngayon, ilang taon matapos maranasan ito, hindi na bumubugso sa akin ang mga hangin ng pagkabalisa at hindi na ako nalilibing ng mga alon ng depresyon. Ngunit kung sakali mang bumalik ang bagyo, mananawagan ako sa Panginoon at magpapasalamat, batid na hindi nadadala ng panatag na karagatan ang mga gabara tungo sa lupang pangako—maalon na karagatan ang nakagagawa nito. ■
Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.



HUWAG MAWALAN NG PANANAMPALATAYA

“Paano kayo pinakamainam na makatutugon kapag kayo o ang mga mahal ninyo sa buhay ay nakararanas ng matinding depresyon? Higit sa lahat, huwag mawalan ng pananam-palataya sa inyong Ama sa Langit, na nagmamahal sa inyo nang higit sa kaya ninyong maunawaan. . . .

“Tapat na ipagpatuloy ang mabubuting gawain na naghahatid ng Espiritu ng Panginoon sa inyong buhay. Humingi ng payo sa mga mayhawak ng mga susi para sa inyong espirituwal na kapakanan. Humingi ng mga basbas ng priesthood at pahalagahan ito. Makibahagi sa sakramento linggu-linggo, at kumapit nang mahig-pit sa nakasasakdal na mga pangako ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. . . .

“ . . . Ang mga isipang nagkalamat ay mapapa-galing na katulad ng mga baling buto at durog na puso. Bagama’t pinagagaling ng Diyos ang mga iyon, makatutulong ang iba sa atin sa pagiging maawain, hindi mapanghusga, at mabait.”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol,
“Parang Basag na Sisidlan,” *Liahona*, Nob. 2013, 40–42.



PAGBABALIK-LOOB
AT PAGBABAGO SA

Chile

Ang mga unang pagbibinyag ay nangyari noong 1956. Ngayon ang Simbahan ay mayroon nang 1 templo, 9 na mission, 74 na stake, at halos 600,000 miyembro sa Chile.

Ni Néstor Curbelo

Church History Adviser, South America South Area

Sa 58 taon ng kanilang kasaysayan, naipakita ng mga miyembro ng Simbahan sa Chile ang kakayahan nilang magbago ng landas, iayon ang kanilang buhay sa tagubilin ng mga propeta. Ang diwang ito ay nakatulong sa pambihirang paglago ng Simbahan doon sa nakalipas na kalahating siglo. Ngayon, ang Chile ay may halos 600,000 miyembro, kaya't 1 sa bawat 30 Chilean ay miyembro ng Simbahan.¹

Bumisita ang Isang Apostol sa Chile

Noong 1851, dumating si Elder Parley P. Pratt (1807–1857) ng Korum ng Labin-dalawang Apostol sa Valparaíso para itatag doon ang Simbahan. Gayunman, siya at ang kanyang mga kasama ay hindi marunong magsalita ng Espanyol, kakaunti ang pera nila, at walang kalayaan sa relihiyon ang bansa, kaya hindi nila naitatag ang Simbahan.



Mga guro at kanilang mga estudyante sa ikaapat na baitang sa paaralang itinataguyod ng Simbahan na Colegio A. D. Palmer, bandang 1966.

Iminungkahi ni Elder Pratt kay Pangulong Brigham Young (1801–77): “Ang Aklat ni Mormon at ilang karaniwang lathalain ay dapat isalin sa Espanyol at ilimbag, at pagkatapos ay ipangaral ang ebanghelyo sa mga bansang ito habang ang buhay na Priesthood ay may kasamang isa pang bagay na mababasa nila—maging yaong mga kasulatan na may mga pangako ng Diyos, mga panalangin at pananampalataya ng mga tao noong araw, at kapangyarihan at Espiritu ng Diyos na matutulungan silang ipanumbalik ang sambahayan ni Israel.”²

Ang Simbahan ay Naitatag

Sa kabila ng naunang pagtatangka ni Elder Pratt, mahigit 100 taon pa ang lumipas bago tuluyang naitatag ang Simbahan sa Chile. Noong 1956, sina Elder Joseph Bentley at Verle Allred ay ipinadala mula sa Argentina Mission para ipangaral ang ebanghelyo sa Chile, na ngayon ay nagtatamasa ng higit na kalayaan sa relihiyon. Sa Santiago, ang mga missionary na ito ay sinuportahan ng pamilya Fotheringham, mga miyembrong lumipat mula sa Panama at matagal nang inaasam ang pagdating ng mga missionary.

Ang mga unang pagbibinyag ay isinagawa sa Chile noong Nobyembre 25, 1956, sa pool ng isang country club sa Santiago. Paggunita ni Elder Allred, “Nagpunta kami noon sa country club bago sumikat ang araw at nagkaroon ng serbisyo sa binyag na may panalangin at maiikling mensahe. Lumusong kami ni Brother Garcia sa tubig; siya ang una kong bininyagan, at pagkatapos ay sumunod ang walong iba pa. Napaka-espesyal na okasyon nito. Hindi namin malilimutan ang nadama naming lahat. . . . Ang mga miyembrong ito ang magiging mga pioneer ng Simbahan sa Chile at naniniwala ako na bawat isa sa kanila ay nanatiling tapat hanggang kamatayan: ang mga García, ang mga Saldaño, at si Sister Lanzarotti.”³

Pagtawag ng mga Lider

Noong Pebrero 1959, bumisita sa Chile si Spencer W. Kimball (1895–1985) ng Korum ng Labindalawang Apostol at binigyang-diin na kailangang magkaroon ng mga lokal na lider. Isa sa mga unang lokal na lider si Carlos Cifuentes, na counselor sa mission president na si Robert Burton. Ikinuwento ni Elder Julio Jaramillo, na kalaunan ay naging

Area Seventy at temple president, ang karanasang ito: “Ang una kong impresyon kay Brother Cifuentes ay nang maanyayahan ako sa isang priesthood meeting matapos akong mabinyagan. Nang magsimula ang pulong, umakyat siya sa pulpito at ang tanging nakita ko ay ang marurumi at maiitim na kuko niya sa kamay. Naisip ko, ‘Paano nakapangasiwa ang lalaking ito sa isang pulong na kasama ang mission president kung marumi ang mga kamay niya?’ Hindi ko na naisip iyon nang magsimula siyang magsalita at nalimutan ko ang lahat ng iba pa nang madama ko ang lakas ng kanyang espiritu. Sa mga simpleng salita nakapagbigay siya ng malalalim na konsepto sa amin. Isa siyang

Nang magsalita tungkol sa programang pang-edukasyon, sinabi ni Elder Eduardo A. Lamartine, dating Area Seventy at kasalukuyang history adviser ng Simbahan sa Chile, “Ang mga paaralan sa Chile ay malaking impluwensya sa akademya at sa espirituwal na pagsasanay ng libu-libong kabataan, at nag-ambag sa paghahanda ng mga lider at missionary nang sumunod na mga taon.”⁵

Ang seminaries and institutes program ay nagsimula sa Chile noong 1972. Noong una, dumadalo ang mga estudyante sa isang home-study program na lingguhan ang mga klase. Kalaunan, nagkaroon ng madalas na mga klase. Ang mga programang ito ay nagpala sa mga kabataan ng bansa

1851: Naglakbay si Elder Parley P. Pratt papuntang Valparaiso ngunit hindi niya naitatag ang Simbahan sa Chile

► 1926: Nagprope-siya si Elder Melvin J. Ballard, sa isang testimony meeting, tungkol sa paglago at paglakas ng Simbahan sa South America sa hinaharap



► 1956: Dumating ang mga unang missionary na sina Joseph C. Bentley at Verle M. Allred sa Santiago; naganap ang mga unang pagbibinyag



mekaniko ng malalaking makinarya at tuwing Sabado ay gabi na siyang natatapos sa trabaho, saka siya naghuhugas ng mga kamay, pero dahil kakaunti ang gamit niya sa talyer hindi niya matanggal ang lahat ng grasa. Nang sandaling iyon ay natutuhan kong huwag husgahan ang mga tao sa kanilang anyo sa halip ay pahalagahan sila ayon sa tunay nilang pagkatao.”⁴

Pagpapalakas sa Bagong Henerasyon

Noong 1960s at 1970s, ang Simbahan sa Chile ay napalakas hindi lamang ng mahuhusay na lokal na lider kundi maging ng bagong programa sa konstruksyon at edukasyon. Kabilang dito ang pagtatayo ng mga chapel kasabay ng pagtatatag ng mga paaralan, seminary, at institute ng Simbahan.

Noong Marso 1964, ang unang dalawang primary school na pinatatakbo ng Simbahan ay itinayo sa Chile. Kalaunan ilang paaralan ang binuksan, at mahigit 2,600 estudyante ang nag-enrol. Sa mga huling taon ng 1970s at mga unang taon ng 1980s, dumami ang mga pampublikong paaralan, at ibinalita ng Simbahan ang pagsasara ng mga paaralan sa Chile.

Ang institute of religion sa Temuco ay isa sa 50 gayong uri ng institute sa Chile.





Nagsasalita si Pangulong Gordon B. Hinckley sa 48,000 mga Banal sa mga Huling Araw sa Chile noong 1996 sa isang kumperensya sa Santiago.

at nakatulong sa paghahanda nilang maglingkod bilang mga full-time missionary. Si Elder Eduardo Ayala, na dating miyembro ng Pitumpu, ay isa sa mga unang seminary teacher at kalaunan ay nagtrabaho para sa Church Educational System sa Chile. Sabi niya, “Pinili ng Panginoon ang mga kabataang naroon sa oras na iyon at marami sa kanila ay mga returned missionary at magagaling na lider na may mabubuting pamilya. . . . Para sa akin, ang seminary at institute ay isang paraan para maligtas sa mga panahon na labis ang kaguluhan sa aming bansa at nagpapasalamat ako na tinawag akong tumulong sa sistemang pang-edukasyon.”⁶

Ang Unang Stake

Noong Nobyembre 19, 1972, inorganisa ni Elder Gordon B. Hinckley (1910–2008), na noon ay nasa Korum ng Labindalawang Apostol, ang Santiago Chile Stake, at si Carlos Cifuentes ang tinawag na president.

Ang paghahanda para sa stake ay nagpakita ng pagkatao ng mga Banal sa Chile at ng kahandaan nilang sundin ang mga propeta. Dumating si Elder Hinckley sa Chile ilang

buwan bago iyon para iorganisa ang stake. Ngunit matapos magdaos ng mga interbyu, ipinagpaliban ito. Noong panahong iyon, maraming taong may problema sa pera, at ang ilang miyembro ay nahihirapan sa pagsunod sa batas ng ikapu.

Ipinaliwanag ni Elder Hinckley, “Bumalik ako pagkaraan ng anim na buwan, at habang nag-iinterbyu ako, nakita ko ang paglakas ng pananampalataya; muli silang naging matapat sa harap ng Panginoon, naorganisa ang stake, at mula noon ay lumago na sila at dumami.”⁷

Mga Pioneer sa mga Hangganan

Ngayon ay may dalawang stake sa Arica, ang pinakahilagang lungsod sa Chile. Ang kuwento nina Gladys at Juan Benavidez, na mga unang nabinyagan sa Arica, ay halimbawa ng sigla ng mga pioneer at ng banal na impluwensya sa pagtatatag ng Simbahan sa Chile.

Nalaman ni Brother Benavidez ang tungkol sa Simbahan noong 1961 nang liparin sa hangin ang ilang papel papunta sa kanyang direksyon: “Mga pahina pala iyon ng *Reader’s Digest Selections* na may malawak na artikulo

tungkol sa 'Mga Mormon,' na nagpapaliwanag sa kanilang buhay at mga paniniwala," sabi niya.

Hindi nagtagal, nagkasakit siya nang malubha at kinailangan siyang gamutin sa Santiago. "Habang naroon, dinalaw ko ang kapatid kong babae at nalaman ko na miyembro na pala siya ng Simbahan," sabi niya. "Niyaya niya ako sa isang espesyal na kumperensya. Habang nakikinig ako sa pambungad na panalangin at sinusundan ng isipan ko ang mga salita, nakadama ako

Isang Mahirap na Panahon

Sa halalan noong 1970, si Dr. Salvador Allende ang naging pangulo at nagtatag ng isang pamahalaang Marxist. Dumanas ng hirap ang mga miyembro ng Simbahan dahil sa kasalatan sa pagkain at gamot, madalas na panggigipit sa mga missionary, at masasamang balita sa media.

Noong 1973, nagkaroon ng krisis sa pananalapi at lipunan kaya nagkaroon ng military coup at diktadura na tumagal hanggang 1990. Bagama't nag-iibayo ang lakas ng

1957: Opisyal na kinilala ang Simbahan sa Chile

1960: Nagkaroon ng malakas na lindol sa Concepción; nagpadala ng tulong ang Simbahan

► 1961: Inorganisa ang Chilean Mission at si Asael Delbert Palmer ang pangulo



1962: Ginanap ang groundbreaking para sa unang LDS meetinghouse sa Santiago

ng malaking galak sa buong katawan ko at nakilala ko ang impluwensya ng Banal na Espiritu. Nang matapos ang kumperensya, isinama ako ng mga missionary para kama-yang ang bumibisitang lider, si Elder Ezra Taft Benson (1899–1994), na noon ay nasa Korum ng Labindalawa."

Nagbalik sa Arica si Brother Benavidez at ikinuwento ang kanyang mga karanasan sa kanyang kasintahang si Gladys Aguilar, na asawa na niya ngayon. Makaraan ang dalawang araw, nakita ni Gladys na dumaan ang dalawang missionary sa bahay niya. "Agad namin silang hinanap," sabi ni Brother Benavidez. "Noong Hulyo 1, 1961, nabin-yagan kami, pati na ang pamilya ng aking maybahay. Ngayo'y may mga anak at apo na kami sa Simbahan. Nagpapasalamat ako sa Panginoon sa pagbugsong iyon ng hangin na naglipad ng impormasyon tungkol sa Simba-han patungo sa aking mga kamay."⁸

demokrasya sa Chile ngayon, ang dalawang dekadang iyon ay mahirap na panahon para sa mga miyembro. Sinalakay ng mga gru-pong kalaban ng diktadura ng militar ang mga chapel at mga miyembro dahil akala nila ay suportado ng Simbahan ang mga interes ng pamahalaan ng Estados Unidos. Sabi ni Elder Ayala, stake president noon, "Kinaka-usap namin ang mga General Authority, at sinasabi nila sa amin, 'Hinihiling namin na gamitin ninyo ang inyong talino, manalangin palagi, gumawa ng tama, upang mapanatili ng mga miyembro ang kaayusan sa mga kongregasyon.'⁹

Sa kabila ng pinansyal na problema ng bansa at ng alitan sa pulitika na nagpawatak-watak sa lipunan ng Chile noong mga unang taon ng 1980s, mabilis na lumago ang Simba-han. Sa pagitan ng 1970 at 1985, dumami ang mga miyembro sa Chile na mula 15,728 ay naging 169,361.



"Noong 12 taong gulang pa lang ako, narinig at nalaman ko kaagad na ang mensahe ng ebanghelyo ay totoo. Apatnapu't anim na taon na ang lumipas, at bu-ong panahong iyon ay napagpapala ako palagi, dahil sa masigasig na paggawa ng napa-karaming lider na ginawa ang lahat ng makakaya nila. Nang malaman at maibahagi ko ito sa mga bagong hene-rasyon, masaya ako at tiwala na patu-loy na pagpapalain ng Panginoon ang bansang ito habang lumalawak ang pananaw ng mga propeta tung-kol sa Chile."¹²

Elder Jorge F. Zeballos,
miyembro ng Pitumpu
mula sa Chile



Ang Santiago Temple

Noong 1980, pinagpala ang mga Banal nang ibalita ang pagtatayo ng templo sa Santiago, Chile.

Nang ilaan ni Pangulong Spencer W. Kimball ang pagtatayuan ng templo, mahinang-mahina na siya; ngunit ang pag-punta niya roon ay nagpakita ng kanyang pagmamahal sa mga Banal ng South America, na nakasama niya sa gawain mula pa noong 1959. Sinabi ni Sister Adriana Guerra de Sepúlveda, na nag-interpret para kay Sister

epekto nito sa maraming henerasyon.

Ang unang pinagtuunan ni Elder Holland ay magpakita ng halimbawa ng pamumuno ayon sa paraan ng Panginoon. Tumulong siya sa pagsasanay ng mga bagong lider at nangasiwa sa muling pag-oorganisa, pagsasara, at pagsasanib ng daan-daang ward at maraming stake. Kinailangan ang muling pag-oorganisa at pagsasanay na ito dahil sa mabilis na paglago ng Simbahan sa bansa. Ang kanyang pamumuno ay nakatulong para mapalakas ang mga unit at maihanda

1972: Inorganisa ang unang stake sa Chile sa Santiago

1977: Sa Santiago, idinaos ang unang area conference na dinaluhan ni Pangulong Spencer W. Kimball at ng iba pang mga General Authority



◀ 1981: Itinatag ang missionary training center sa Santiago



◀ 1983: Inilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Santiago Chile Temple



Kimball noon, “Nang makita ko ang propeta, isang maliit na tao na mukhang anghel, napaiyak ako at hindi ko alam ang sasabihin ko sa kanya. Iyon ang unang pagkakataon na nakatabi ko ang isang buhay na propeta. Ang makita ang tagapagsalita ng Panginoon dito sa lupa at sa aking bansa ay kagila-gilalas na bagay.”¹⁰

Ang templo ay inilaan noong 1983, ang pangalawang templo sa South America at una sa isang bansa na Espanyol ang salita.

Elder Jeffrey R. Holland sa Chile

Noong Agosto 2002, inatasan ng Unang Panguluhan ang dalawang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na mangulo sa dalawang area ng Simbahan: itinalaga si Elder Dallin H. Oaks sa Pilipinas, at Elder Jeffrey R. Holland sa Chile. Napakalaki ng paglilingkod at impluwensya ni Elder Holland sa Chile, at mananatili ang



Bilang tugon sa lindol noong 2010, ang mga kabataan at matatanda sa Chile, suot ang mga vest na Mormon Helping Hands, ay nag-impake ng mga hygiene kit.

PAGLAGO NG SIMBAHAN SA CHILE



ANG SIMBAHAN SA CHILE

Mga ward at branch: 622

Mga Stake: 74

Mga Mission: 9

Mga Templo: 1 (may 1 pang ibinalitang itatayo)

Mga Family History Center: 99



◀ 1990: Tinawag si Elder Eduardo Ayala, mula sa Chile, sa Pangalawang Korum ng Pitumpu



◀ 2002: Tinawag si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang Chile Area President



▶ 2008: Tinawag si Elder Jorge F. Zeballos, mula sa Chile, sa Unang Korum ng Pitumpu

2009: Ibinalita ang pagtatayo ng Concepción Chile Temple

ang Simbahan sa Chile sa hinaharap.

Bukod pa rito, gumawa ng ilang mahahalagang pakikipag-ugnayan si Elder Holland sa Chile. Inilarawan ni Elder Carl B. Pratt ng Pitumpu, na counselor sa Area Presidency na iyon, ang ilan sa mahahalagang pakikipag-ugnayang ito: “Naging malapit si Elder Holland kay Ricardo Lagos [presidente ng Chile] at sa asawa nito; nagsagawa sila ng ilang humanitarian aid project. Nakilala ni Elder Holland ang Apostolic Nuncio [mataas na pinunong opisyal ng Katoliko] at iba pang mahahalagang tao sa Chile.”¹¹

Magtiwala sa Hinaharap

Ang mga pagsisikap nina Elder Parley P. Pratt at Elder Jeffrey R. Holland, ang mga sakripisyo ng mga unang missionary na dumating sa Santiago, ang dedikasyon ng mga lider na gaya ni Carlos Cifuentes at iba pang naunang mga pioneer sa Chile, kasama ang pananalig at dedikasyon ng daan-daang libong sumapi sa Simbahan sa loob ng mahigit kalahating siglo ang nagtatag ng matibay na pundasyon para sa Simbahan sa Chile. Ngayon ang bansa ay may isang templo (at may isa pang ibinalitang itatayo), isang

missionary training center, 9 na mission, at 74 na stake. Ang hinaharap ay walang limitasyon sa espirituwal na gawaing anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Deseret News 2013 Church Almanac*, 454.
2. *Autobiography of Parley P. Pratt*, inedit nina Scot Facer Proctor at Maurine Jensen Proctor (2000), 504.
3. Verle Allred, sa Néstor Curbelo, *LDS in South America: Chile Sur*, tomo 1 (2008), 6.
4. Julio Jaramillo, sa Néstor Curbelo, *LDS in South America: Chile*, tomo 1 (2006), 4–5.
5. Eduardo Adrian Lamartine Aguila, buod ng kasaysayan na ibinigay sa awtor, Nob. 2013.
6. Eduardo Ayala, sa Néstor Curbelo, *LDS in South America: Chile*, tomo 1 (2006), 44, 45.
7. Gordon B. Hinckley, sa Rodolfo Acevedo A., *Alturas Sagradas: Templo de Santiago de Chile*, 100.
8. Néstor Curbelo, “Blossoming in the Desert,” *Church News*, Nob. 9, 1996, 8–9.
9. Eduardo Ayala, sa Néstor Curbelo, *LDS in South America: Chile*, tomo 1 (2006), 33.
10. Adriana Guerra de Sepúlveda, sa Néstor Curbelo, *LDS in South America: Chile* (2006), 16.
11. Carl B. Pratt, sa Néstor Curbelo, *Colombia: investigación histórica*, tomo 1 (2010), 16.
12. Jorge F. Zeballos, sa isang liham na ipinadala sa awtor, Ene. 2014.



Ni Carol F. McConkie
Unang Tagapayo sa Young
Women General Presidency

LAKAS-NG-LOOB NA PILIING MAGING DISENTE



Ano ang maituturo natin sa ating mga anak para matulungan silang magkaroon ng lakas-ng-loob na piliing maging disente sa isang mundo na kukutyain sila sa kanilang mabubuting pasiya?



Bakit napakahalaga ng kadisentehan? Bakit mahalaga ang haba ng damit, neckline, o T-shirt sa Panginoon? Ako ay may limang anak na babae at dalawang anak na lalaki, at tulad ng inaasahan ninyo, ang paksa tungkol sa kadisentehan ay napag-uusapan sa aming tahanan paminsan-minsan. Ngunit sa paglipas ng mga taon, nalaman ko na ang kadisentehan ay higit na naituturo sa pamamagitan ng pagtuturo ng doktrina at pagpapakita ng mabuting halimbawa. Ang doktrina ay tutulong sa ating mga anak na maunawaan kung bakit napakahalaga ng kadisentehan, at ipapakita ng ating halimbawa ang mga pagpapala ng kadisentehan sa masasayang paraan.

Ano ang Kadisentehan?

Ang kadisentehan ay alituntuning bigay ng Diyos na makatutulong sa atin na matutong gamitin ang ating katawan nang angkop sa buhay na ito. Ang kahulugan ng kadisentehan sa *Tapat sa Pananampalataya* ay “Pagiging simple at disente sa pananamit, pag-aayos, pagsasalita, at pag-uugali.”¹ Ang kadisentehan ay hindi pagpapasikat o pagyayabang. Hindi ginagamit ng mga disenteng tao ang kanilang katawan o pag-uugali para tanggapin ng mundo o mapansin ang sarili nilang tunay o inakalang mga nagawa o kanais-nais na mga katangian.

Alalahanin sana na ang mga alituntunin ng kadisentehan na tinatalakay rito ay angkop kapwa sa kalalakihan at kababaihan, mga anak na lalaki at babae, at alalahanin na kahit itinuturo at ipinapakita natin ang halimbawa ng kadisentehan, hindi natin kailanman hinuhusgahan ang mga taong pinipili ang maiikling palda o “makukulay na buhok at sari-saring hikaw.”² Lagi tayong nagpapakita ng habag at pagmamahal na katulad ni Cristo para sa mga tao habang nananatili tayong tapat sa mga pamantayang itinakda ng Panginoon.

Pinatototohanan ko na ang mga pagpiling ginagawa natin para magmukha at kumilos nang disente ay naghatid ng napakagandang mensahe na nauunawaan natin ang ating pagkatao bilang mga anak na lalaki at babae ng Diyos at na pinipili nating tumayo sa mga banal na lugar.

Gustung-gusto ko ang banal na kasulatang ito: “Hindi бага ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? . . . Ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo” (I Mga Taga Corinto 3:16–17). Ang ating katawan ang templo ng ating espiritu. Sa katawang templong ito natin inaanyayahang makasama ang Espiritu Santo. Naniniwala ako na kapag pinili nating magsuot ng disenteng damit at kumilos nang simple, *ipinapakita at ipinamumuhay natin ang ating patotoo* tungkol sa Diyos Amang Walang Hanggan at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Pinatototohanan natin sa ating pisikal na kaanyuan na tayo ay mga disipulo ni Cristo at na ipinamumuhay natin ang Kanyang ebanghelyo.

Bakit Mahalaga ang Kadisentehan?

Nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng kabutihan at kasamaan, at ang pisikal na katawan ay magagamit para sa mabubuti man o sa masasamang layunin. Ngunit alam natin na ang ating katangi-tanging katawan ay kaloob ng Diyos sa bawat isa sa atin. Banal ang mga ito. Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Sa mga nakaaalam at nakauunawa sa plano ng kaligtasan, anumang maling paggamit ng katawan ay anyo ng paghihimagsik [tingnan sa Mosias 2:36–37] at pagtatatwa sa tunay nating pagkatao bilang mga anak ng Diyos.”³ Pinipili nating pangalagaan at protektahan ang ating katawan upang tayo ay maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagsasagawa ng Kanyang maluluwalhating layunin (tingnan sa Alma 26:3). Kung hangad nating katawanin ang Taga-pagligtas at gawin ang Kanyang gawain, kailangan nating

itanong sa ating sarili, Kung katabi natin ang Tagapagligtas, komportable kaya tayo sa suot nating damit?

Ang kadisentehan sa pananamit, kaanyuan, pag-iisip, at pag-uugali ay katibayan na nauunawaan natin ang mga tipang ginawa natin na magpapala, poprotekta at magbibigay-kakayahan sa atin sa paghahandang makabalik sa Kanyang piling. Nang binyagan tayo, humakbang tayo palabas ng mundo at pumasok sa kaharian ng Diyos. Lahat ay kailangang maging iba para sa atin. Itinuro ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Sa pamamagitan ng pagpili na mapunta sa Kanyang kaharian, inihihwalay natin—hindi inilalayo—ang ating sarili mula sa daigdig. Ang mga damit natin ay magiging disente, dalisay ang ating isip, malinis ang ating pananalita.”⁴

Ang kadisentehan ay isang alituntunin na tutulong sa atin na manatili sa landas ng tipan habang patungo tayo sa kinaroroonan ng Diyos. Ang kadisentehan sa pananamit at kaanyuan at sa pag-iisip at pag-uugali ay tutulong sa atin na maghanda sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan sa templo. Para mabiyayaan at maprotektahan sina Eva at Adan, binigyan sila ng Diyos ng mga kasuotang balat para madamitan sila bago itaboy palabas ng halamanan. Sa gayon ding paraan, binigyan tayo ng Diyos ng mga tipan sa mortalidad, na isinasagisag ng ating sagradong mga temple garment.

Ano ang mga Pagpapala ng Kadisentehan?

Ano ang maituturo natin sa ating mga anak para matulungan silang magkaroon ng lakas-ng-loob na piliing maging disente sa isang mundo na kukutya at manlilibak sa kanila dahil sa kanilang dalisay at mabubuting pasiya? Nakikita ba nila na ginagamit natin ang ating katawan para mapansin tayo o para luwalhatiin ang Diyos?

Ang kadisentehan sa pag-iisip, salita, kaanyuan, at pag-uugali ay tumutulong sa atin na matamo ang tatlong nagpapalakas at nagpapadakilang mga pagpapala.

1. Ang kadisentehan ay nag-aanyaya ng palagiang pag-sama ng Espiritu Santo. Itinuro ni Elder Hales, “Ang kadisentehan ay mahalaga sa pagiging marapat sa Espiritu.”⁵

Tulungan natin ang ating mga anak na maunawaan na hindi nila nanaising gumawa ng anumang bagay na magkakait sa kanilang sarili “ng hindi masambit na kaloob na Espiritu Santo” (D at T 121:26). Tulungan silang malaman na ang napakahalaga at napakagandang espirituwal na mga kaloob ay naroroon sa Kanyang banal na patnubay.



Nangako ang Diyos, “Ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan; . . . Sa pamamagitan nito ay iyong malalaman, ang lahat ng bagay anuman ang naisin mo sa akin, na nauukol sa mga bagay ng kabutihan, nang may pananamपालतया na naniniwala sa akin na ikaw ay makatatanggap” (D at T 11:13–14). Kaalaman, karunungan, at patotoo; kagalakan, kapayapaan, at kaligayahan—ito ang ilan sa mga dakilang pagpapalang maipapangako natin sa ating mga anak kapag hinikayat natin silang mamuhay nang disente at maging marapat sa Espiritu Santo.

Ang isa sa mga hamon ng disenteng pananamit ay ang pabagu-bagong mga uso at pag-uugaling tanggap ng lipunan. Ang mga pamantayan ng Panginoon ay hindi nagbabago kailanman. Ituro sa mga kabataang lalaki at babae na maging sensitibo sa Espiritu sa pagpili nila ng isusuot, sasabihin, at gagawin. Sa pamumuhay nila nang malapit sa Espiritu, hindi nila kailangang tularan ang mundo.

Natanggap na ng ating mga anak ang kaloob na Espiritu Santo, at sila ay naglalakbay sa landas ng tipan tungo sa templo at ibabalik sila nito sa piling ng Diyos. Kailangang tiyakin natin sa kanila at ipakita ang halimbawa sa kanila na sila ay gagabayan, poprotektahan, aaliwin, at padadalisyayin kapag namuhay sila nang marapat sa Espiritu Santo.

2. Maaari nating ituro sa ating mga anak na ang disenteng kaanyuan at pag-uugali ay tumutulong para maprotektahan tayo mula sa mapanirang mga impluwensya ng mundo. Ang isa sa lubhang mapanlinlang na mga paraang ginagamit laban sa ating lahat ay ang tanggap na ng lipunan na hindi na uso ang moralidad. Ang kadisentehan ay



Ituro sa mga kabataang lalaki at babae na maging sensitibo sa Espiritu sa pagpili nila ng isusuot, sasabihin, at gagawin. Kapag sumusunod sila sa patnubay ng Espiritu, hindi nila kailangang tularan ang mundo.

isang depensa laban sa masasamang impluwensyang iyon at proteksyon sa kalinisang-puri at kabanalan. Makinig sa mga salitang ito na nasa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Bago ikasal, . . . huwag gumawa ng anupamang pupukaw sa damdaming seksuwal.”⁶ Ang mahalay na kaanyuan at pag-uugali ay pupukaw kadalasan sa damdaming seksuwal at aalisin ang mga hadlang at patitindihin ang tuksong labagin ang batas ng kalinisang-puri.

Itinuro ni Elder Hales: “Ang kadisentihan ang pangunahing paraan ng pagiging dalisay at malinis, kapwa sa isip at sa gawa. At dahil ginagabayan at naiimpluwensyahan nito ang ating iniisip, kilos, at mga desisyon, ang kadisentihan ang pinakasentro ng ating pag-uugali.”⁷ Ituro at ipakita ang halimbawa ng kadisentehan upang matulungan ang ating mga kabataang lalaki at babae na maging handang ipagtanggol at protektahan ang kapangyarihan nilang magkaanak. Tulungan silang ituring na sagrado ang pisikal na pagpapakita ng pagmamahal at gawin lamang ito kapag mag-asawa na.

3. Ang kadisentehan ay nagbibigay sa atin ng kaka-yahang “tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng

panahon” (Mosias 18:9). Itinuro ng Tagapagligtas: “Itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan. Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas” (3 Nephi 18:24). May banal na utos sa atin na maging tanglaw sa mundo, ipakita ang galak ng pamumuhay sa ebanghelyo, magturo ng kabutihan, at itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa. Nababanaag sa bawat isa sa atin ang Liwanag ni Cristo kapag tayo ay disente at dalisay at sumusunod sa mga kautusan. Ang kadisentehan ay pagpapatunay sa ating patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Kayganda at napakapalad nila na ginagabayan ng Espiritu Santo, na pinoprotektahan ang kanilang sarili mula sa kamunduhan, at tumatayo bilang mga saksi ng Diyos sa mundo. At pinagpala sila na mga halimbawa at nagtuturo ng doktrina ng kadisentehan sa lahat ng anak na lalaki at at anak na babae ng Sion.

Kapag nakipagtipan tayong sundin ang Tagapagligtas at nagnais na matanggap ang kabuuan ng mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay, isa lang talaga ang mahalagang isuot natin. Isinulat ni Moroni, “Gumising, at bumangon mula sa alabok, . . . oo, at isuot mo ang *iyong magagandang kasuotan*, O anak na babae ng Sion; . . . upang ang mga tipan ng Amang Walang Hanggan . . . ay matupad” (Moroni 10:31; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang magagandang kasuotan ay ang mga balabal ng kabutihan, na suot ng mga taong tumupad ng kanilang mga tipan. Inihahanda ba natin ang ating mga anak na isuot ang magagandang kasuotang ito?

Pinatototohanan ko na ang kaligtasan ay na kay Cristo at ang mga nakatupad ng kanilang mga tipan ay “magkakaroon ng ganap na kaalaman ng kanilang kasiyahan, at ng kanilang kabutihan, na nabibihisan ng kadalisan, oo, maging ng bata ng kabutihan” (2 Nephi 9:14). ■

Mula sa mensaheng ibinigay noong Mayo 2, 2013, sa Women’s Conference sa Brigham Young University.

MGA TALA

1. *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2006), 42.
2. Jeffrey R. Holland, “Israel, Diyos ay Tumatawag,” debosyonal ng Church Educational System, Set. 9, 2012, cesdevotionals.lds.org.
3. David A. Bednar, “Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis,” *Liahona*, Mayo 2013, 43.
4. Robert D. Hales, “Ang Tipan ng Pagbibinyag: Ang Maging Nasa Kaharian at para sa Kaharian,” *Liahona*, Ene. 2001, 8.
5. Robert D. Hales, “Pagiging Disente: Pagpipitagan sa Panginoon,” *Liahona*, Ago. 2008, 20.
6. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, (2011), 36.
7. Robert D. Hales, *Liahona*, Ago. 2008, 19.

ANG PANALANGIN KO SA NORTH SEA

Noong 17 taong gulang ako, nakatira kami sa isang isla sa katimugang Norway na tinatawag na Andabeløy. Nabinyagan ang aking ama sa Simbahan sa Andabeløy, at nabinyagan ako sa karagatan doon.

Mangingisda ako noong panahong iyon at mahusay sa pagpapaandar ng bangka. Ako ang pinamahala ng aking ama sa aming maritime taxi service na ginagamit ng mga residente sa lugar.

Isang araw noong 1941 tinawagan kami ng doktor sa Flekkefjord, sa hilaga. Isang babaeng dalawang oras ang layo ng tirahan kung sasakay ng barko ang kailangang magamot kaagad. Itinanong ni Dr. Hoffman kung maihahatid ko siya roon, ngunit

nag-alala ang mga magulang ko dahil may malakas na bagyo sa North Sea. Nagpasiya kaming manalangin, at itinanong namin sa Ama sa Langit kung ano ang gagawin. Natanggap namin ang sagot na dapat akong tumuloy.

Nang kalagin ko ang tali ni *Tryg*, ang 31-talampakan (10 m) kong bangkang pangisda, palaot sa dagat, masama ang panahon at malalaki ang mga alon. Matapos sunduin ang doktor, pumalaot ako patungo sa makipot na look papunta sa dagat. Maglalakbay kami patungo sa isang komunidad sa hilaga lang ng Lista, na nasa mabatong baybayin sa timog ng Norway—bantog sa maunos na panahon at mga barkong lumulubog.

Naglayag ako sa gitna ng bagyo hanggang sa makarating kami sa isang mabatong look [inlet], mga 40 talampakan (12 m) sa kabilang panig, na papunta sa aming destinasyon. Ang mga alon, na napakatataas kaya hindi ko makontrol ang bangka pagdaan ko sa makipot na look, ay rumaragasa papasok sa look at humahampas sa mga bato.

“Ano ang dapat nating gawin? tanong ng doktor sa gitna ng malakas na hangin.

“Magdasal po tayo,” sagot ko.


Huminto ako at nagdasal, na humihingi ng patnubay sa Ama sa Langit. Nang masabi ko na ang amen, malinaw na dumating sa akin ang sagot.



Bigla kong naalala ang ikinuwento sa akin ng isang matandang mangingisda. Nangingisda siya sa lugar ding ito sa gitna ng malakas na bagyo at hindi siya makarating sa pampang. Habang naghihintay na humupa ang bagyo, napansin niya ang paraan ng pagdating ng mga alon. Pagkaraan ng tatlong malalaking alon, kasunod dito ang maikling sandali ng katiwasayan—sapat para makapasok siya sa makipot na look.

Maraming beses na akong nakapangisda sa lugar na ito pero hindi ko kailanman napansin ang dating ng mga alon. Gayunpaman, dinala ko ang bangka sa harapan ng makipot na look, kung saan kami naghintay

Napakataas ng mga alon kaya hindi ko makontrol ang bangka pagdaan ko sa makipot na look.



at minasdan namin ang pagdating ng tatlong malalaking alon. Tama nga, biglang naging matiwasay pagkatapos niyon. Isinulong ko ang bangka sa payapang tubig malapit sa daungan at inihatid si Dr. Hoffman nang ligtas sa pampang. Nagmamadaling pinuntahan niya ang babaeng maysakit habang naghihintay ako sa bangka, na nagpapasalamat na sinagot ng Ama sa Langit ang dalangin ko.

Pagbalik ng doktor makalipas ang mga isang oras, sinabi niya, “Nailigtas natin ang buhay niya!”

Nakahinga nang maluwag sa balita at bumubuting panahon, pinaandar ko ang bangka pauwi nang walang anumang masamang nangyari.

Pinatototohanan ko na kapag kailangan natin ng tulong, dapat tayong magdasal. Alam kong sasagot ang Ama sa Langit. ■

Olaf Thorlief Jensen, Utah, USA

MAHAL KA NIYA

Nakaupo ako sa sulok ng silid-selestiyal sa tabi ng organo nang ilaan ang Memphis Tennessee Temple. Naroon si Pangulong James E. Faust (1920–2007), miyembro ng Unang Panguluhan mula 1995 hanggang 2007, para ilaan ang templo. Nakaupo siya at ang ilan pang mga lider sa likuran ng mikropono. Nangakapila ang lokal na koro ng Simbahan at nakatayo sa likuran nila.

Miyembro ng koro ang isang kabataang babaeng binibisita ko. Sa buong pulong, ipinagdasal kong matanggap niya ang ipinunta niya roon. Ipinagtapat niya sa akin na nagpunta siya sa paglalaan ng templo nang araw na

iyon para malaman ang katayuan niya sa Panginoon. Nakagawa siya ng mabibigat na kasalanan noon, at kahit nakapagsisi na siya, hindi pa rin maganda ang pakiramdam niya sa kanyang sarili at maging sa pagkanta sa koro.

Minasdan ko si Pangulong Faust, na nadarama na, bilang kinatawan ng Panginoon sa Unang Panguluhan, dapat ay may magawa siya. Pero paano ko sasabihin sa kanya, at ano ang magagawa niya? Pagkatapos ng pulong, lalabas siya ng silid tulad ng pagpasok niya rito, at walang magpapakilala sa kanila, walang makikipagkamay, at walang pagpapalitan ng mga salita. Naunawaan ko na abala siya at may pupuntahan pang iba, pero nagdasal pa rin ako.

Si Pangulong Faust naman, na malalim ang iniisip, ay tumingin sa akin sandali—na salubong ang mga kilay. Nang matapos ang pulong, nagliwanag ang kanyang masayang mukha.

Tumingin siyang muli sa akin at pagkatapos ay biglang tumayo, pumihit, at iniunat ang kanyang mga bisig hanggang sa maaabot nito. Itinuro niya ang kaibigan ko. Pagkatapos ay sinabi niya nang mariin at malakas, “Mahal ka ng Panginoon!”

Ang ipinakita ni Pangulong Faust ay maliit at simpleng bagay subalit napakabisa para isipin na nagmula iyon sa Espiritu Santo na sinasabi sa kanya ang hindi ko masabi. Napagpala ng maikling pananalitang iyon ang kaibigan ko at patuloy nitong pinalalakas ang aking pananampalataya na alam ng Panginoon ang mga detalye ng ating buhay at “na sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay” (Alma 37:6). ■

Alice Victoria Weston Sherwood, Arkansas, USA

NARINIG KO ANG MGA BATA

Ang clinical depression ay isang bagay na ayaw na ayaw kong maranasang muli. Ngunit matapos akong makawala rito nang 12 taon, nagbalik ito.

Natakot ako at nabalisa. Nagtanong ako sa Ama sa Langit at ipinagdasal ko na magkaroon ako ng lakas na malagpasan ang pagsubok na ito. Nagsumamo rin ako sa Kanya na huwag umabot nang limang taon ang aking depresyon, tulad noong huli.

Kaming mag-asawa ay may tatlong anak, dalawang lalaki at isang babae, na nagbigay sa amin ng 13 apo. Batid ang pighating dinaranas ko, sinabihan ng anak kong babae ang pamilya na magdaos ng isang araw ng pag-aayuno at panalangin. Lahat ng apo, edad 1 hanggang 10, ay gustong ipagdasal si Lola, at ang tatlong nabinyagan na ay gustong mag-ayuno. Lubhang nakapapanatag ang malaman na ang aking asawa, mga anak, at mga apo ay mag-aayuno at magdarasal para sa akin.

Kinabukasan pagkagising ko mula sa pag-idlip, medyo gumaan na ang pakiramdam ko. Kinabukasan mas

Lahat ng apo, edad 1 hanggang 10, ay gustong ipagdasal si Lola, at ang tatlong nabinyagan na ay gustong mag-ayuno.

gumaan pa ito. Sa ikalimang araw lubusan nang naglaho ang aking depresyon. Nang gabing iyon, habang pinag-iisipan ko kung paano nang-yari ang himalang ito, isang tinig ang umantig sa aking kaluluwa at sinabi nito sa akin, “Narinig ko ang mga bata.” Narinig sila ng Ama sa Langit sa kanilang kawalang-malay at sinagot ang kanilang mga dalangin na may pagpapakumbaba, pananampalataya, at pagmamahal.

Itinuro ng Tagapagligtas:

“Malibang kayo’y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

“Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit” (Mateo 18:3–4).

Sumulat ako sa aking mga apo at pinasalamat ko sila sa pag-aayuno at pagdarasal para sa akin. Sinabi ko sa kanila kung gaano ko sila kama-hal. Sinabi ko sa kanila na narinig at sinagot ng Ama sa Langit ang kanilang mga dalangin.

Habang lumalaki ang aking mga apo sa ebanghelyo, sana’y maalala nila ang panahon na sinabi ng Ama sa Langit sa lola nila na, “Narinig ko ang mga bata.” At sana’y mapalakas ng karanasang iyon ang kanilang patotoo at matulungan silang manatiling matatag sa ebanghelyo. ■

Joy Cromar, California, USA



LUBHANG KAAKIT-AKIT NA LASON

Paglabas ko sa pintuan sa harapan para kunin ang diyaryo, may nakita akong bagay na di kanais-nais. Isang mapulang punso ng mga hantik (fire ants) ang nabuo sa magdamag, mula sa bitak sa pagitan ng damuhan at ng bangketa.

Bagama't hindi nagtagal ang pagtira naming mag-asawa sa Texas, USA, alam ko mula sa karanasan na ang masakit na kagat ng hantik, hindi ang kulay nila, ang dahilan kaya sila tinawag nang gayon. Tumuloy ako sa garahe, kung saan namin itinago ang pesticide. Pagkatapos ay binasa ko ang nakasaad sa label.

"[Ang pesticide na ito] ay lubhang kaakit-akit sa mga hantik," sabi roon. "Dadalhin nila ito sa kanilang punso, ipapakain ito sa kanilang reyna, at mamamatay ang buong kolonya." Ang bilin sa akin sa label ay magbudbod ako ng ilang butil sa punso at sa paligid nito. At lalapit na ang mga hantik dito.

Nag-alinlangan ako. Para sa akin ay matalino ang mga hantik dahil kaya nilang makagawa ng matataas na punso sa buong magdamag lang. Nagduda ako kung malililang sila ng lason, pero nagbudbod pa rin ako ng ilang butil.

Pagkaraan ng ilang saglit nakita ko na abala na sa loob ng punso. Nanatili ako sa malayo pero yumukod ako para masdan ang nangyayari. Ang saya-saya nila na para bang kabubuhos lang ng manna mula sa langit. Dala-dala nila ang mga puting butil sa

maliliit nilang sipit at nagkakandarapa sila sa pagmamadaling maipasok ang lason sa kanilang punso.

Nasindak ako sa namasdan ko. Kusa nilang ipinapasok ang lason sa bahay nila. Mukhang hindi kalabisang gamitin ang mga salitang "lubhang kaakit-akit." Kahit paano nagawa ng kumpanya ng pesticide ang isang masamang bagay—na nakamamatay pa nga—na magmukhang kaakit-akit.

Wala pa akong nakitang mas matinding halimbawa ng isang paraan na mapagmumukhang kaakit-akit ang masama. Naisip ko tuloy kung paano ginagawa ni Satanas ang gayon ding bagay. Napanatag akong matanto na kahit maibubudbod niya ang kanyang nakabalatkayong lason sa paligid ng aking tahanan, hindi niya maipapasok iyon—maliban kung papayagan ko siya. Kaya paano ko masisiguro na hindi ito makapasok?

Naisip ko ang isa sa paborito kong mga talata sa banal na kasulatan: "Sapagkat masdan, ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama." Sa Diwang iyan, ipinaliwanag ni Mormon, "malalaman [natin] nang may ganap na kaalaman" kung ang isang bagay ay sa Diyos o kay Satanas (Moroni 7:16).

Dahil sa nakitang tiyak na kapahamakan ng mga hantik na iyon, napuspos ako ng pasasalamat na siguradong masasabi at malalaman naming mag-asawa kung papapasukin namin o hindi ang isang bagay sa aming

tahanan. Ang tungkulin natin ay turuan ang ating mga anak na sundin ang Espiritu ni Cristo para makilala rin nila ang lason kapag nakita nila ito.

Habang nakayukod ako roon, at minamasdang hakutin ng mga in-sektong iyon ang bawat huling butil papunta sa kanilang punso, isinumpa ko na gagawin ko ang lahat para hindi makapasok ang lason sa aking tahanan. ■

Alison L. Randall, Utah, USA

Ang bilin sa akin sa label ay magbudbod ako ng ilang butil sa punso at sa paligid nito. At lalapit na ang mga hantik dito.



Paninindigan SA Ating Pinaniniwalaan

Nabubuhay tayo sa isang mundo kung saan ang tingin ng marami sa masama ay mabuti at sa mabuti ay masama, at kailangan nating maninindigan para sa kabutihan. Narito ang mga patotoo mula sa mga young adult na nanindigan sa kanilang pinaniniwalaan. Hindi sila nakipagtalo o nagalit o nagsungit. Nagpakita sila “kapwa ng tapang at paggalang”¹ at, dahil dito, napalakas ang iba (tingnan sa 3 Nephi 12:44–45).





TUMANGGING UMINOM NG CHAMPAGNE ANG KAPATID KO

Sa France, obligasyon ang magsilbi sa militar. Ipinasiya ng 20-taong-gulang na nakababata kong kapatid na si Loïc na magpunta sa reserve officers' school para maging tinyente. Sa pagtatapos ng kanyang pag-aaral, manunumpa sa seremonya ang mga bagong pinuno. Isa-isa nilang bibigkasin ang regimental slogan. Pagkatapos ay iinom siya ng isang basong champagne na may rosas—at uubusin ito pareho. Ang tradisyong ito ay nagsimula kay Napoléon Bonaparte, at walang opisyal simula noon na hindi nakibahagi.

Sinabi ni Loïc sa koronel na ipinagbawal sa kanyang relihiyon ang uminom ng alak. Isang nakabibinging katahimikan ang sumunod sa paghiling ni Loïc na ipuwera siya. Tumayo ang koronel. Sa halip na pilitin si Loïc na inumin ang champagne, kinamayan siya nito sa pagsunod sa kanyang mga prinsipyo sa kabila ng pamimilit, na sinasabing ipinagmamalaki niyang makasama ang lalaking ito na may integridad sa kanyang regiment. Pinalitan nila ang champagne, at lumahok si Loïc sa seremonya ng panunumpa.

Pierre Anthian, France

INANYAYAHAN AKO SA ISANG WILD PARTY

Pagkatapos ko sa kolehiyo nagtrabaho kami ng kapatid kong si Grace sa isang kumpanya na may iba pang mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga amo namin ay hindi mga miyembro ng Simbahan. Nang malapit nang ikasal ang kapatid ko, nagplano ang amo namin ng isang sorpresang bridal shower para sa kanya. Umasa ako na igagalang niya ang aming mga pamantayan, ngunit sa halip ay umorder siya ng alak, isang lalaking mananayaw, at isang mahalay na video.

Bago ang bridal shower, nadama ko ang bulong ng Espiritu Santo sa aking isipan na hinihikayat akong ipaalala sa boss ko ang aming mga pamantayan. Hinawakan ko ang aking Young Women medallion at inisip ko ang lahat ng pagsisikap at sakripisyong nagawa ko noong nasa Young Women ako para kumpletuhin ang aking pansariling pag-unlad. Nanalangin ako na magabayan na manindigan sa oras na ito. Nag-text ako sa amo ko at sinabi ang mga alalahanin ko, na iniisip na baka magdamdam siya. Gayunpaman, ang pinakadakilang hangarin ko ay malugod ang Ama sa Langit.

Nang magsimula ang party, hindi ako kinausap ni nginitian ng boss ko. Gayunman, hindi nga niya itinuloy ang mananayaw at ang video.

Sa mga araw kasunod ng party, hindi nakipag-usap at nakipagtawanan sa akin ang boss ko na tulad ng ginagawa niya bago ang party. Gayunman, panatag ako dahil alam ko na nalugod ang Diyos sa ginawa ko. Makaraan ang mga isang linggo, bumalik na sa normal ang pakikitungo ng boss ko sa akin. Alam kong pinalambot ng Diyos ang puso niya at tinulungan siyang maunawaan na ipinamumuhay ko ang pinaniniwalaan ko.

Lemy Labitag, Cagayan Valley, Philippines



NAKARINIG AKO NG PAGMUMURA SA KLASE

Noong mga 18 anyos ako, nag-aral ako ng pananahi. Isang araw tatlong babae na ilang talampakan ang layo sa akin ang nagsimulang magmura. Hindi ko alam kung hindi ko sila dapat pansinin para walang away o kung dapat akong manindigan para sa aking mga pamantayan at pakiusapan silang tumigil. Kalaunan, sinabi ko nang napakahinahon, "Pasensya na, pero puwede bang huwag kayong magmura?"

Pinandilatan ako ng pinakamalaki sa mga babae at sinabing, "Sasabihin namin ang gusto naming sabihin."

Sabi ko, "Pero kailangan ba ninyo talagang magmura? Masakit talagang pakinggan."

Sabi niya, "Eh, di huwag kang makinig."

Malapit na akong mainis at sinabi ko, "Hindi maaaring hindi ko marinig kasi napakalakas ninyong magsalita."

Sabi niya, "Masanay ka na."

Suko na ako. Nainis ako sa mga babae, pero mas inis ako sa sarili ko. Hindi ako makapaniwala na hinayaan kong maging palaban ang tono ng boses ko. Nagmumura pa rin ang mga babae, at ngayon ay galit na kaming lahat.

Matapos akong huminahon, nakita ko na nagkaproblema ang mga babae sa makina nila. Alam ko kung ano ang sira dahil naging problema ko na rin iyon dati. Kaya ipinakita ko sa kanila kung paano ayusin iyon. Nakita ko ang pagbabago sa mukha ng pinakamalaking babae. "Uy," sabi nito, "sorry ha." Hindi ako makapaniwala—na humingi siya ng paumanhin. "Sorry din," sabi ko sa kanya. "Hindi ako dapat nagalit nang ganoon."

Bumalik ako sa aking makina at wala na akong narinig na pagmumura. Natutuhan ko sa karanasang iyon na maaaring hindi baguhin ng ating mga salita ang pag-uugali ng iba, ngunit madalas ay nagagawa iyon ng kabaitan at paglilingkod.

Katie Pike, Utah, USA



IPINAGTANGGOL KO ANG PAGMIMISYON

Sumapi ako sa Simbahan noong 19 anyos ako, pangalawa ako sa tatlong anak na lalaki at ako lang ang Banal sa mga Huling Araw sa aking pamilya. Hindi nagtagal matapos akong mabinyagan, nakadama ako ng hangarin na magmisyon. Pagkaraan ng isang taon, sinabi ng Espiritu sa akin na dapat akong humayo. Kinausap ko ang aking ina, na nadama na hindi makabubuting magmisyon ako. Nagpaliban ako nang isang taon, ngunit hindi kailanman nawala sa akin ang hangarin kong magmisyon. Noong taong iyon, pinag-aralan ko ang mga banal na kasulatan, nag-ipon ako ng pera, inihanda ko ang aking papeles, nagpa-medical exam, at—nang makumpleto ko ang lahat—hinintay ko ang Panginoon. Hindi nagtagal, natanggap ko ang tawag na maglingkod sa Brazil Campinas Mission.

Ayaw pa rin akong payagan ng mga magulang ko. Nag-ayuno ako at nanalangin, na sinasabi sa Ama sa Langit ang lahat ng pangamba ko. Pinakiusapan ko Siya na antigin ang puso ng tatay ko. Ginawa nga Niya iyon. Nagulat ako nang dumalo si Itay sa farewell party na inihanda para sa akin ng mga kaibigan ko noong araw ng Sabado bago ako umalis. At pagsapit ng Lunes, inihatid ako ni Itay sa airport.

Sa aking misyon, nadama ko ang pagmamahal ng Diyos sa pangangaral ko ng ebanghelyo. Hindi tumigil sa pagiging ina ang nanay ko, at nang makauwi ako, siya ang unang yumakap sa akin.

Nalaman ko na ang pagmimisyon ay higit pa sa tungkulin; ito'y isang pribilehiyo at kagila-gilalas na panahon ng paglago at pagkatuto.

Cleison Wellington Amorim Brito,
Paraiba, Brazil



NAGPATOTOO AKO TUNGKOL SA DIYOS

Bilang freshman sa pinakamahasag na unibersidad sa aming bansa, nadama ko na kailangan kong gawin ang lahat ng makakaya ko. Nakaranas ako ng pang-uusig, at nagsimula akong magduda sa paniniwala ko sa ebanghelyo dahil marami sa mga propesor ko ang nagpaliwanag na ang ipinahahayag nila ang siyang “katotohanan.” Marami sa mga kaklase ko ang naapektuhan. Nahirapan akong manatiling Kristiyano sa kapaligirang ito. Naisip kong tumigil pero ipinasiya ko na mas mabuting manatili. Ikinatwiran ko na kung kakaunti lang ang kwalipikadong nakapasok sa unibersidad na ito, at kasama sa kakaunting iyon ang ilang Banal sa mga Huling Araw, dapat akong manatili at manindigan sa katotohanan.

Ang biology professor ko, na isang ateista, ay nagtuturo ng tungkol sa siyensya nang hindi naniniwala sa Kataas-taasang Lumikha. Subalit sa mga naririnig ko pa, lalo pa nitong pinagti-bay sa akin na may isang Kataas-taasang Katauhan—ang ating Diyos Ama—na lumikha sa lahat ng bagay. Nakipagtalo ang iba na walang katuturan ang ideyang ito. Lalong tumindi ang mga talakayan namin. Gustung-gusto ko nang magtaas ng kamay at magpaliwanag na naniniwala ako sa Diyos na Lumikha.

Dumating na ang oras para magbigay ng komento o puna. Sa paaralan ko, normal sa mga tao ang palakpakan, sigawan, o kantiyawan ang mga taong naglalahad ng kanilang mga ideya. Buong tapang akong tumayo at sinabi ko nang malinaw sa mga kumokontra: “Maaaring walang katuturan sa inyo ang maniwala sa Diyos sa sandaling ito, ngunit darating ang araw na lahat ng ito ay magkakaroon ng katuturan sa inyo nang kasing-linaw ng nangyayari sa akin ngayon.”

Magmula noon, wala nang nangantiyaw sa akin kapag nanindigan ako para sa aking mga paniniwala. Magmula sa oras na iyon, humusay ako sa pag-aaral, mas natutong makihalubilo, at umunlad sa espirituwal. Nagsimula akong maging aktibo sa mga aktibidad ng mga estudyante, at nahalal ako sa iba't ibang katungkulan sa paaralan.

Nalaman ko na ang paninindigan sa katotohanan kahit minsan lang ay may malaking epekto sa ating mga desisyon sa hinaharap.

Vince A. Molejan Jr., Mindanao, Philippines

TALA

1. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Ang Halaga—at mga Pagpapala—ng Pagkadisipulo,” *Liahona*, Mayo 2014, 6.

Ang Aking Magkakaugnay na **PATOTOO**

Ni Ivy Noche

Itinuro ng mga missionary sa pamilya ko ang ebanghelyo sa aming tahanan sa Singapore. Hindi sumapi sa Simbahan ang tatay ko, pero sumapi ang nanay ko. Itinuro niya sa amin ang tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Kahit noong bata pa ako, ipinagamalaki ko sa mga kaibigan ko na Latter-day Saint ako.

Nagtitiwala ako lagi sa mga turo ng nanay ko. Ngunit nang lumaki na ako, tinanong ako ng isang missionary kung ilang beses ko nang nabasa ang Aklat ni Mormon. Naitanong na ito sa akin dati, pero sa pagkakataong ito natanto ko na dahil hindi ko nabasa ang Aklat ni Mormon, hindi ko alam kung ito ay totoo.

Isang Hindi Maitatatwang Katotohanan

Hindi ko na maiiwasan ang hindi maitatatwang katotohanan:

Para sa akin, ang katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo at ang katotohanan ng Aklat ni Mormon ay magkaugnay. Kung totoo ang ebanghelyo, ibig sabihin totoo ang Aklat ni Mormon.

ang katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo at ang katotohanan ng Aklat ni Mormon ay talagang magkaugnay. Kung totoo ang ebanghelyo, ibig sabihin totoo ang Aklat ni Mormon. Dahil hindi ko alam kung totoo ang Aklat ni Mormon, may alinlangan na ako ngayon sa lahat ng pinaniwalaan ko. Litung-lito ang isip ko, at

ang tanong na—“Totoo ba ang Aklat ni Mormon?”—ay nanatili sa puso ko.

Ang tumitibay kong kaugnayan sa Tagapagligtas na si Jesucristo ay naghikayat din sa akin na hanapin ang katotohanan. Ang araw na natanto kong hindi ko lubusang makikilala si Jesucristo kung hindi ko seryosong babasahin ang Aklat ni Mormon ang mismong araw na labis kong hinangad na malaman kung ito ay totoo.

Tinawag Bilang Guro

Ipinagdasal kong magabayan ako. Sa panahong ito, tinawag ako ng branch president na magturo ng Aklat ni Mormon sa Gospel Doctrine class. Tinanggap ko ang tungkulin dahil nadama ko na baka ito ang sagot ng Panginoon para ipaalam sa akin ang katotohanan ng Aklat ni Mormon at mas mapalapit ako sa Tagapagligtas.

Mahirap magturo. Matapos ang unang ilang Linggo, nalaman ko na hindi ako kailanman magiging epektibo hangga't hindi ako naniniwala sa Aklat ni Mormon.

Nalahad ang mga Kuwento sa Bawat Kabanata

Sinimulan kong pag-aralan ang Aklat ni Mormon bawat linggo at hindi nagtagal ay nasiyahan na ako sa pagbabasa. Nalahad ang mga kuwento sa Aklat ni Mormon sa bawat kabanata at mas napalapit ako kay Jesucristo.

Nabasa ko ang tungkol sa pagsilang ni Cristo, na nakita ni Nephi sa isang pangitain:

“At namasdan ko ang lunsod ng Nazaret; at sa lunsod ng Nazaret ay namasdan ko ang isang birhen, at siya ay napakaganda at napakaputi. . . .

“At sinabi [ng anghel] sa akin: Masdan, ang birheng iyong nakikita ang ina ng Anak ng Diyos, ayon sa laman” (1 Nephi 11:13, 18).

Nabasa ko ang tungkol sa plano ng kaligayahan at nalaman ko na kailangang manampalataya kay Jesucristo para maligtas tayo. Itinuro ni Amulek:

“Alam ko na si Cristo ay paparito sa mga anak ng tao, upang akuin niya ang mga pagkakasala ng kanyang mga tao, at siya ay magbabayad-sala

para sa mga kasalanan ng sanlibutan; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagsabi nito.

“. . . Sapagkat ayon sa dakilang plano ng Diyos na Walang Hanggan, kinakailangan na may isang pagbabayad-salang gawin, at kung hindi, ang buong sangkatauhan ay tiyak na hindi makaiwas na masawi” (Alma 34:8–9).

Nabasa ko ang tungkol sa pagministeryo ni Jesucristo sa iba Niyang mga tupa sa sinaunang Amerika, at nalaman ko na Siya ang Diyos ng lahat ng bansa. Sinabi niya sa mga Nephita: “Kayo yaong aking sinabi: Mayroon akong ibang mga tupa na hindi sa kawang ito; sila ay dapat ko ring dalhin, at kanilang diringgin ang aking tinig; at magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol” (3 Nephi 15:21).

Unti-Unti Akong Nagkaroon ng Patotoo

Habang binabasa ko ang Aklat ni Mormon, lumakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo at mas nauna-waan ko ang Kanyang plano (tingnan sa Alma 32:28).

Pinatotohanan ko na ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon. Inihayag sa akin ng Espiritu Santo na si Joseph Smith ay tunay na

propetang nagpanumbalik ng Simbahan ng Diyos sa lupa at nagsalin ng Aklat ni Mormon mula sa mga lamingang ginto. Ang Aklat ni Mormon ay nagpapatotoo kay Jesucristo at sumusuporta sa Biblia. Parehong pinatotohanan ng mga ito na si Jesucristo ay tunay na Anak ng Diyos at na Siya ang Diyos ng *lahat* ng bansa, hindi lamang ng isa. ■

Ang autor ay naninirahan sa Singapore.



ANG SALIGANG BATO NG ATING RELIHIYON

“Tulad ng pagguho ng arko kapag inalis ang

saligang bato, gayundin na guguhon o mananatiling nakatayo ang Simbahan batay sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. . . . Ngunit kung totoo naman ang Aklat ni Mormon—at milyon na ang nakapagpatunay na natanggap nila ang pagsaksi ng Espiritu na ito ay tala-gang totoo—kailangang tanggapin ng tao ang sinasabi ng Panunumbalik at lahat ng kaakibat nito.”

Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 118.

KALAYAANG PUMILI O MORAL NA KALAYAAN SA PAGPILI?

Ang matalinong paggamit ng kalayaang pumili ay nagbibigay sa atin ng sapat na panahong pumili at mas makapili nang tama.

Ni Michael R. Morris



Mga Magasin ng Simbahan

Naalala ko pa kung gaano katindi ang pag-aalala ko habang naghandanda akong makausap ang bishop ko tungkol sa pagmimisyon. Inisip ko kung karapat-dapat ba ako. Tulad ni Propetang Joseph Smith, hindi ako “nagkasala ng anumang mabigat o lubhang mapaminsalang mga kasalanan” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:28), pero kabado pa rin ako.

Kinakabahan ako dahil hindi ko maiwasang isipin ang nangyari sa kaibigan kong si Danny (binago ang pangalan). Ilang buwan ding ikinukuwento ni Danny kung gaano siya kasabik na makapagmisyon. Pero nagbago iyon nang makausap niya ang bishop.

Dahil may nagawang hindi tama si Danny sa ilang kabataang babae, kalaunan ay sinabi niya sa akin na ginawa niyang hindi karapat-dapat ang kanyang sarili na magmisyon. Hindi na siya makapili kung magmimisyon o hindi.

Si Danny, batay sa mga salita ni Pangulong Boyd K. Packer,



Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay natukso ni Satanang na “gamitin sa mali ang [kanyang] moral na kalayaan sa pagpili.”¹

Ang tunay na kalayaan, ayon sa itinuturo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay nakakamtan kapag ginamit natin ang ating kalayaan na piliing sumunod. Nawawala ang kalayaan, ayon sa natutuhan ni Danny, kapag pinili nating sumuway.

“Bagama’t malaya kayong piliin ang gusto ninyong gawin, wala kayong layang piliin ang mga resulta nito. Mabuti man o masama, kusang darating ang mga resulta ng mga pagpiling ginagawa ninyo.”²

Malayang Kumilos para sa Ating Sarili

Dahil itinuturo ng mga banal na kasulatan na tayo ay “malayang makapipili,” “malayang makakikilos,” at malayang gumawa ng mga bagay-bagay “sa [ating] sariling kalooban” (2 Nephi 2:27; 10:23; D at T 58:27; Helaman 14:30), madalas nating gamitin ang mga katagang “kalayaang pumili.”

Pero alam ba ninyo na ang mga katagang “kalayaang pumili” ay hindi makikita sa mga banal na kasulatan? Sa halip, itinuturo sa mga banal na kasulatan “[na] ang bawat tao ay makakilos sa doktrina at alituntunin . . . alinsunod sa *moral na kalayaan sa pagpili* na aking ibinigay sa kanya, upang ang bawat tao ay managot sa kanyang sariling mga kasalanan” (D at T 101:78; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang salitang *kalayaan* ay makikita [sa mga banal na kasulatan] nang nag-iisa o may panuring na *moral*. . . . Kapag ginamit natin ang mga katagang *moral na kalayaan sa pagpili*, angkop nating binibigyang-diin ang pananagutan

na mahalagang bahagi ng banal na kaloob na kalayaang pumili. Tayo ay mga nilalang na may moralidad at malayang kumilos para sa ating sarili, malayang pumili ngunit may pananagutan din sa ating mga pagpili.”³

Idinagdag pa ni Pangulong Packer, “Ang kalayaan sa mga banal na kasulatan ay ‘moral na kalayaan,’ ibig sabihin makapipili tayo sa pagitan ng mabuti at masama.”⁴ Ang kaloob na ito ng Diyos ay nangangahulugang tayo “ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabiha at kamatayan, alinsunod sa pagkabiha at kapangyarihan ng diyablo” (2 Nephi 2:27).

Ang Paghadlang ni Satanang sa Kalayaang Pumili

Dahil ang moral na kalayaan sa pagpili ay may mahalagang papel sa plano ng kaligtasan, hinangad ni Satanang na wasakin ito sa premortal na daigdig. Siya ay itinaboy dahil sa kanyang paghihimagsik at ngayon ay hangad niyang “linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang biha at kanyang kagustuhan” (Moises 4:3–4).

Gusto ni Satanang na piliin natin ang mga bagay na maglilimita sa ating kalayaan, hahantong sa masamang gawi at adiksiyon, at iiwan tayong walang lakas na labanan ang kanyang mga panukso. Ang maganda sa ebanghelyo ay ipinapaunawa nito sa atin ang ating mga pagpili at ang mga resulta ng mga pagpiling iyon. Ang matalinong paggamit ng kalayaang pumili ay nagbibigay sa atin ng sapat na panahong pumili at mas makapili nang tama.

Ang Halimbawa ng Tagapagligtas

Nang ilahad ang plano ng kaligtasan sa Malaking Kapulungan sa Langit, ipinakita sa atin ng Tagapagligtas kung paano gamitin nang tama ang ating moral na kalayaan sa pagpili. Sabi Niya, “Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan” (Moises 4:2). Dahil handa Siyang gawin ang kalooban ng Ama noon at kalaunan sa Halamanan ng Getsemani at sa krus (tingnan sa Mateo 26:39; Lucas 22:42), pinagdusahan ni Jesus ang ating mga maling pagpili at naglaan Siya ng paraan para mapatawad tayo sa pamamagitan ng pagsisisi.

Kung susundin natin ang halimbawa ng Tagapagligtas, sa halip na sabihing, “Ginagawa ko ang gusto ko,” sasabihin nating, “Ginagawa ko ang ipinagagawa sa akin ng Ama.”⁵ Ang paggamit ng ating moral na kalayaan sa ganitong paraan ay magbibigay sa atin ng kalayaan at kaligayahan.

Nang mag-usap kami ng bishop ko para sa aking unang interbyu sa misyon, nagpapasalamat ako na mabuti ang mga pinili ko. Makalipas ang ilang buwan naglingkod na ako sa Panginoon sa Guatemala—na itinuturo sa iba ang plano ng kaligtasan at ang mahalagang papel na ginagampanan ng moral na kalayaan sa planong iyan. ■

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, “Alam Ko ang mga Bagay na Ito,” *Liahona*, Mayo 2013, 8.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, (2011), 2.
3. D. Todd Christofferson, “Moral Agency,” *Ensign*, Hunyo 2009, 47.
4. Boyd K. Packer, “Alam Ko ang mga Bagay na Ito,” 8.
5. Tingnan sa Wolfgang H. Paul, “Ang Kaloob na Kalayaang Pumili,” *Liahona*, Mayo 2006, 35.



“Sinisikap kong huwag mag-isip ng masama, pero napakaraming tukso. Paano ako magkakaroon ng mas malinis na isipan?”

Mahirap pigilin ang isipan mo, pero ito ay posible at naghahatid ng mga pagpapala: “Habang natututuhan ninyong pigilin ang inyong mga kaisipan, mapagtagumpayan ninyo ang mga ugali, kahit na ang mga pag-uugaling nakapagpapababa ng pagkatao. Magkakaroon kayo ng tapang, malulupig ang takot, at magiging maligaya ang inyong buhay.”¹

Isipin din ang mga pagpapalang ito:

- Tutulungan ka ng malinis na kaisipan na ang iyong “pagtitiwala ay [lumakas] sa harapan ng Diyos,” at “ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina” (D at T 121:45–46).
- Tutulungan ka ng malinis na kaisipan na madama ang inspirasyon, dahil ang Espiritu Santo ay mangungusap sa iyong puso at isipan (tingnan sa D at T 8:2–3).
- Tutulungan ka ng malinis na kaisipan na sundin ang unang dakilang utos na: [ibigin] ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo (tingnan sa Mateo 22:37).

Marami kang magagawa para magkaroon ng mas malinis na kaisipan, tulad ng makikita mo sa mga ideyang nasa mga pahinang ito. Ngunit ang isa sa mga pangunahing bagay na magagawa mo—at ito’y unti-unting proseso—ay ang daigin ang “likas na tao.” Gusto ng likas na lalaki o babae ang maruruming kaisipan. Narito ang paraan para madaig ito: “Ang likas na tao ay kaaway ng Diyos . . . at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at maging tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig” (Mosias 3:19).

Ano ang isang bagay na magagawa mo ngayon para magdulot ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ng ganitong pagbabago sa buhay mo?

TALA

1. Boyd K. Packer, “Karapat-dapat na Tugtugin, mga Karapat-dapat na Kaisipan,” *Liahona*, Abr. 2008, 31.



Media at mga Kaibigan

Magandang simulan ito sa pagpili ng mga pelikula, musika, at literatura na nagbibigay-inspirasyon. Pumili ng

mga kaibigan na makakausap mo nang makabuluhan at makakasama mo sa mabubuting aktibidad. Kapag mas marami kang naiisip na mabubuting bagay, unti-unting magiging mas madali para sa iyo na iwaksi ang masasamang kaisipan, at bihira mo na itong maiisip.

Amber S., edad 18, British Columbia, Canada

Panalangin

Mas inilalapit ako ng panalangin sa ating Ama sa Langit at tinutulungan akong magtuon sa mabubuting kaisipan. Ang araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ay nagpapalakas ng tiwala ko sa sarili na malalabanan ko ang mga tukso; sa mga banal na kasulatan nababasa ko ang mga halimbawa ng matatapat na disipulo ni Cristo. Ang pagpapatotoo ay tumutulong din para mapanatili kong malinis ang aking isipan.

Dasha M., edad 17, Kyiv, Ukraine



Mga Banal na Kasulatan

Nakakatulong ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan tuwing umaga bago pumasok sa paaralan. Kapag

nakakaisip ako ng masama, agad ko itong pinapalitan ng mas mabuting bagay. Sa halip na sabihin lang na, “Huwag mong isipin iyan” (na magandang gawin), palitan ito ng mabuting kaisipan. Tandaan mo, ikaw ang kumokontrol sa isipan mo, hindi si Satanas. Tayo ay magigiting na anak

na lalaki at anak na babae ng Ama sa Langit at misyon nating patuloy na magpakabuti.

Nick C., edad 16, Arkansas, USA



Mabuti o Tama?

Hindi mo laging mako-kontrol ang mga pumasok sa isip mo, pero makokontrol mo ang pananatili nito sa isipan

mo. Maitatanong mo: Makakabuti ba sa akin ang kaisipang ito? Matutulungan ba ako nitong pumunta sa tamang direksyon? Kapag may naisip kang bagay na nakatutukso, kumanta ng mabuting awitin, mag-isip ng magandang alaala, o manalangin. Palitan mo lang ng mabubuting bagay ang masasamang bagay na naiisip mo.

Lisa P., edad 17, Denmark



Halimbawa ni Lehi

Sa 1 Nephi 15:27, sinabi ni Nephi sa kanyang mga kapatid na ang kanilang ama, sa pangitain nito tungkol sa punungkahoy ng buhay, ay napapaligiran ng karumihan. Ngunit hindi napansin ni Lehi ang karumihan dahil “sa dami ng mga iba pang bagay na nasa kanyang isipan.” Nangyayari ito sa atin ngayon. Kung gusto nating mapuspos ng kabutihan, ipagdasal natin ito, at pagtuunan ang mabubuting bagay, sa gayon ay lubos na mapuspos ng kabutihan at kabanalan ang ating isipan at hindi na mananatili pa ang maruruming kaisipan.

Hattie W., edad 16, Arizona, USA

Mga Himno

Matutulungan tayo ng mga himno na magkaroon ng mas malilinis na

kaisipan. Nagpapasigla ang mabuting musika. Kapag nakakarinig ako ng mga himno, lagi akong iniaangat nito sa mas payapa at makalangit na lugar. Nagpapaalala ito sa akin na mahal ng Ama sa Langit ang bawat isa sa atin, at nagiging mas madaling iwasan ang tukso.

Amanda A., edad 18, Amazonas, Brazil

Pag-aaral ng Banal na Kasulatan ng Pamilya

Kapag may naiisip akong hindi maganda, sinisikap kong alalahanin ang mga talata sa banal na kasulatan na nabasa ng pamilya namin sa umaga. Tuwing alas-6:00 ng umaga, samasamang nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang pamilya namin. Maaga iyon, pero nakatutulong at mas nagpapalakas ito sa akin sa maghapon.

Elena W., edad 16, Switzerland



Sakramento

Sinasabi sa panalangin sa sakramento na kung tataglayin natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, susundin ang

Kanyang mga kautusan, at lagi Siyang aalalahanin, laging mapapasaatin ang



ISIPIN ANG MGA BAGAY NA ITO

“Dito sa kung minsan ay mapanganib na paglalakbay sa mortalidad, maaari

din nating sundin ang payo mula kay Apostol Pablo na makatutulong upang manatili tayong ligtas at nasa tamang landas: ‘Anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito’ [Mga Taga Filipos 4:8].”

Pangulong Thomas S. Monson, “Paglingon at Pagsulong,” Liahona, Mayo 2008, 90.

Kanyang Espiritu. Sa pag-alaala sa Kanya, nagsisikap tayong alisin sa isipan natin ang mga temporal na bagay at magtuon sa mga bagay na ukol sa kawalang-hanggan. Kapag inaalala natin Siya palagi, ang ating mga iniisip, ninanais, at ginagawa ay magiging mas mabuti.

McKay M., edad 18, Utah, USA

SUSUNOD NA TANONG

“Nang magkasakit si Inay, nag-ayuno at nanalangin kami para sa kanya, pero namatay pa rin siya. Paano ko matatanggap iyan?”

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Nobyembre 15, 2014, sa liahona.lds.org (i-klik ang “Submit Your Work”), sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.



**MGA ARALING
PANG-LINGGO**

Ang Paksa sa Buwang ito:
**Pagiging Higit na
Katulad ni Cristo**

Paano Magtanong ng mga Bagay na Mahalaga

Ang pagtatanong nang tama ay makatutulong para magkaroon ang mga tao ng patotoo sa katotohanan.

Ni David A. Edwards

Mga Magasin ng Simbahan

May mga pagkakataon kayong turuan ang nasa paligid ninyo, ito man ay sa maikling pakikipag-usap habang nasa bus, sa isang araling itinuturo sa simbahan, sa mga online comment, o sa seryosong pakikipag-usap sa isang kaibigan.

Kaya narito ang isang tip para sa epektibong pagtuturo sa anumang sitwasyon: magtanong.

Ang magagandang tanong ay nauwi sa mabuting pagkatuto, at buti na lang, ang magandang pagtatanong ay isang bagay na mapag-aaralan, mapapraktis, at matututuhan ninyong gawing mabuti. Narito ang paraan.

Magtanong ng mga Bagay na Mahalaga

Ang mahahalagang tanong ay yaong nagpapisip at umaantig sa inyo, mga tanong na aakay sa inyo sa katotohanan, patotoo, at pagbabago. Maaari itong kapalooban ng maraming paksa, pero karaniwan ay kakaunti ang pagkakatulad ng mga ito: (1) hindi ito mababaw o batay lang sa katotohanan (bagama't maaari itong itanong kasunod ng mga tanong na batay sa katotohanan), (2) may ilang kaugnayan ito sa ating pang-araw-araw na buhay, at (3) hinihikayat tayo nitong magbigay ng sagot na talagang pinag-isipan.

Alalahanin Kung Bakit Tayo Nagtatanong

Ang mga tanong ay naghihikayat sa atin na hanapan ng sagot ang mga tanong na nasa ating isipan. Ang pagtatanong, lalo na ng mga bagay na naghihikayat na magmuni-muni ang taong tinatanong ay maaaring magbunga ng ganito:

1. Nagiging interesado ang mga tao sa sinasabi ninyo.
2. Ginagamit nila ang kanilang kalayaang pag-isipan at ipahayag ang sagot.
3. Ang paggamit ng kalayaang ito ay nagtutulot sa Espiritu Santo na patunayan sa kanila ang katotohanan.¹

Dahil alam na ninyo ang paraan, magkakaroon na kayo ng ideya kung ano ang mga itatanong at alin ang mga iiwasang itanong.

Halimbawa: Sa halip na itanong lang ang, “Bakit mahalagang magbasa ng mga banal na kasulatan?” maaari ninyong itanong ang, “Paano nakagawa ng kaibhan sa buhay ninyo ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan?”

Tandaan na Nagtuturo Kayo sa mga Tao, Hindi Lamang ng mga Aralin

Kung kilala ninyo ang mga taong tinuturuan ninyo at iniisip ang kanilang mga pangangailangan, pipili kayo ng mga tanong na makatutulong sa kanila, hindi lamang kayo basta magtuturo ng ilang ideya.

Halimbawa: Sa halip na itanong lang ang, “Ano ang mga hakbang na dapat gawin sa pagsisisi?” maaari ninyong itanong ang, “Paano ninyo itatama ang mga bagay kapag alam ninyo na nakagawa kayo ng mali?”

Mag-aral at Mag-isip nang Malalim

Para maging handang magturo ng ebanghelyo, pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga makabagong propeta at apostol, at manalangin upang mapasainyo at sa mga tinuturuan ninyo ang Banal na Espiritu (tingnan sa D at T 42:14; 50:21–22).

Gayon din, kung gusto ninyong tanungin ang mga tao ng mga bagay na magpapaisip sa kanila, dapat ay kayo rin mismo ang mapapaisip sa tanong ninyo. Pag-isipang mabuti ang pinag-aaralan ninyo. Makikita ninyo na ang nagpapaisip sa inyo nang napakalalim ay ang mga bagay na matagal na pala ninyong itinatanong sa inyong sarili. Pag-ukulan ng pansin ang uri ng mga tanong na talagang nagpapaisip sa inyo. Ito ang mga tanong na nagbunga ng mas malawak na kaalaman at patotoo, mga tanong na maaaring itanong din ninyo kapag tinutulungan ninyo ang iba na matutuhan ang ebanghelyo.

Halimbawa: Sa halip na itanong ang, “Paano tayo magkakaroon ng pag-ibig sa kapwa?” maaari ninyong itanong ang, “Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin sa Moroni 7:48 na manalangin ‘nang buong lakas ng puso’ na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa?”



Unti-unting Magpunta sa Mas Mahihirap na Tanong

Kung minsan pinakamainam na bago magpunta sa mahihirap na tanong ay magsimula muna kayo sa simpleng tanong na madaling sagutin at pagkatapos ay sundan ito ng isa o dalawang tanong na kakailanganin ang mas pinag-isipang sagot. Narito ang ilang simpleng halimbawa:

Panimulang Tanong	Follow-up na Tanong
Ilang taon si Joseph Smith nang pumunta siya sa Sagradong Kakahuyan?	Kailan <i>kayo</i> nanalangin sa Ama sa Langit nang may taimtim na hangaring katulad ng kay Joseph?
Naniniwala ba kayo sa Diyos?	Ano ang papel ng Diyos sa buhay ninyo?
Ano ang nagawa ninyo para mapaglingkuran ang iba kamakailan?	Paano nabago ang pananaw ninyo sa paglilingkod dahil nalaman ninyo na lahat tayo ay mga anak ng Diyos?

Kung hihingin ninyo ang patnubay ng Espiritu Santo kapag nagtatanong kayo, mas malamang na tama ang maitanong ninyo sa tamang oras. Hindi kayo nakatitiyak sa mangyayari. Baka mabago nito ang buhay ng isang tao. ■

TALA

1. “Dapat ninyong gamitin ang inyong kalayaang tulutan ang Espiritu na turuan kayo” (Richard G. Scott, “Upang Magtamo ng Espirituwal na Patnubay,” *Liahona*, Nob. 2009, 8).

MGA TIP SA PAGTATANONG

- Maghintay ng mga sagot.
- Magtanong pa ng mga bagay na maghihikayat ng mas malalim na pag-iisip.
- Iwasan ang mga tanong na lilikha ng kontrobersiya o magiging dahilan ng pagtatalo.
- Magtanong paminsan-minsan ng mga bagay na naghihikayat ng tahimik na pagninilay.

Para sa iba pang mga tip, tingnan sa, *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* (2000), 84–86.

SUMALI SA USAPAN

Mga Bagay na Pag-iisipan para sa Araw ng Linggo

- May nagtanong na ba sa inyo na nagpa-sidhi ng pagnanais ninyong malaman ang iba pa tungkol sa ebanghelyo o nagpabago ng buhay ninyo sa ilang paraan?
- Paano gumamit ng mga tanong ang Tagapagligtas sa pagtuturo Niya?

Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin

- Habang pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan sa linggong ito, isulat ang ilan sa mga tanong na maiisip ninyo.
- Sa simbahan, gawing bahagi ng talakayan sa klase ang pagtatanong.



**Ni Elder
Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

PAANO MATATAMO ANG LAKAS AT TAGUMPAY

Alam ng ilan sa inyo kung ano ang gusto ninyong marating at gawin sa inyong buhay, at ang ilan naman ay hindi alam ang gagawin sa buhay. Ang ilan sa inyo ay tila napakaraming biyaya at magagandang pagpipiliang naghihintay sa inyo. Nadarama naman ng iba sa inyo, kung minsan at sa anupamang dahilan, na hindi kayo gaanong mapalad at kaka-unti ang magagandang oportunidad na naghihintay sa inyo.

Ngunit sinuman kayo at saanman ninyo matagpuan ang inyong sarili sa pagtahak sa landas ng buhay, iniaalay ko sa inyo “ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay” (Juan 14:6). Saanman ninyo iniisip na makapunta, hinihiling ko sa inyo na “[magsiparoon sa Kanya]” (tingnan sa Mateo 11:28–30) bilang unang mahalagang hakbang para makarating doon, sa paghahanap ng sarili ninyong kaligayahan at lakas at tagumpay.

Nang unang marinig nina Andres at Felipe na magsalita si Jesus, sila ay

lubos na naantig, lubos na nahikayat kaya sila **sumunod sa Kanya** nang lisanin Niya ang mga tao. Nang maramdaman Niyang sinusundan Siya, lumingon si Cristo at tinanong ang dalawang lalaki, “Ano ang inyong hinahanap?” (Juan 1:38). Isinalin iyan ng iba sa simpleng mga salitang, “Ano ang gusto ninyo?”

Sumagot sila, “Saan ka tumitira?” o “Saan ka nakatira?”

At sinabi ni Cristo, “**Magsiparito kayo, at inyong makikita.**” Di-nagtagal pormal Niyang tinawag si Pedro at ang iba pa sa mga bagong Apostol sa gayunding pag-anyaya, “**Magsisunod kayo sa hulihan ko**” (tingnan sa Mateo 4:19).

Para sa akin ang kahulugan ng ating buhay ay nakabuod sa dalawang maiikling elemento sa mga unang yugtong ito ng ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo. Ang isang elemento ay ang tanong, sa bawat isa sa atin, “Ano ang inyong hinahanap? Ano ang gusto ninyo?” Ang pangalawa ay ang Kanyang sagot kung paano natin matatamo iyon. Sino man tayo, at anuman ang mga problema natin, iisa ang Kanyang laging sagot, magpakailanman: “**Magsisunod kayo sa hulihan ko.**” Halikayo at tingnan ninyo kung ano ang ginagawa ko at paano ko ginugugol ang aking panahon. **Kilalanin ako**, tularan ako, at sa paggawa niyan ay sasagutin ko ang inyong mga panalangin at pagpapahingahin ko ang inyong kaluluwa.

Mahal kong mga batang kaibigan, wala akong alam na ibang paraan para kayo magtagumpay o maging masaya o maging ligtas. Wala akong alam na ibang paraan para makayanan ninyo ang inyong mga pasanin o matagpuan ang tinawag ni Jacob na “yaong kaligayahang inihanda para sa mga banal” (2 Nephi 9:43). Kaya nga tayo **gumagawa ng**

mga sagradong tipan ayon sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo, at kaya nga natin **tinataglay sa ating sarili ang Kanyang pangalan.**

Si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay. Ito ang Kanyang tunay at buhay na Simbahan. Nais Niya tayong lumapit sa Kanya, sumunod sa Kanya, upang **mapanatag Niya tayo.** Pagkatapos ay nais Niyang **panatagin natin ang iba.** Nawa’y magkaroon tayo ng sapat na pananampalataya na **tanggapin ang kabutihan ng Diyos** at ang awa ng Kanyang Bugtong na Anak. Nawa’y lumapit tayo sa Kanya at sa Kanyang ebanghelyo at mapagaling. ■

Mula sa isang fireside sa Brigham Young University na ibinigay noong Marso 2, 1997.

PAANO NINYO ITO NAIPAMUHAY?

“Gusto ni Jesucristo na sumunod tayo sa Kanya. Kailangan nating tulungan ang iba at huwag kalimutan na hindang-hindi Niya tayo kalilimutan.”

Cecilia E., Philippines

.....

“Sa paglapit sa Tagapagligtas, kailangan nating tularan, sa abot ng ating makakaya, ang Kanyang halimbawa at hayaang makasama natin Siya sa bawat sandali.”

Allyson L., Arizona, USA



—FAMILY HISTORY—

GINAGAWA KO ITO

Ang pagsisimula ay maaaring maging madali at masaya. Ang mga kabataan sa iba't ibang panig ng mundo ay gumagawa ng family history at gumagawa ng kaibhan.

Saan magsisimula? Siguro inii-sip mo na nagawa na ng mga kamag-anak mo ang lahat ng dapat gawin. O marahil ay bago ka pa lang sa paggawa ng family history at parang napakahirap nito. Sinimulan mo man ito sa pagsulat ng sariling journal, paghahanda ng mga pangalan para sa templo, o pagkuha ng impormasyon mula sa mga buhay mong kamag-anak, maaari kang makibahagi sa family history sa masaya at makabuluhang mga paraan.

Pagsusulat sa Sariling Journal: Pag-alaala sa Ating mga Pagpapala

Ang pagsusulat sa journal ay hindi madali. Madalas nating sabihin sa ating sarili na masyado tayong abala o pagod o hindi masaya ang buhay natin para isulat. Natanto ko ilang taon na ang nakaraan na hindi naman mahirap magsulat sa journal at na magugustuhan ko rin ito.

Sinimulan ko ito sa pagsulat ng isang bagay bawat araw. Hindi mahalaga kung mahaba o masaya ito; basta isinulat ko lang ang anumang nasa isip ko o anumang nangyari sa akin sa araw na iyon. Napagpala na nito ang buhay ko.

Isang araw nagkaroon ng problema ang isang kapamilya ko at hindi ko tiyak kung ano ang sasabihin sa kanya, pero naisip kong basahin sa kanya ang isa sa mga isinulat ko sa journal. Naibahagi ko sa kanya ang ilang naranasan ko na isinulat ko sa itim na journal na iyon, at nakita ko kung paano nito pinagaan ang pakiramdam niya.

Tinitiyak ko sa iyo na kung magsisimula ka sa pagsulat ng isang bagay bawat araw, pagpapalain nito ang buhay mo. Gaano man kaliit o kalaki, matutulungan ka ng pagsulat ng mga biyaya sa buhay mo na maalala ang mga ito.

Gentry W., Utah, USA

Kagalakan sa Family History: Pagsasaliksik sa mga Ninuno

Nang binyagan ako, marami akong narinig tungkol sa family history, pero hindi ko alam kung paano gawin o kung kaya kong gawin iyon. Ipinasiya kong ipagdasal ito, at nadama ko na dapat ko na itong simulan kaagad. Nadama ko na sabik na sabik na ang aking mga ninuno na simulan ko ito at na tutulungan nila akong mahanap ang impormasyong kailangan upang magawa ang mga ordenansa.

Nagsimula ako sa pagkuha ng family history course, at di-nagtagal ay natawag akong maging family history consultant. Kinabahan ako dahil wala akong gaanong alam tungkol dito, pero tinanggap ko ang tungkulin.

Isang araw dinalaw ko ang kapatid ng lola ko, na may mga dokumento tungkol sa aking lola-sa-tuhod. Ayaw niyang magbahagi ng maraming impormasyon dahil kaugalian nila na huwag pag-usapan ang mga yumaong kamag-anak. Sinabi niya na kinabukasan ay anibersaryo ng kamatayan ng aking lola-sa-tuhod, at susunugin na niya ang mga dokumento. Itinanong ko kung maaari muna akong maka-kuha ng ilang impormasyon mula roon, at pumayag naman siya. Alam ko na tutulungan ako ng Ama sa Langit na maipagpatuloy ang pagsasaliksik ko.

Nang maglingkod ako sa family history center malapit sa templo, patuloy kong natuklasan ang iba pa tungkol sa aking angkan. Nalaman ko na dalawa sa lolo't lola ng aking lola-sa-tuhod ay Italyanong dayuhan na may bukiring malapit sa São Paulo, Brazil. Hindi na naka-ugnayan ng pamilya ko ang kanilang mga kamag-anak na nasa bukirin, pero nahanap ko ang isang pinsan na nagsulat ng aklat tungkol sa genealogy ng aming pamilya. Ibinigay niya sa akin ang aklat, na siyam na taon niyang isinulat. Sinabi niya na hindi niya alam kung bakit dapat niya itong isulat pero nadama niya na matutulungan nito ang isang tao balang-araw. Alam ko na ang diwa ni Elias ang nagbigay ng inspirasyon sa kanya.

Natutuhan ko sa aking mga karanasan na gumagawa tayo ng isang sagradong gawain. Hinihintay ng ating mga ninuno ang tulong natin at tutulungan nila tayo.

Gabriel D., Brazil



Paggawa ng Gawain sa Templo: Mga Sagradong Ordenansa

Ako ay nabinyagan at nag-iisang Amiyembro ng Simbahan sa aking pamilya. Nalaman ko na isa sa mga sagradong ordenansa ay ang binyag para sa mga patay. Sumama ako sa isang temple tour, at habang nakikinig sa mensahe tungkol sa mga ordenansa, naramdaman ko na sinabi sa akin ng isang marahan at banayad na tinig na magpunta ako sa family history center para magsumite ng temple ordinance request para sa aking ina, na pumanaw na. Napakasaya ko nang kumpirmahin ng FamilySearch account kalaunan na nagawa na ang gawain sa templo para sa kanya. Pinalakas nito ang aking patotoo, at alam ko na ang isa sa mga dahilan kaya tayo narito sa daigdig ay para tulungan ang ating mga ninuno na matanggap ang tunay na ebanghelyo ni Jesucristo.

Marvin S., Philippines

Pagsunod sa Pahiwatig: Matuto mula sa Buhay na mga Kamag-anak

Nang makatapos ako sa hayskul, nadama ko na dapat kong bisitahin ang lahat ng apat na lolo't lola ko. Nagkaroon ako ng libreng oras, at naisip ko na baka hindi na ako magkaroon muli ng ganitong pagkakataon, kaya lumagi ako nang isang linggo sa bawat pares ng mga lolo't lola ko.

Naghalungkat ako sa mga lumang kahon, nagbasa ng mga lumang sulat,





MAKIBAHAGI SA ISANG BAGAY NA WALANG HANGGAN

“Ipinagdasal na ba ninyo ang gawain para sa sarili ninyong mga ninuno? Isantabi ang mga bagay sa inyong buhay na hindi mahalaga. Magpasiyang gawin ang isang bagay na magkakaroon ng epekto sa kawalang-hanggan....

“Saanman kayo naroon, sa pamamagitan ng panalangin, panamapataya, determinasyon, sigasig, at kaunting sakripisyo, malaki ang maiaambag ninyo. Simulan na ngayon. Ipinapangako ko na tutulungan kayo ng Panginoon na mahanap ang daan. At napakaganda ng mararamdaman ninyo.”

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay,” *Liahona*, Nob. 2012, 95.

at tumingin sa mga lumang larawan. Itinala ko ang mga kuwento ng buhay ng mga lolo’t lola ko, naglakad-lakad ako sa mga sementeryo, at binisita ko ang mga tinirhan at pinagtrabahuhan ng mga lolo’t lola ko at kanilang mga kamag-anak. Napakasaya! Marami akong nalaman tungkol sa aking mga ninuno, lolo’t lola, magulang, at sa sarili ko. Natanto ko na hindi ko mararanasan ang buhay ko ngayon kung hindi dahil sa aking mga ninuno.

Pagkatapos ng biyahe ko, umuwi ako na may dalang 1,000 pangalan ng aking mga ninuno at nagawa ko ang gawain sa templo para sa marami sa kanila. Ang pagsunod sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo at pakikipag-usap ko sa mga lolo’t lola ko ang isa sa pinakamagagandang desisyong nagawa ko.

Shenley P., California, USA

Nadarama sa Tahanan: Pagdadala ng mga Pangalan sa Templo

Nang humingi ako ng mga ideya sa tatay ko tungkol sa family history para makumpleto ang aking Pansariling Pag-unlad, sinabi niya na nakahanap siya ng ilang pangalan ng mga kamag-anak namin ilang taon na ang nakalipas pero hindi niya naihandang dalhin mismo ang mga pangalan sa templo dahil sa dami ng ginagawa niya. Maaari akong makatulong para matanggap ng mga kamag-anak kong ito ang mga pagpapala ng templo.

Nang sumunod na ilang buwan, ginugol ko ang mga Linggo ng hapon at gabi sa pagpasok ng mga pangalan sa computer at pakikinig sa mga kuwento ng tatay ko tungkol sa pamilya. Umorder pa kami ng microfiche para makahanap ng iba pang impormasyon. Kung minsan kapag mahirap basahin ang mga lumang film, tahimik akong nagdarasal at pagkatapos ay inilalabas ko ang papel para maaninag ko ang mga nakasulat doon. Mula sa pagkakatago, naglitawan ang mga pangalan.

Nakatipon ako ng maraming pangalan ng mga kamag-anak, at tumulong ang mga kabataan sa aming ward sa pagkumpleto ng mga pagbibinyag. Pagkatapos ay kinuha ng mga magulang ko at ng iba pang mga miyembro ng ward ang mga name card para kumpletuhin ang iba pang mga ordenansa sa templo.

Tila ang bilis ng panahon at naghahanda na akong pumasok sa templo para sa sarili kong endowment. Masaya ako pero kinakabahan din ako.

Habang papunta kami sa templo, sinabi ng tatay ko na nakita niya ang ilan sa mga name card ng pamilya na naihanda ko para sa aking proyekto sa Pansariling Pag-unlad. Ang ilan ay nawaglit na, kaya dinala niya ang mga name card para kumpletuhin nila ni Inay at ng nobyo ko. Sinabi niya sa akin ang mga pangalan nila, at naalala ko na naroon nga sila sa proyekto ko.

Nang gawin ko ang mga sagradong tipan sa templo, pakiramdam ko ay napaliligiran ako ng aking mga mahal sa buhay sa magkabilang panig ng tabing. Nakadama ako ng matinding kapayapaan batid na mabubuklod ako nang walang hanggan sa aking pamilya. ■

Holly P., Idaho, USA



IBAHAGI ANG INYONG KARANASAN

Ibahagi ang inyong mga karanasan sa family history sa lds.org/youth/family-history/experiences.

TUKLASIN SILA, TUKLASIN ANG SARILI MO

Ang buhay mo ay nagmula sa iba't ibang henerasyon.
Alamin ang pinagmulan ng iyong kasaysayan.
Bumisita sa FamilySearch.org.



Matapos akong interbyuhin para sa misyon, sabi ng aking stake president, “May mga mangyayaring di-inaasahan sa buhay mo na pipilitin kang magbago ng isip.”

OPOSISYON SA AKING MISYON

Ni Alcenir de Souza

Sumapi ako sa Simbahan sa edad na 15, at makalipas ang apat na taon ay isinumite ko ang aking aplikasyon sa misyon. Nang interbyuhin ako ng aking stake president, pinuri niya ako sa desisyon kong maglingkod sa Panginoon bilang full-time missionary. Pagkatapos ay may sinabi ang inspiradong lider na ito na nag-iwan ng malalim na impresyon sa akin: “Brother, mula ngayon, may mga mangyayaring di-inaasahan sa buhay mo na pipilitin kang magbago ng isip tungkol sa desisyon mong maglingkod sa Panginoon.”



Habang hinihintay ang mission call ko, nagtrabaho ako bilang trainee sa Xerox. Dahil sa trabahong ito nabili ko ang ilan sa mga bagay na kakailanganin ko sa misyon at natulungan ko pa ang nanay ko sa mga gastusin sa bahay. Maayos ang takbo ng lahat.

Ang malungkot, nagsimula ngang mangyari ang “mga di-inaasahan.” Una, may nambugbog sa nanay ko at halos matatay siya sa natamo niyang mga sugat, ngunit mahimalang iniligtas ng isang mabait na Ama sa Langit ang kanyang buhay.

Noong panahong iyon, nakatira kami ng nanay ko at dalawang nakababatang kapatid ko sa isang paupahang bahay. Umaasa kami sa kita ko at sa maliit na benepisyong tinanggap ni Inay sa pagkamatay ni Itay ilang taon bago iyon.

May ilang tao, pati na mga miyembro ng Simbahan, ang nagtanong ng ganito, “May lakas ka ba ng loob na iwanan ang nanay mo sa ganitong kalagayan at magmisyon?” Dahil paulit-ulit kong narinig ang tanong na ito nagsimula akong mag-alinlangan.

Isang araw tinawag ako ng aking stake president at sinabi sa akin na dumating na ang aking mission call at pinapunta ako





HUWAG SUMUKO

“Nangyayari ang [oposisyong] ito halos saanman[*g*] dako na may

nangyayaring mabuti. Maaaring mangyari ito habang sinisikap ninyong makatapos ng pag-aaral. Maaaring [maranasan mo] ito pagkaraan ng unang buwan sa iyong bagong lugar na pinagmimisyunan. . . .

“May mga babala at pagsasaalang-alang sa anumang mahalagang desisyon, subalit kapag nagkaroon ng kaliwanagan, mag-ingat sa tuksong umurong sa isang mabuting bagay. Kung ito’y tama nang iyong ipanalangin at nagtiwala at umasa rito, tama ito ngayon. Huwag sumuko kapag dumarami ang [tukso].”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Huwag Nga Ninyong Itakuwil ang Inyong Pagkakatiwala,” *Liahona*, Hunyo 2000, 38.

sa kanyang opisina noong gabing iyon para maibigay sa akin ang pinakahihintay na sobre mula sa headquarters ng Simbahan. Kinakabahan pero masaya ako sa balita.

Nang araw ding iyon, sinabi ng manager ko sa trabaho na kakausapin niya ako bago mananghalian.

Pagpasok ko sa kanyang opisina, magiliw niya akong binati, at nagkuwentuhan kami nang ilang minuto tungkol sa training ko at sa mga natutuhan ko sa kumpanya. Pagkatapos, may sinabi ang taong iyon na mataas ang posisyon sa kumpanya na pangarap ng karamihan sa lungsod: “Mahusay ang ipinakita mong trabaho rito bilang trainee, at gusto naming gawin kang regular sa trabaho at manatili sa team namin. Ano sa palagay mo?”

Isa ito sa pinakamahirap na desisyon sa buhay ko. Bawat segundo ay parang walang hanggan. Tila naririnig kong tinatanong ako ng mga tao kung pababayaan ko ang nanay ko nang hindi ko siya sinusupportahan ng pera at magpupunta sa misyon.

Gayunman, naalala ko ang mga natutuhan ko sa mga banal na kasulatan at sa mga lider ko sa Simbahan, at

sa napakasagradong paraan, nalaman ko nang walang alinlangan na gusto ng Diyos na maglingkod ako bilang full-time missionary ng Kanyang Simbahan. Alam ko na pangangalagaan Niya ang pamilya ko, na mapagkakatiwalaan ko Siya, at magiging maayos ang lahat.


Ipinaliwanag ko ang sitwasyon sa manager ko, at naririnig ko pa sa aking isipan ang kanyang sagot: “Akala ko pa naman matalino ka, pero heto ka’t pinalalagpas ang pagkakataong ito sa buhay mo.”

Pinasalamatan ko siya mula sa kaibuturan ng puso ko para sa kanyang alok, at makalipas ang 28 na araw ay nagreport na ako sa missionary training center sa São Paulo, Brazil.

Sa misyon ko, ibinigay ng Panginoon ang mga pangangailangan ng pamilya ko sa pamamagitan ng mga kaibigan sa Simbahan at sa mahimalang mga paraan. Bumalik ang kalusugan ng nanay ko at nagkaroon sila ng mga kapatid ko ng mga bagong pagkakataong makapagtrabaho.

Ang “mga di-inaasahang bagay” ay talagang nangyayari kapag ipinasiya natin maglingkod sa Panginoon. Subalit mapagpakumbaba kong idaragdag ang aking patotoo sa mga patotoo ng libu-libong naglingkod sa Diyos na ang paglilingkod bilang missionary ay nagkaroon ng malaking epekto sa buhay ko. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Manaus, Brazil.





ALAMIN PA KUNG ANO ANG MAAASAHAN NINYO SA MISYON

Ang mga kabataan sa Oslo, Norway, ay gumugol ng isang araw sa paghahanda para sa magiging buhay nila bilang full-time missionary.

Nina Cathrine Apelseth-Aanensen

Simula nang ipaalam ni Pangulong Thomas S. Monson ang pagbabago sa edad ng pagmimisyon, sabik na tumugon ang mga kabataan sa buong Simbahan hindi lamang sa paanyayang maglingkod kundi maging sa paanyaya na *maghandang* maglingkod. At ang isang paraan para makapaghanda ay ang alamin ang iba pang maaasahan kapag naging full-time missionary kayo.

Iyon mismo ang ginawa ng ilang kabataan sa Norway sa maghaponng “Buhay-Misyonero” na pinangasiwaan ng Fredrikstad Ward ng Oslo Norway Stake.

Pagpasok sa “MTC”

Nagtipon ang mga kabataan sa isang silid sa meetinghouse na nagsilbing missionary training center. “Binigyan kami ng assignment na pag-aralan ang isang bansa,” sabi ni Jakob R. ng Moss Ward. “Ipinaranas sa amin nito kung ano ang pakiramdam ng makatanggap ng mission call at malaman na mata-tawag ka sa isang lugar na kaiba sa nakasanayan mo.”

Pakikipagkita sa “Mission President”

“Pagkatapos ay nagpunta kami sa kasunod na pinto para makilala ang isang returned missionary na gumaganap sa papel na mission president,” sabi ni Simon W. ng Oslo Ward. Naglalita ang returned missionary at ang iba pang mga returned missionary tungkol sa mga maaasahan habang nasa misyon. “Naisip ko na talagang magandang malaman mula sa mga returned missionary ang maaasahan habang nasa full-time mission,” sabi ni Simon. Ang mga nakibahagi ay nakatanggap din ng name badge, binigyan ng companion, at pinagbilinan na manatiling kasama ang kanilang companion sa lahat ng oras.

Pagkakaroon ng mga Kasanayan

Itinuro sa mga workshop ng mga kabataan kung paano maging espirituwal pati na ang pamamahala sa mga





ANG PINAKAMAHALAGANG PAGHAHANDA

“Ang pinakamahalagang bagay na magagawa ninyo para makapag-handa sa tawag na maglingkod ay ang *maging* missionary bago pa man kayo magpunta sa misyon.”

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pagiging Misyonero,” *Liahona*, Nob. 2005, 45.

temporal na pangangailangan tulad ng paglalaba, pagsunod sa badyet, at pananatiling malusog at malakas.

“Natuwa ako sa mga natutuhan ko sa workshop lalo na tungkol sa kung paano sisimulang pag-usapan ang ebanghelyo,” sabi ni Inger Sofie J. ng Oslo Ward. “Isang bagay iyan na masisimulan kong gawin ngayon mismo.”

“Natuwa akong talakayin kung pano gamitin ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*,” sabi ni Karl Frederik O. ng Fredrikstad Ward. “Alam ko na noon pa man na may sariling listahan ng mga talata sa banal na kasulatan na pag-aaralan ang mga missionary, pero nalaman ko na ang mga ginagawa ko pala sa seminary ay tutulong sa akin bilang missionary gayon din ang pinag-aaralan ko sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.”

Maraming kabataang lalaki ang nagsabing isa sa mga workshop na hindi nila malilimutan ay ang mismong pagpapalantsa nila ng puting polo. “Ipinaalala nito sa akin na maraming praktikal na gawain ang maaari kong matutuhan para maging handa sa full-time mission,” sabi ni Jakob.

“Natutuhan ko na napakarami kong maaari nang gawin ngayon kasama ang mga full-time missionary na naglilingkod dito para maging bahagi kaming lahat ng iisang team,” sabi ni Sara R. ng Sandvika Ward. “Ang mga

miyembro ay mga missionary din.”

Bilang paalala na naglilingkod sa iba’t ibang panig ng mundo ang mga missionary, naghain sila ng mga luto sa iba’t ibang bansa. “Ipinaalala niyan sa akin na dapat kong tikman ang mga bagong pagkain ngayon para masanay na akong kumain ng mga lutong hindi ko laging kinakain. Tutulungan ako niyan na makibagay kaagad kung matatawag ako sa isang lugar kung saan kumakain sila ng mga pagkaing hindi ko nakasanayang kainin,” sabi ni Simon.

Paghahanda

“Sa pagtatapos ng araw, matapos naming marinig ang mga patotoo ng dalawa sa mga kabataan at dalawang bagong returned missionary, kinanta namin ang himnong “Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod,”” sabi ni Liss Andrea O. ng Fredrikstad Ward. “Nadama ko na kung lagi kong kakanahin ang himnong ito, lagi kong maaalala na kapag tayo ay mga missionary, pinaglilingkuran natin ang Ama sa Langit at pagpapalain Niya tayo.”

Sa pagtatapos ng araw, naunawaan ng mga kabataan sa stake na hindi lamang sila naghahanda para maging full-time missionary kundi maaari silang maging mga missionary ngayon mismo at habambuhay. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Oslo, Norway.

ANO ANG BUHAY-MISYONERO?

Tuklasin ang iba pang impormasyon tungkol sa paghahandang maglingkod sa misyon sa mga video, iba pang mapagkukunang mga materyal, at mga sagot sa mga madalas itanong sa youth.lds.org (mag-klik sa “Missionary Preparation”).



NAGLILINGKOD Ngayon para MAGLILINGKOD Kalaunan

Ni Miche Barbosa

Batay sa tunay na buhay

“Maglingkod [na]ng Buong Puso sa Panginoon” (1 Samuel 12:20).

“**U**nahan kitang makarating sa simbahan!” sabi ni Mórmon, habang nakaturo sa tore ng simbahan na nakikita sa ibabaw ng mga puno ng palma. Pagkatapos ay tumakbo siya nang

mabilis para maunahan ang nakabatang kapatid na si Morian.

Mga isang milya na ang nalakad ng mga batang ito at ng kanilang mga magulang mula sa bahay nila, pero nag-unahan pa rin sina



Mórmon at Morian pagdating nila sa tarangkahang bakal sa labas ng kanilang ward meetinghouse. Tumigil sila para magpahinga sandali.

Bago nila napagdesisyunan kung sino ang nanalo, tinawag sila ng isang batang lalaki, “Gusto ba nin-yong maglaro ng *futebol*?”

Gustung-gusto ni Mórmon ng *futebol*, pero lilinisin pa nila ng pamilya niya ang gusali ng ward para handa na ito para sa simba kinabukasan.

Umiling si Mórmon. “Hindi pwede ngayon—siguro mamaya na lang!” sagot niya.

Di-nagtagal masipag nang nag-tatrabaho sina Mórmon at Morian. Inilipat ni Mórmon at ng tatay niya ang mga silya at winalis nila ang sahig habang naglalampaso naman ng sahig si Morian at ang nanay niya.

Maya-maya ay magkasamang nilinis ng magkapatid ang mga salamin sa banyo. “Dati ayokong maglinis ng simbahan, pero ang saya pala,” sabi ni Morian. “Eh, ikaw, Mórmon? Iyon din ba ang dahilan





kaya sumama ka sa halip na maglaro ng *futebol*?”

Naisip ni Mórmon ang tatay niya. Siya ang bishop ng ward nila, pero tumutulong pa rin siya sa paglilinis ng meetinghouse.

“Narito ako dahil gusto kong tularan si Itay,” sabi ni Mórmon.

Pagkatapos ay naisip niya ang mga missionary sa kanyang ward. Abala sila sa pagkatok sa mga pintuan at pagbabahagi ng Aklat ni Mormon sa iba. Aanyayahan nila ang mga tao na magsimba sa gusaling nililinis ng mga batang ito.

“Narito ako kasi balang-araw ay gusto ko ring magmisyon,” naisip ni Mórmon. “Matutulungan ko ang mga missionary kapag inihanda ko ang simbahan.”

Naisip ni Mórmon ang bukas, na gigising silang magkapatid nang alas-6:00 n.u., maglalakad papunta sa simbahan suot ang kanilang puting polo at kurbata, at maghahanda ng mga upuan at himnaryo sa silid ng Primary.

“Narito ako kasi gusto kong

gawin ang tungkulin ko sa Simbahan,” naisip niya.

Naisip ni Mórmon na malapit na siyang maging deacon. Magpapasa siya ng sakramento at gagawa ng marami pang ibang bagay para makapaglingkod.

“Narito ako kasi sa susunod na taon ay tatanggap ako ng priesthood, at gusto kong gawin ang lahat ng magagawa ko ngayon para makapaghanda.”

May nagawa na si Mórmon

upang makapaghanda para sa priesthood: natanggap na niya ang kanyang Faith in God Award. Natututuhan na niyang ipamuhay ang ebanghelyo at maglingkod sa iba.

Sa huli ay tiningnan niya ang repleksyon ng kanyang kapatid sa salamin at gumiti.

“Narito ako kasi mahal ko ang Panginoon,” sabi niya, “at dahil ang paglilingkod ko ngayon ay ihahanda akong maglingkod kalaunan.” ■

Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAGHAHANDA PARA SA PRIESTHOOD



Mga tip mula kay David L. Beck, Young Men general president:

- Anyayahan ang Espiritu sa buhay mo at piliin ang mga kaibigan na tutulong sa iyo na piliin ang tama. Ipamuhay ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.
- Alamin ang magiging mga tungkulin mo bilang deacon. Magbasa tungkol sa priesthood sa *Pagtupad ng Aking Tungkulin sa*

Diyos at Tapat sa Pananampalataya. Dumalo sa Priesthood Preview sa iyong ward o branch.

- Maghandang makapunta sa templo para magpabinyag para sa mga patay.
- Maging abala sa masasayang aktibidad at debosyonal kasama ang ibang kabataan.
- Dapat mong malaman na nagtitiwala sa iyo ang Ama sa Langit at umaasa Siya sa iyo. Tuklasin kung gaano karami ang magagawa mo sa tulong Niya!

Naghahanda si **MATHILDE** para sa Young Women

Ni Jenn Wilks, Utah, USA

Sabik nang makalipat kaagad si Mathilde sa Young Women, pero hindi siya sigurado kung ano ang aasahan. Kaya kinausap niya ang kanyang lola. Ang lola niya ay si Sister Bonnie Oscarson, ang Young Women general president. May magandang payo siyang ibinigay!

Itanong sa nanay o lola mo o sa isa sa kababaihan sa inyong ward kung ano ang naaalala nila tungkol sa Young Women. Maaari kang makatuklas ng nakatutuwang mga bagay.

NAKATUTUWANG KATOTOHANAN


Ang tawag ni Mathilde sa lola niya ay "Mo," na maikling salita para sa *moder*, ang salitang Swedish para sa ina.

Noon . . .




Noong nasa Young Women pa si Sister Oscarson, tumanggap siya ng mga badge sa pagkumpleto ng iba't ibang gawain. Itinahi niya ang mga ito sa isang espesyal na telang paha, kasama ang bulaklak na kumakatawan sa katapatan.






MGA TIP NI SISTER OSCARSON SA PAGHAHANDA!

- Makipag-ugnayan sa iyong Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagdarasal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.
- Alamin ang tungkol sa programang Pansariling Pag-unlad.
- Basahin ang mga banal na kasulatan, *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, at ang *Liahona*.
- Simulang pag-aralan ang tema ng Young Women. Paulit-ulit mo itong bibigkasin linggu-linggo kasama ang lahat ng kabataang babae.




... at Ngayon



Ang kuwintas na ito ay magpapaalala sa iyo na maging halimbawa sa iba at manindigan sa katotohanan at kabutihan.

Tatanggap ka rin ng mga laso kapag nakumpleto mo ang mga karanasan at proyekto sa Pansariling Pag-unlad.

Pagkatapos ay tatanggapin mo ang Young Women medallion.



NEW BEGINNINGS

Dumalo si Mathilde sa isang espesyal na aktibidad na tinatawag na New Beginnings. Tinuruan sila ng nakatutuwang lesson at nalaman ang tungkol sa Pansariling Pag-unlad.

Kinukumpleto rin ni Mathilde ang kanyang Faith in God Award at isinasa-ulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya.

SABIK NA SI MATHILDE NA ...

- Makadalo sa mga aktibidad bawat linggo
- Makilala ang ibang mga dalagita sa Young Women.
- Magpunta sa Young Women camp.

ISANG ESPESYAL NA ALAALA

Si Mathilde at ang kanyang mga pinsan ay nasa Conference Center noong Abril 6, 2013. Pero hindi nila alam kung bakit sila inimbitang lahat ng lola nila sa pangkalahatang kumpanya. Nagulat at natuwa sila nang sang-ayunan ito bilang pangulo ng organisasyon ng Young Women!

MGA BORDER NA GAWA NG AMILOSLAVA/ISTOCK/THINKSTOCK

Oras na Natin

May tapang ♩. = 58-68

Mga titik ni Jan Pinborough
Himig ni Janice Kapp Perry

Mga Babae

1. Si Es-ther ng Bi - bli - a, _____ a-king tu - tu - la - ran, _____ I -
2. Si A-bish ay nag - ling - kod, _____ sa li - wa - nag ng Diyos. _____ Ka -

Mga Lalaki

pag - ta - tang - gol nang may ka - ta - pa - ngan pla - no ng a - ting A - ma. _____ Si
to - to - ha nan ay i - pa - pa - ba - tid. Sa - Diyos ay ma - na - na - lig. _____ Si

Ne - phi tu - tu - la - ran, _____ kap - wa'y tu - tu - lu - ngan, _____ Pa -
Mo - ro - ni kay - ta - pang, _____ s'ya ay na - nin - di - gan. _____ Tu -

Koro
Babae at Lalaki

nga - nga - la - ga - an at i - ga - ga - lang pla - no ng a - ting A - ma. _____
lad n'ya si - si - ka - ping ma - ging ta - pat. Ban - di - la'y i - a - a - ngat. _____ O - ras

na na - tin, ta - yo'y mag - han - da. Men - sa - he ng Diyos. I - ba - ha - gi na.

© 2013 nina Jan Pinborough at Janice Kapp Perry. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

NATATANGING SAKSI



**Ni Elder
Quentin L. Cook**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

*Ang mga miyembro
ng Korum ng Labin-
dalawang Apostol
ay mga natatanging
saksi ni Jesucristo.*

Paano ako makatutulong sa gawain sa family history?

*Iminungkahi ni
Elder Cook na magkaroon ng
Family Tree gathering. Narito
ang paraan!*

Magpadala sa bawat miyembro ng inyong pamilya ng mga kasaysayan, kuwento, at retrato tungkol sa pamilya. Magsama ng mga espesyal na bagay na pag-aari ng inyong mga lolo't lola at mga magulang.

Nakatutuwang malaman ang buhay ng mga miyembro ng pamilya—kung saan sila nanggaling at kung paano sila namuhay.

Alamin ang mga ordenansa sa templo na kailangan pang gawin at mag-atas ng mga gagawa nito sa templo.

Tumulong sa pag-scan at pag-upload ng mga kuwento at retratong ito sa Family Tree sa FamilySearch.org.

Mula sa "Mga Ugat at mga Sanga, Liahona, Mayo 2014, 47.

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya kong patatagin ang aking
pamilya sa pamamagitan ng

Kaya Mo!



Dekorasyon ang isang malinis at walang lamang lata ng ganitong label (sa kanan) at ng ilang retrato o drawing. Sulatan ang mga word strip ng mga ideya kung paano ninyo mapapatatag ang inyong pamilya. Gupitin ang mga word strip at ipasok sa lata. Bawat araw pumili ng isang word strip mula sa lata at gawin ang sinasabi rito. Kapag sinikap ninyong ipamuhay ang inyong mga ideya, makagagawa kayo ng kaibhan sa inyong pamilya!

KAYA KO!



Ako si Bárbara na mula sa Chile

Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt

Nakatira si Bárbara sa Chile, isang bansa sa kanluraning baybayin ng South America. Ito ay mahaba at makitid at korteng laso. Ang ilang lugar ay mainit at tuyo (tulad ng Atacama Desert), at ang ilan ay maa-linsangan at basa (tulad ng Easter Island). Nakatira siya sa kabisera ng Chile, ang Santiago. ■

Ang autor ay naninirahan sa Utah, USA.



Ako lang ang miyembro ng Simbahan sa klase ko sa paaralan. Binibigyan ako nito ng pagkakata-ong magkuwento sa mga kaibigan ko tungkol kay Jesucristo at sa Aklat ni Mormon. Minsan hiniling sa akin ng matalik kong kaibigan na turuan ko siyang magdasal. Ginawa ko nga iyon. Pagkatapos ay pareho kaming nagdasal nang magtanghalian kami sa paaralan.



Ako ay siyam na taong gulang at may dalawang nakababatang kapatid na lalaki. Sinisikap kong maging mabait na ate at tumutulong sa pag-aalaga sa kanila at nakikipaglaro sa kanila. Mahilig akong mag-alaga ng mga bata. Gusto kong maging guro paglaki ko.

Noong 2013 nagwalong taong gulang ako at bininyagan at kinumpirma ng tatay ko. Tuwang-tuwa ako! Hindi ko ma-lilimutan ang espesyal na karana-sang iyon.



*¡Hola,
amigos!**

** "Hello, mga kaibigan!"
sa wikang Espanyol*


Ipinagdiriwang namin ang masasayang pista-opisyal sa Chile. Ika-18 ng Setyembre ang Independence Day, at ika-19 naman ang Armed Forces Day. Sa dalawang araw na ito, sinasayaw namin ang aming pambansang sayaw na tinatawag na "La Cueca" at kumakain ng masasarap na pagkain na tinawag na empanadas.



Tuwing katapusan ng linggo, gustung-gusto ng pamilya ko na mag-hiking at magmaneho ng four-wheeler sa kabundukan malapit sa bahay namin. Mahilig din kaming pumunta sa beach.



May espesyal na pagkain kami tuwing Pasko—kamatis na pinalamanan ng tuna. Sa Chile, dumarating si Santa Claus nang eksaktong hatinggabi sa Bisperas ng Pasko. Hindi kami natutulog hangga't hindi siya dumarating!



TEMPLO'Y IBIG MAKITA

Ang Santiago Chile Temple ang unang templong itinayo sa isang bansang Espanyol ang salita. Inilaan ito noong Setyembre 15, 1983. Lyon ang pangalawang templong itinayo sa South America.



HANDA NANG UMALIS!

Ang bag ni Bárbara ay punung-puno ng ilan sa mga paborito niyang bagay. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?



ANG ATING PAHINA




Isang araw, bago ako nabinyagan, nasa bahay ako ng lola ko nang magpunta siya sa silong para kunin ang isang bagay. Natisod siya at natumba at hindi na makatayo. Tinawag niya ako, pero nanonood ako ng TV at hindi ko siya narinig. Pagkaraan ng mga 10 minuto, narinig ko nang mahina ang pangalan ko, "Tom!" Hinanap ko siya at nakita ko siyang nakahiga sa sahig. Hindi ko siya kayang itayo, kaya tumakbo ako sa kapitbahay. Pumunta siya sa amin at tinulungang tumayo si Lola.

Sabi ni Lola, "Tom, ang Espiritu Santo ang narinig mo. Napakalayo ko sa iyo para marinig mo ako."

Alam ko na ang Espiritu Santo ang bumulong sa akin. Ngayon ay nabinyagan na ako, at natutuwa akong magkaroon ng kaloob na Espiritu Santo.

Tom R., edad 8, Germany



Liu C., edad 7, Ecuador



Natalia A., edad 10, Colombia

Gustong tumulong ni Olivia I., edad 8, mula sa Romania, sa kanyang ina sa paglilinis ng bahay. Ang kanyang ina ang nagtuturo sa kanya at sa 13 pang kaibigan niya, at kapag nagpapahinga sila ay gusto niyang magkunwaring siya ang guro. Gusto niyang magbiyahe kasama ang kanyang mga magulang at makasama ang kanyang lolo't lola. Nang binyagan siya pakiramdam niya ay napakalapit niya sa Ama sa Langit, at nagpapasalamat siya na maaaring mapasakanya ang Espiritu Santo para tulungan siyang gumawa ng mga desisyon. Ang paborito niyang awitin sa Primary ay "Propeta'y Sundin" (Aklat ng mga Awit Pambata, 58).



Gusto ni Thierry M., edad 7, mula sa Brazil, na dumalo sa Primary at kumanta ng mga himno. Alam niya na ang templo ay bahay ng Panginoon.



Maari mong isumite ang iyong drawing, retrato, o karanasan online sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng email sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang "Our Page" sa subject line, o sa pamamagitan ng koreo sa:

Liahona, Our Page
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Kailangang isama sa bawat isusumite ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (3 hanggang 11 taong gulang) pati na ang pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at nakasulat na pahintulot ng magulang na gamitin ang retrato at isinumite ng bata (tinatanggap ang e-mail). Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.



Ni Elder Adrián Ochoa
Ng Pitumpu

Tumingala



“Datapuwa’t mangagpuyat kayo sa bawa’t panahon, na mangagsidaing” (Lucas 21:36).

Noong walong taong gulang ako, kami ng dalawang pinsan ko ay pinapunta sa kalapit na bayan para mamili ng groseri. Kapag naaalala ko ito, labis akong nagtataka sa napakalaking tiwala ng lola at tita at tito ko sa amin. Maliwanag at maaliwalas ang kalangitan sa umaga nang umalis kami sakay ng aming maliit na caravan na may tatlong kabayo.

Sa gitna ng parang, naisip namin na magandang ideya na bumaba kami sa caravan at maglaro ng hollen. Nawili kami sa paglalaro kaya hindi kami tumingala para makita na natakpan na ng maiitim na ulap ang kalangitan. Nang matanto namin na may bagyong darating, ni wala na

kaming oras para sumakay sa aming mga kabayo. Hinagupit kami ng malakas na ulan at maliliit na yelo kaya’t wala kaming ibang naisip kundi ang alisin ang siya [saddle] sa mga kabayo at gamiting panangga ang mga saddle blanket o sapin sa kabayo. Pagkatapos ay nagtakbuhan ang aming mga kabayo.

Walang kabayo, basa, at giniginaw, nagsimula kaming maglakad nang mabilis hangga’t kaya namin patungo sa kalapit na bayan. Hatinggabi na nang makakita kami ng bahay at kumatok kami sa pintuan. Binigyan kami ng malinis na damit ng mabait na pamilyang iyon, pinakain ng masarap na bean burritos, at pinahiga sa kama sa isang silid na lupa ang sahig.

Kinaumagahan nagising kami ng mga pinsan ko sa masikat na

araw at maaliwalas na kalangitan. Kumatok sa pintuan ang isang lalaking naghahanap sa tatlong nawawalang bata. Hinding-hindi ko malilimutan ang nakita namin sa daan pauwi—ang napakaraming tao na naghanap sa amin buong magdamag. Sa unahan nilang lahat ay naroon ang mapagmahal kong lola at aking tiyo at tiya. Niyakap nila kami at napaiyak sila, tuwang-tuwang natagpuan na nila ang nawawala nilang mga anak.

Inaalala tayo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit. Sabik Siyang naghihintay sa ating pag-uwi. May mga palatandaan ng namumuong unos sa paligid natin. Tumingala tayo at ihanda natin ang ating sarili sa pamamagitan ng malakas na patotoo araw-araw. ■

Isang Team ng Pamilya



Mas madaling manalo kapag nagtutulungan ang lahat.

Ni Sheralee Hardy

Batay sa tunay na buhay

“Kung tayo’y tumutulong, masaya”
(Aklat ng mga Awit Pambata, 108).

Bumuntong-hininga si Ammon nang lisanin nila ni Itay ang football game. “Nagtataka ako,” sabi niya. “Ang dami nating magagaling na manlalaro. Bakit hindi tayo makapuntos?”

Mahusay na manlalaro ng football si Itay. Baka may maitulong siya.

“Palagay ko kailangan ninyong matutong

kumilos bilang isang team,” sabi ni Itay.

“Gusto ninyong lahat na makapuntos, hindi ba?”

“Opo,” sabi ni Ammon.

“Pero hindi puwedeng makapuntos tayong lahat. Iyan po ba ang ibig ninyong sabihin?”

Tumango si Itay.

“Hindi ka makakapuntos mag-isa. Una ay kailangang makuha ng defender ang bola mula sa kabilang team, tama?”

Tumawa si Ammon.

“Mahirap pong makapuntos kung

wala sa iyo ang bola.”

“Tama,” sabi ni Itay.

“Kung gayon ibinibigay ito ng defender sa tao na kayang makapuntos. Walang makakagawa nitong mag-isa.”

“Siguro nga po,” sabi ni Ammon.

Pagdating nila sa bahay, karga ni Inay ang sanggol habang nagluluto siya ng hapunan. “Kumusta ang laro?” tanong niya.

“Talo po kami ulit,” sabi ni Ammon. “Pero gagalingan namin



sa susunod.”

“Ganyan nga,” sabi ni Inay.

“Gutom na gutom na ako!” sigaw ni Miguel nang magtakbuhan sila nina Samuel at Lucas papasok.

“Mga bata, puwede bang pakihanda na ninyo ang mesa at pakitabi ang mga laruan?” utos ni Inay.

Nagmaktol ang apat na bata.

“Hindi naman po ako ang naglaro ng mga laruan,” sabi ni Samuel.

“Ang tagal pong ligpitin niyan!” pagdaing ni Miguel.

Natawa si Itay. “Palagay ko pareho ang problema ng pamilya natin at ng team ni Ammon.”

“Ano po iyon?” tanong ni Samuel.

“Hindi tayo nagtutulungan,” sabi ni Ammon. “Gusto nating lahat na makakain. Pero hinahayaan natin ang lahat kay Inay.”

“Tama!” sabi ni Itay. “Paano tayo makakakilos bilang isang team?”

May naisip si Ammon.

“Kami kaya ni Samuel ang maghanda ng mesa? Ang iba naman ang dadampot ng mga laruan.”

“Magandang ideya!” sabi ni Itay.

Hindi nagtagal at handa na ang hapunan. Humalukipkip si Ammon para manalangin. Masaya siya na nagtulungan ang kanyang pamilya bilang isang team. Inasam niyang magawa rin ito ng football team niya. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Alberta, Canada.



**Ni Elder
M. Russell Ballard**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

MGA PANLILINLANG

Ang taglagas ay isang kapana-panabik na panahon para sa mga mangingisdang gumagamit ng insekto bilang patibong dahil sa panahong ito dumadagsa ang mga isdang tabang upang busugin at palakasin ang kani- lang katawan laban sa kakapusan ng pagkain sa taglamig.

Minimithi ng ganitong mangingisda na makahuli ng isdang tabang sa pamamagitan ng mahusay na pan- lilinlang. Pinag-aaralan ng bihasang mangingisda ang pag-uugali ng isdang tabang, panahon, agos ng tubig, at mga uri ng insektong kinakain ng isdang tabang at kung kailan napipisa ang mga itlog ng mga insektong iyon. Madalas niyang kamayin ang paggawa ng mga patibong na ginagamit niya. Alam niya na ang mga artipisyal na insektong ito na nakakabit sa maliliit na kawit ay kailangang maging per- pektong panlinlang dahil mahahalata ng isdang tabang kahit ang pinakama- liit na depekto at hindi kakagatin ang insekto.

Nakatutuwang masdan ang pagta- lon ng isdang tabang sa tubig, pagka- gat sa insekto, at paglaban hanggang sa mapagod ito at tuluyang mabing- wit. Ang laban ay ang tagisan ng kaa- laman at kasanayan ng mangingisda at ng magilas na isdang tabang.

Ang paggamit ng mga artipisyal na patibong para manlinlang at manghuli ng isda ay halimbawa ng



kadalasang paraan ng panunukso, panlilinlang, at pagtatangka ni Lucifer na hulihin tayo.

Tulad ng mangingisdang nakaka- alam na ang mga isdang tabang ay itinutulak ng gutom, alam ni Lucifer ang ating “pagkagutom,” o mga kahinaan, at tinutukso tayo sa mapanlinlang na mga patibong na kung kakagatin natin ay ga- gambalain ang matiwasay nating buhay tungo sa walang-awa niyang impluwensya. At hindi tulad ng ma- ngingisdang [gumagamit ng artipisyal na insekto na] hinuhuli at pinawawa- lan din ang isda pabalik sa tubig nang hindi ito sinasaktan, hindi tayo kusang pawawalan ni Lucifer. Minimithi ni- yang gawing kaaba-aba ang kanyang mga biktima tulad niya.

Isa sa mga pangunahing pamama- raang ginagamit niya laban sa atin ay ang kakayahan niyang magsinunga- ling at manlinlang upang kumbinsihin tayo na ang masama ay mabuti at


ang mabuti ay masama. Sa simula pa lamang sa malaking Kapulungan sa Langit, si Satanas ay “naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya” (Moises 4:3).

Ang labanan para sa kalayaang bigay ng Diyos sa tao ay patuloy pa rin ngayon. Si Satanas at ang kanyang mga kampon ay may mga patibong sa buong paligid natin, umaasang manghihina tayo at kaka- gat sa kanyang mga patibong upang mahuli niya tayo sa kanyang tusong pamamaraan.

Mga kapatid, nawa’y maging maingat tayo sa mga artipisyal na patibong na ipinapain sa atin ng mapanlinlang na mamamalakaya ng tao, si Lucifer. Nawa’y magkaroon tayo ng talino at espirituwal na kabatiran upang mahiwatigan at matanggihan ang kanyang maraming mapanganib na alok.

At sa inyo na nabiktima na ng anumang uri ng adiksiyon, may pag-asa dahil mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak at dahil ang Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo ay gagawing posible ang lahat ng bagay. ■

Mula sa “O Yaong Tusong Plano Niyang Masama, Liahona, Nob. 2010, 108–110.



MGA KABATIRAN




Ako ba ay isang pioneer ngayon?

“Bagama’t pinarangalan natin ang mga pioneer na naglakad patawid sa kapatagan papunta sa lambak ng Salt Lake, mas marami pang pioneer na [nabubuhay] ngayon. Hindi sila nagtutulak ng mga kariton, ngunit magkatulad sila sa maraming paraan: Narinig nila ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon at sa kanilang mga panalangin. May pananampalataya at pagsisisi lumusong sila sa mga tubig ng binyag at lubusang tinanggap ang ebanghelyo at namuhay ayon dito. Bilang mga disipulo ni Cristo, handa silang magsakripisyo para sa tama at totoo. At sa kaloob na Espiritu Santo, matapat nilang sinusunod ang landas tungo sa buhay na walang hanggan.”

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Lumapit sa Kanya,” *Liahona*, Mayo 2009, 80.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT



p. 44

Paninindigan SA Ating Pinaniniwalaan

Ibinahagi ng limang young adult kung paano nila ipinagtanggol ang kanilang pananampalata sa harap ng oposisyon.

PARA SA MGA KABATAAN

Paano Magtanong ng mga Bagay na Mahalaga

Ang mga tanong ay maaaring magamit nang epektibo sa pagtuturo—kung itatanong ninyo sa tamang paraan. Ipapakita sa inyo ng artikulong ito kung paano.



p. 54

PARA SA MGA BATA



p. 68

Welcome sa Young Women

Si Sister Bonnie L. Oscarson at ang kanyang apong si Mathilde ay nagbahagi ng ilang bagay na maaari ninyong asahan sa Young Women.



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW